

# **Linguwistikong Etnograpiya ng Kankanaey**

Lingguwistikong Etnograpiya ng Kankanaey

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Kankanaey.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito: Jimmy B. Fong, PhD

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino  
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,  
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005  
Tel. (02) 899-606-70  
email: [komisjonsawika@gmail.com](mailto:komisjonsawika@gmail.com)

## PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatayang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatayang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangigingabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO<sup>1</sup> ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.<sup>2</sup> Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat

---

<sup>1</sup> UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

<sup>2</sup> Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

### **Sangay ng Salita at Gramatika**

## INTRODUKSIYON

### **Pagpapakilala sa Paksa: Ang Wikang Kankanáëy**

Ang karamihan sa mga nagsasalita ng Kankanáëy ay nakatira sa hilagang bahagi ng probinsiya ng Benguet at sa kanlurang bahagi ng Mountain Province. Sa bilang ng Philippine Statistics Authority noong 2000, 141,434 na tao ang nagsabi sa lalawigan ng Benguet na ang kanilang etnisidad ay “Kankanaey/Kankaney/ Kankanai,” at 72,694 naman sa Mountain Province.

May 2,947 sa Mountain Province na nagsabi na sila ay “Applai,” na ang kanilang wika rin ay Kankanáëy dahil hindi naman nila sinasabing “Applai” din ang kanilang salita. Ang mga nasa bayan ng Sagada at Besao sa Mountain Province ang karamihang nagsasabing sila ay “Applai.” Hinahati ng mga taga-Mountain Province ang kanilang mga bayan sa dalawa: “western” Mt. Province at “eastern” Mountain Province. Tinatawag umano ng mga nakatira sa silangang (eastern) bahagi ng Mt. Province ang mga taga kanluran na “i-appay.” Maaaring dito nagmula ang katawagang “Applai.”

Sa Lungsod Baguio noong 2010, 19,903 ang nagsabing ang kanilang etnisidad ay “Applai,” at 36,854 ang nagsabing sila ay Kankanáëy na malamang ay galing sa Benguet at Mountain Province.

Sa ibang mga literatura, nahahati ang mga Kankanaëy sa dalawa, ang mga Hilagang Kankanáëy at ang mga Timog Kankanáëy. Sa Mountain Province, itinuturing ang mga nakatira sa mga bayan ng Sagada at Besao na mga Hilagang Kankanáëy, at ang mga nasa bayan ng Bauko, Sabangan, at Tadian ay kasama sa mga Timog Kankanáëy. Kasama ang mga Kankanáëy sa hilagang Benguet sa mga Timog Kankanáëy. Ang mga bayan sa Benguet na kinikilalang lugar ng mga Kankanáëy ay Bakun, Buguias, Mankayan, Kibungan, at ilang bahagi ng Kapangan at Atok. Sa mapa, magkakarating ang mga bayan na ito. Maituturing na ang dalawang ito ay mga dayalekto ng wikang Kankanáëy.

Sa pangkalahatan, ang wikang Hilagang Kankanáëy ay may mas maraming salitang Ilocano bunsod ng kasaysayan ng pakikihalubilo sa mga Ilocano, maliban sa magkatabi ang dalwang rehiyon. Ang Timog Kankanáëy naman ay katabi at nakikipag-ugnayan sa mga Ibaloy kaya may mga bokabularyong magkatulad.

Kilala ang mga Kankanáëy bilang mga masisipag na magsasaka. Sila ang karamihang nagtatanim ng mga gulay. Natutuhan nila kung paano magtanim ng mga gulay sa mga matataas na tuktok ng mga bundok. Marami din sa kanila ay mga minero, negosyante, mga propesyunal, at mga pinuno sa gobyerno at iba pang larang. Pinapangalagahan din nila ang kapayapaan at ang hindi paggawa at pag-iisip ng masama sa ibang tao.

Sila ay kilalang mga manghahabi. Gawa nila mismo ang kanilang mga katutubong kasuotan at mga kumot. Sa kanila galing ang mga sikat at mas maraming hinabing produkto ng Cordillera.

Magagaling din silang tumugtog ng mga **gangsá** at sumayaw ng kanilang mga katutubong sayaw. Handa at natutuwa nilang ipinapakita ito sa ibang tao.

Ang kanilang wika ay sinasalita sa mga bahay at komunidad araw-araw, at sa mga ritwal. Ginagamit din ito sa produksiyon ng mga kanta at video na matutunghayan sa internet.

Ang dalawang mananaliksik dito ay may dugong Kankanaey. Ang isa ay tubong Mountain Province at ang pangalawa ay sa Benguet. Ang pangatlong mananaliksik ay tubong Bontoc, Mt. Province na may tuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan sa mga Kankanaëy. Ang tatlo ay mga guro ng wika at komunikasyon kaya may halaga at kaugnayan ang saliksik sa kanilang mga trabaho.

## **Rebyu ng Kaugnay na Literatura**

Marami na rin ang naisulat tungkol sa mga Kankanaëy na halos lahat ay nakasulat sa Ingles. Pinapangalawahan ng saliksik na ito ang mga nauna nang kaalaman tungkol sa mga Kankanaëy at dinadala ang mga ito sa kasalukuyang panahon ng pambansang wikang Filipino. Pinasok din ng saliksik na ito ang iba-ibang bayan ng mga Kankanaëy na sana ay kakitaan ng iba't ibang paraan ng pakiki-angkop ng mga Kankanaëy batay sa heograpiya, kasaysayan, at kasalukuyang kondisyon ng kanilang mga bayan at komunidad.

Ayon kay Bagamaspad at Hamada-Pawid (1985), makikita sa mga mito na mula ang mga ninuno ng mga Kankanaëy kay Lumáwig, isang diyos at bayani, at ang kanyang asawang si Bángan, na nakatira sa Bundok Kalawítan. Mula sa bundok na ito, humayo ang mga ninuno sa nakapalibot na lugar tulad ng Bontoc, Benguet at Ifugao. Ang kuwentong pinagmulang ito ay inaangkin din ng mga Kankanaëy sa Besáo, Sagáda, Sabárgan, Baúko, at Tadián. Sabi nina Bagamaspad at Hamada-Pawid, dito sa kuwento ng pinagmulan nagkakaiba ang mga Kankanaëy at Ibalóy.

Ayon pa kay Bagamaspad at Hamada-Pawid, si Moss (1920) ang tumukoy sa dalawang grupo ng Kankanaëy: ang mga Kankanaëy Igorot sa hilagang Benguet at halos lahat ng mga taong nakatira sa may Amburayan at timog Lepanto; at pangalawa ang mga nakatira sa hilagang Lepanto.

Sa etnograpiya ng Cordillera Schools Group (2003), hinati ang mga Kankanaëy sa “Southern Kankana-ey” at “Northern Kankana-ey.” Ayon pa sa etnograpiyang ito, nakatira ang mga “Southern Kankana-ey” sa Tadian, Bauko, at Sabangan sa Mountain Province, at sa Bakun, Kibungan at Mankayan sa Benguet. Ang mga “Northern Kankana-ey” naman ay nakatira sa Sagada at Besao sa Mountain Province at iba pang dumayo sa ibang lugar.

Sa etnograpiya ng Cordillera Schools Group, ang mga hilagang Kankanaëy ay may sistema ng pagkakamag-anak at katayuan sa pamayanan. Mayroon din silang mga paniniwala at gawi hinggil sa pagbubutis, panganganak, pagkabata, pagsusuyo at pag-aasawa, kamatayan at paglilibing. Ilinahad din ang mga kagamitan na may kaugnayan sa bahay, damit, pagluluto, paghahanda at pagtatago ng pagkain, pakikipaglaban, pagsasaka, pagsasaya, at pagsasayaw. Binanggit din ang mga gawain kaugnay ng pagsasaka at iba pang panghahanapbuhay. Kasama rin sa etnograpiya ang buhay politikal at espirituwal ng pamayanan.

Isang kabanata sa *Ethnography of the Major Ethnolinguistic Groups in the Cordillera* ay pumapaksa sa grupo ng mga Kankanaëy na nagmumula sa kanlurang bahagi ng Mountain Province at siyang binansagang mga *Northern Kankana-ey* upang maibukod mula sa mga Kankanaëy sa timog na bahagi ng probinsya. Tinatalakay ng kabanata ang heograpiya at klima ng kanilang lugar, ang kanilang mga paniniwala't relihiyon, ang kanilang mga tradisyon at pamumuhay, ang materyal na kultura, ang kanilang sosyo-kultural na palitan sa mga dayuhan, at mga pagbabagong dala ng mundo sa labas ng naturang grupo.

Malawakang diskusyon sa pamumuhay at paniniwala ng mga *Northern Kankana-ey*. Isa sa pinakanaunang tinalakay ng kabanata ay ang pagkakamag-anakan o *kinship*, ang pagkakaugnay ng bawat isa, at ang *social stratification* o pagkakaiba ng isa't isa ayon sa yamang taglay nila. Mula sa kanilang pananaw ukol sa pagbubuntis at panganganak hanggang sa pagkamatay at paglibing ay sakop ng diskusyon ng kabanatang ito. Kasama sa diskusyon ng kanilang pamumuhay ang kanilang sistema ng politikal at ekonomikal kung saan ang pamamaraan nila sa paggawa ng mga desisyon para sa kanilang komunidad at ang kanilang pamamaraan ng pangangalakal. Ang kanilang relihyo't mga ritwal at iba pang higit sa karaniwang paniniwala gaya ng kanilang mga pangitain ay natalakay din.

Kalakip ng diskusyon sa pamamaraan ng mga *Northern Kankana-ey* ay ang pagtalakay sa kanilang materyal na kultura. Mula sa istruktura ng kanilang bahay, pananamit, mga gamit pangbahay, gamit pang-saka't pangkalakal hanggang sa mga importante't pristihyosong gamit na pinagnunua't tinuturing na simbolong karangyaan ay bahagi din ng diskusyon ukol sa kultura ng grupong ito. Kasama din sa pagtalakay ng kanilang materyal na kultura ang mga detalye ukol sa kanilang musika. Sa dulo ng diskusyon ay nilahad ang maikling kasaysayan ng mga palitan ng grupo sa mga dayuhan at ang mga impluwensiya mula salabas na nagdala ng sosyo-kultural na pagbabago sa kanilang komunidad.

Ang pagtalakay ng kabanatang ito ukol sa mga *Northern Kankana-ey* ay naglalayon na mailahad ang kabuuan na kaalaman tungkol sa grupong ito. Mula sa paksang kanilang pinagmulan hanggang sa kanilang pamumuhay at kultura, ang kabanatang ito ay maikli ngunit isang buong pagtalakay ukol sa mga *Northern Kankana-ey*.

Para naman kay Albert Bacdayan (2017), ang mga “Northern Kankana-ey” ay mga “Northern Kankanaey Igorots (NKI).” Ayon kay Bacdayan, ang ritwal na **sëngá** ang pinakamahalagang namamagitan sa masigabong relasyon ng mga buhay na tao sa isang banda at ang mga espiritu ng mga patay at ng kalikasan sa kabila. Ito rin ay sa kabila ng kolonyal na edukasyong Amerikano at relihiyong Episcopal/Anglican na mahigit nang 100 taon sa lugar. Mga magsasaka ang NKI, ayon kay Bacdayan, na nagtatanim ng palay at kamote sa ginawang mga palayan at sa uma. Sa pagkakamag-anak, tulad sila ng mga Eskimo na pareho mong kamag-anak ang mga kamag-anak ng inyong ama at ina. Dagdag pa ni Bacdayan, ang payak na pamilya ang siyang nakatira sa isang bahay, kumakain mula sa isang banga, at nagtutulungan sa paghahanapbuhay. Kumpol-kumpol ang kanilang mga bahay upang mas higit na madepensahan ang kanilang lugar laban sa mga kaaway na mamumugot-ulo. Sila ay organisado sa mga grupong nagtutulungan na tinatawag na **dap-áy**. (p. 74) Pantay-pantay umano ang mga lalaki at babae na parehong puwedeng magmana, at maaaring mag-aral.

Ang salaysay ni Albert S. Bacdayan sa librong *Saliksik-Kordilyera* na pinamagatang “Coming Around to the *Senga*: An Autoethnographic Essay on the Cultural Persistence in Northern Sagada” ay isang pagsusuri ng pagpapatuloy ng ritwal na **sëngá** ng mga particular na grupo ng mga Kankanaëy sa Sagada. Ang pag-aaral ng paksa ay ginamitan ng methodolohiyang, *autoethnography* kung saan itinuturing na mahalagang batis ang personal na pananaw at karanasan ng nananaliksik. Ito ay isang repleksibong pamamaraan ng pagsuri sa isang paksa kung saan ang sarili niyang karanasan at kaalaman mismo ay kanyang susuriin. Si Bacdayan ay kabilang sa grupo na siyang pinapaksa ng kanyang sanaysay. Ipinangak at lumaki siya sa parte ng grupo ng mga Fedilisan at Tanulong na matatagpuan sa hilaga ng Sagada.

Ang **sëngá** ay isang ritwal na particular sa mga Northern Kankanaëy kung saan kabilang ang mga Fedilisan at Tanulong. Ito ay isinasagawa ng mga individual na pamilya na siyang dinadaluhan ng mga kamag-anak at iba pang mga tinuturing na kaibigan ng pamilya mula sa komunidad. Ang katawagan sa ritwal ay nag-iiba base sa dahilan kung bakit ito gaganapin. Hindi mawawala sa isang senga ang pagkatay sa mga manok at baboy bilang alay, ang pamamahagi ng karne ng baboy, ang isang gabi ng lamay o *vigil* na tinatawag na **ápa**, at isang almusal, ang **pápa**.

Sa pagsusuri ni Bacdayan base sa kanyang personal na pagkakaintindi at karanasan, ang senga ay makabuluhan na tandang identidad at kultura ng mga Igorot. Ang **sënga** ang siyang nagsisilbing balance at tagapagpatuloy ng *split social structure*, kung saan ang katayuan ng isang tao sa lipunan ay nakaangkla sa kanyang relasyon sa kaniyang kapwa tao at sa mga kaluluwa ng mga namatay na at ng iba pang sobrenatural na elemento. Ang ritwal na ito ang siyang nagkokonekta sa dalawang parte. Ang relasyon ng dalawang parte ay napapangatawanan sa **sënga**, kung saan ang mga buhay pa ay sinusunod ang kanilang obligasyon na paggalang sa mga namayapanang mga ninuno at ang mga kaluluwa namang ito ay inaasahang mga tagapangalaga ng mga nabubuhay pang mga kamag-anak.

Ang kahalagahan at kabuluhan ng senga sa mga nagsasagawa nito ang siyang dahilan kung bakit sa kabila ng mga puwedeng humadlang sa pagpapatuloy ng tradisyong ito gaya ng pagusbong ng Kristiyanismo at iba pang makabagong impluwensiya na nanggagaling sa labas ay nagpapatuloy pa rin ang pagsasagawa ng ritwal.

Ayon naman kay June Prill-Brett (2015), ang mga timog Kankanaëy ay kumikilala sa **ili** bilang pinakamalaking politikal na yunit. Dito namamayani ang mga matatanda bilang tagapayo, taga-usig, at tagapamayapa. Alam din ng bawat isa ang hangganan ng pamayanan.

Parte ng pagtalakay sa mga politikal na institusyon ng mga katutubo sa Kordilyera sa librong *Tradition and Transformation: Studies on Cordillera Indigenous Culture* ni Prill-Brett ang politikal na pamamaraan ng mga Kankanaëy. Sakop ng libro ang salaysay na nakaraan sa paksa ng politikal na komposisyon, pamumuno, at institusyon na naatasang pamunuan at ipatupad ang mga batas ng kanilang komunidad. Apat na politikal na institusyon ang ipinakilala. Ang una ay ang **ili** na siyang pinakamalaking politikal na institusyon sa lipunan ng mga Kankanaëy ng Bakun. Ang **ili** ay unang nabuo mula sa pagtitipon ng mga iba’t ibang pamilya ngunit kalaunan ay lumaki pa ito nang nakisama na rin ang mga dayong pamilya. Bawat **ili** ay may sari-sariling pagkakahati ng lupain at mga batas na ipinapatupad.



Ayon kay Brett, noong unang panahon ay pinamumunuan ang bawat ili ng grupo ng mga matatandang lalaki na tinawag na **at-atóan** pero kalaunan ay napalitan ito ng lokal na gobyerno. Ang pangalawang institusyon ay tungkol sa politikal na pamumuno ng bawat komunidad. Para sa mga Kankanáëy sa Mankayan, ang namumuno sa kanilang komunidad ay mga nakatatandang lalaki, ang **amam-á** (o **dakáy** para sa ibang komunidad). Naatasang mamahala, manghigpit, at magbigay ng payo ang grupo ng matatandang ito. Ang ibang miyembro ng **amam-á** ay bumubuo sa ika-tatlong institusyon, ang **ágom**, na siyang naglilitis at nagreresolba ng mga di pagkakaintindihan. Itinuturing na batas ang mga desisyon ng **ágom**. Di nalalayo sa tungkulin ng **ágom** sa huling institusyon na tinalakay. Ang **ágom** ng mga northern Kankanáëy ay binubuo ng mga matatandang lalaki ng komunidad na siyang naatasang manglutas ng anumang alitan o di pagkakaintindihan.

Inilahad din ang mga dokumentadong politikal na institusyon ng mga Kankanáëy. Makikita na may mga pagkakaiba mismo sa loob ng grupo ng mga Kankanáëy gaya na lamang sa pagkakaiba ng tawag sa **ágom** at **óbong**, ngunit madaling maintindihan kung bakit napapaloob sila sa iisang tema dahil sa pagkakatulad ng kanilang papel na ginagampanan sa lipunang Kankanáëy.

Sa librong *Ethnography of the Major Ethnolinguistic Groups in the Cordillera*, isang kabanata ang nakalaan sa diskusyon tungkol sa grupo ng mga *Southern Kankana-ey* (mga Kankanáëy na mahahanap sa timog na bahagi ng Mountain Province at kanlurang bahagi ng Benguet). Ang impormasyon ukol sa mga Southern Kankanáëy ay nakapaloob sa mga sumusunod na tema: *Setting* o lugar, mga detalye tungkol sa pook at klima kung saan nagmumula ang grupo; *People*, mga tao, kung saan tinatalakay ang maikling kasaysayan ng pag-galaw ng mga Southern Kankana-ey; *Kinship*, pagkakamag-anakan, na pumapaksa ng pagkakaugnay ng mga tao sa komunidad gaya na lamang sa pamilya at pagkakaiba ayon sa pagsasapin-sapin ng mga tao ukol sa karangyaan; *Life Cycle*, siklo ng buhay, kung saan nilalayong maipaliwanag ang pananaw ng mga Southern Kankana-ey sa mga makabuluhang pangyayari sa buhay ng tao gaya ng pagbubuntis, panganganak, pagkabata, panunuyo't pag-aasawa, pagkamatay at paglilibing; *Economic Life* at *Political Life*, kung saan inilalahad ang ekonomikal at politikal na organisasyon ng grupo; *Material Culture*, na nagdedetalye ng mga materyal na kultura ng grupo mula sa istruktura ng kanilang pinamamahayan, pananamit, mga gamit sa kalakal, at mga musika't sayaw; *Religious Beliefs and Rituals* na siyang naglalaman ng diskusyon ukol sa kanilang mga paniniwala't ritwal, pati na rin ang mga mahahalagang kawani ng kanilang relihiyon; at ang *Socio-Cultural Exchange*, kung saan dagliang nilahad ang kasaysayan ng palitan ng mga Southern Kankanáëy at mga dayuhan at iba pang mga grupo na malapit sa kanila.

Ang kabanatang ito ay isang komprehensibong pagpapakilala sa mga Southern Kankanáëy. Nilayon ng kabanata na maipahayag sa maigsi ngunit malinaw na paraan ang mga kaalaman ukol sa pamumuhay at kultura ng grupo. Hindi man extensibo ang pagtalakay nito ukol sa paksa, nagbibigay ang kabanata ng lubusan at masaklaw na impormasyon tungkol sa mga *Southern Kankanáëy*.

Sa librong *A People's History of Benguet*, nakapaloob sa isang kabanata nito na pinamagatang *Early Lifeways and Thoughtways* ang parte kung saan tinatalakay ang *Pre-Spanish Kankanaëy Society* o ang lipunan ng mga Kankanáëy bago pa ito nakolonisa at naimpluwensiyahan ng mga dayuhang Espanyol. Nakasaad sa parte ng kabanatang ito ang mga pamamaraan at

pamumuhay ng ethnolinguistikong grupo ng mga Kankanáëy. Mapapansin na sa kabuoan ng salaysay ay partikular na binanggit ang mga komunidad ng Mankayan, Bakun, Buguias, at ang mga kalapit na lugar ng mga ito.

Unang tinalakay ang pagkakabukod ng lipunan ayon sa karangyaan ng mga miyembro ng komunidad. Binanggit na ang tanda ng pagkamayaman ng isang miyembro o pamilya ay ang pag-angkin ng malawak na lupain at pagtaglay ng karapatan sa paggamit ng tubig. Ang dalawang ari-ariang ito ay itinuturing na tandang pagiging elite dahil dito nakasalalay ang produksyon ng bigas. Ang pagtatanim ay isa lamang sa mga ikinabubuhay ng mga Kankanáëy. Ang pamamaraan ng pangangalakal at ang kabuhayan ng mga Kankanáëy ang sunod na paksa ng salaysay. Ang panghuling paksa ng salaysay ay higit na extensibong diskusyon kumpara sa mga nauna. Ipinapakita ng diskusyon ukol sa politikal na pamamaraan ng mga Kankanáëy ang pagkakakonekta ng kanilang pananaw ukol sa hustisya, mga paniniwala at relihiyon, at ang sosyal na pagkabukod-bukod. Tinalakay ang temang ito sa pamamaraan kung saan naipapakita ang pagkaka-ugnay ng mga iba't ibang institusyon at kaugalian ng komunidad. Isinalaysay ang komposisyon at tungkulin ng mga politikal na institusyon pati na rin ang kalakip na batas at ritwal na isinasagawa ng mga namumuno. Litaw ang kanilang paniniwala at relihiyon sa kanilang pananaw ukol sa hustisya at pagbigay ng mga desisyon. Gamit ang mga larawang isinama sa salaysay, tinalakay din ang materyal na kultura ng mga Kankanáëy. Ang kanilang pamamaraan ng paggawa ng kanilang bahay pati na rin ang istruktura nito ay naipahayag gamit ang mga litrato. Ipinakita rin ang iba't ibang gamit na siyang para sa kanilang kabuhayan, pagsasagawa ng ritwal, at pang-araw-araw na gamit.

Ang monograp na “Kankana-ey of Benguet” ni Cony C. Dangpa-Subagan ay parte ng serye ng mga libro na pinamagatang *Katutubo: Profiles of Philippine Cultural Communities* na inilathala ng *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA). Ang partikular na librong ito ay pumapaksa sa ethnolinguistikong grupo ng mga Kankanaëy na espesipikong naninirahan sa Benguet. Tinalakay ang iba't ibang aspekto ng kanilang pamumuhay mula sa tradisyonal na kaugalian hanggang sa kanilang kontemporaryong pamamaraan. Ang heograpiya ng pook kung saan sila matatagpuan, ang maikling kasaysayan ng kanilang pinagmulan, ang materyal na kultura, ang kanilang sosyal, ekonomikal, at politikal na organisasyon, ang kanilang paniniwala't relihiyon, at ang kanilang arte ay mga espesipikong aspekto ng kanilang lipunan at kultura na tinalakay. Maliban sa mga paksang ito, dagdag din ang kanilang kontemporaryo o kasalukuyang pamumuhay sa diskusyon ukol sa lipunan at kultura ng mga Kankanáëy.

Ang heograpiya at ang isang maikling pagtalakay ng kanilang pinagmulan ang unang paksa tungkol sa mga Kankanaëy ng Benguet. Unang pinakikilala ang pook na ino-okupa ng grupong ito, pagkatapos ay ipinapaliwanag ang kasaysayan ng kanilang pinagmulan, paggalaw at paglilipat ng kanilang grupo hanggang sa pag-organisa ng kanilang paninirahan. Tampok din sa unang diskusyon ng kanilang pamumuhay ay ang mga ritwal at pista na isinasagawa ng grupo. Kasama sa parte ng diskusyong ito ang kabuluhan ng, mga kalahok, at mga materyal na ginagamit sa pagsasagawa ng mga ritwal. Parte rin ng aspekto ng kultura't lipunan na ito ang pananamit ng mga Kankanáëy ng Benguet.

Pangalawa sa aspekto ng kultura't lipunan ng mga Kankanáëy ng Benguet ay ang kanilang materyal na kultura. Sa parteng ito, dalawang pangunahing uri ng materyal lamang ang tinalakay, ang istruktura ng kanilang mga kabahayan at ang kanilang pang-araw-araw na kagamitan. Ang

diskusyon ukol sa kanilang materyal na kultura ay may kalakip na pagpapaliwanag ng kanilang kabuluhan at pakinabang sa araw-araw. Ang mga *raw material* din o ang mga materyal kung saan gawa ang mga kagamitan at istrukturang ito ay kasama sa diskusyon upang mas lalo pang maipaliwanag at maisakonteksto ang kapaligiran at pananaw ng komunidad.

Sunod na tinalakay ang kanilang mga pang-ekonomiyang aktibidad o ang kanilang mga pamamaraan ng hanapbuhay. Nagbanggit ng anim na klase ng hanapbuhay. Ang iba dito ay mga panghanapbuhay pa ng kanilang mga ninuno na napagpatuloy hanggang ngayon at ang iba naman gaya ng pangangaso ay panghanapbuhay na hindi na naipagpatuloy dahil na rin sa mga pagbabagong dala ng paglipas ng panahon at modernidad. Ang mga tinalakay na hanap-buhay ng mga Kankanaëy ng Benguet ay pangingisda, pagsasaka, pagmimina, pangangalakal, pagpapanday, at pangangaso. Kasama sa diskusyon ng mga hanapbuhay ang mga materyal na ginagamit. Naisalaysay din ang pinagmulan at mga pagbabago sa mga ekonomikal na aktibidad.

Isa rin sa mga sentral na aspekto ng lipunan ng anumang grupo ay ang kanilang sosyal na pagkaka-ayos o pag-oorganisa. Sa sosyal na pagkaka-ayos ng mga Kankanaëy ng Benguet, nakatuon sa mga relasyon ng bawat isa sa loob ng komunidad. Dalawang klase ng relasyon ang paksa ng diskusyon ukol sa aspektong panlipunan. Ang una ay ang relasyon sa pamilya at mga kamag-anak at ang pangalawa ay ang relasyon ng nag-iibigang lalaki at babae. Sa pagtalakay ng unang klase ng relasyon, nabanggit ang mga pinanghahawakang mga pananaw at paniniwala ukol sa mga responsabilidad ng pamilya sa mga miyembro nito at ang mga obligasyon ng mga miyembro sa kanilang pamilya. Saklaw naman ng diskusyon ukol sa pangalawang klase ng relasyon ang mga ritwal at mga formalidad na isinasagawa, mula sa panliligaw hanggang sa pagpapakasal ng magkasintahan.

Sa pagpapakilala sa anumang grupo ng tao o lipunan, hindi mawawala ang diskusyon ukol sa kanilang politikal na kaayusan. Malaking parte ng pamumuhay ng isang lipunan ang kanilang sistema pagdating sa kung sino at paano ang pamumuno sa kanilang komunidad. Nahati sa apat na paksa ang pagtalakay sa politikal na kaayusan ng mga Kankanaëy ng Benguet. Unang ipinakilala ang paksa ng mga politikal na pamumuno. Sa salaysay na ito, tinatalakay kung sino ang inaasahang mamuno at ang mga kuwalipikasyon ng mga maaaring mamuno. Sunod na tinalakay ang mga hawak na kapangyarihan at responsabilidad ng mga namumuno. Tinalakay din ang kanilang mga batas na base sa kanilang mga kaugalian na namana pa nila sa kanilang mga ninuno. Ang panghuling paksa ukol sa politikal na sistema ng mga Kankanaëy ng Benguet ay ang mga institusyong naatasang mangresolba sa mga hindi pagkakaunawahan, at magbigay ng hatol at desisyon ukol sa mga problemang ganito. Mapapansin na ang kanilang panananaw at sistema ng batas at hustisya ay konektado sa kanilang relihiyon at paniniwala.

Malalim ang pagtalakay sa relihiyon at paniniwala ng mga Kankanaëy ng Benguet. Nahati sa limang paksa ang parting ito. Ang pagkaka-ayos na ito ng diskusyon ukol sa relihiyon at paniniwala ay mahusay at malinaw na pagpapakilala sa aspektong ito ng lipunan at pamumuhay ng mga Kankanaëy. Ang unang paksa ukol sa relihiyon at paniniwala ay ang *cosmogony* kung saan tinalakay ang paniniwala ng mga Kankanaëy tungkol sa kung saan nanggaling o paano nabuo ang mundo. Ang pangalawang paksa ay ang konsepto ng Diyos o mga makapangyarihang nilalang na siyang naghahari at o may kontrol sa mga buhay ng mga tao at ng kanilang paligid. Hinggil sa paniniwala sa mga espirito, naniniwala ang mga Kankanaëy na ang mga lugar at bagay gaya ng

mga halaman, anyong lupa, o anyong tubig ay pinamumugaran ng mga espiritu na kailangang igalang. Ang pang-apat na paksa ay tungkol sa relasyon ng mga tao sa mga sobrenatural o mga espiritu. Sa paniniwala ng mga Kankanaëy, konektado o may maitutulong ang pakikipag-usap sa mga espiritu. Kaya naman ang huling paksa ng parteng ito ay diskusyon tungkol sa mga taong may angking kapangyarihan o kakayahan na makipag-usap sa mga espiritu o manggamot ng mga sakit na di malunasan ng mga modernong pagamutan.

Ang panghuling aspekto na itinalakay ay napapaloob sa diskusyon ng kultura ng mga Kankanaëy. Ang kanilang mga arte, gaya ng kanilang musika, sayaw, at literatura ay paksa ng huling aspeto. Ang musika, sayaw, at literature ang pokus ng sanaysay na ito ngunit nabanggit din ang arte ng pag-uukit sa kahoy, paggawa ng muwebles, ang mga disenyong makikita sa mga dingding ng kanilang mga bahay, at mga ginagawang kabaong. Ang diskusyon ukol sa kanilang musika at sayaw ay nakapokus sa kanilang mga ginagamit na instrumento, konteksto kung saan at paano ginagamit ang mga ito, at kung sino ang nagsasagawa ng pagkanta, pagpapatunog ng mga instrumento, at pagsasayaw. Nabanggit din ang pagsabay ng kanilang musika sa modernong mga kanta. Ang kanilang literatura ay hindi pangkaraniwang na panitikan na naisusulat sapagkat ang kanilang literatura ay naipapasa at naitatala lamang gamit ang oral tradition kung saan naisasalin lamang ang kanilang mga kuwento, alamat, at mga panalangin sa pamamagitan ng kaugaliang pasalita. Ang pamamaraan na ito ay nakasalalay sa pagsalin ng mga kultural na bagay gaya nito nang pasalita lamang.

Matapos talakayin ang mga aspekto ng lipunan ng mga Kankanaëy ng Benguet, sumunod ang kontemporaryong pamumuhay o pangkasalukuyang kalagayan ng grupong ito. Pokus ng paksang ito ang mga hinanaing at mga isyung kinakaharap ng grupo sa kasalukuyan. Hindi maikakaila na ilan sa mga kaugalian at tradisyon ng grupong ito ay tuluyan nang nagbago o napalitan. Sa pagtalakay ng mga ito makikita kung gaano naapektuhan ng pagbabago ng konteksto dahil sa paglipas ng panahon ang pagsalin at pagpapatuloy ng mga kaugalian at tradisyon.

Sa kabuoan, litaw ang pagpapatuloy at pagbabago ng kultura at lipunan ng mga Kankanaëy ng Benguet. Ang monograp na ito ay di lamang naglalayong ipakilala ang ethnolinguistikong grupo na ito ngunit nilalayon din ng panitikang ito ang pagpapaintindi ng kultura at lipunang Kankanaëy. Nagbubukas ito ng diyalogo sa mga mambabasa upang maipakilala at maipaintindi ang kaugalian at identidad ng grupo.

Mapapansin na maliban sa pagtalakay sa kontemporaryong buhay ng mga Kankanaëy sa pamamagitan ng pagpaksa sa kanilang mga isyu ay napapakita na rin ang mga pagbabago sa mga tradisyunal na kaugalian sa bawat diskusyon ng mga aspekto ng kanilang lipunan at kultura. Higit pa itong mapapansin sa mga litratong isinama sa diskusyon ng bawat paksa. Ang mga litrato ay halo ng mga lumang kuha, mga potograpong masasabing kamakailan lamang, at mga litratong kamakailan lang nakuha ngunit tungkol sa mga lumang mga kagamitan o tradisyunal na pamamaraan. Ang mga kuhang ganito ay nagpapatunay sa patuloy na pagsalin ng kultura at tradisyon.

Pinag-aralan ni Verne de la Peña (2008) ang dalawang katutubong hubog ng pag-awit (**bayyóg** at **day-ëng**) ng mga Kankanaëy sa Buguias, Benguet. Ipinaliwanag niya ang lugar ng dalawang porma ng pag-awit, pagtutula, at pagkukuwento sa mga panahon ng lamay at ritwal, sa

konteksto ng modernidad, komersiyo, at globalisasyon. Ipinapalagay niyang ang **bayyóg** ay maaaring tingnan bilang tagapagpalaganap ng *constancy at permanence* at ang **day-ëng** naman ay ahente ng pagtanggap at pagbubukas sa pagbabago (*accommodation and inclusiveness*). (p. 45) Ayon pa kay de la Peña, ang mga naturang hugis ng pag-awit ay nagpapatuloy at tumutulog na patatagin ang mga Kankanaëy sa gitna ng pagbuhos ng mga pambansa at dayuhang kultura at mensahe.

Ang pagtalakay ni Gaston P. Kibiten sa *Saliksik Kordilyera* na pinamagatang “Meaning and Politics in the Features of Kankanaey Clan Reunions” ay pumapaksa sa mga pagbabago sa lipuna’t kultura ng mga Kankanaëy, partikular na sa makabagong kaugalian ng pagtitipon-tipon ng mga magkakamag-anak o *clan reunions*. Taliwas sa perspektibong ang mga ritwal ay di nagbabago buhat man na lumipas ang panahon, ang pananaliksik na ito ay naniniwala sa ideyang ang ritwal at kultura ay nagbabago at naiimpluwensyahan din ng mga pagbabagong nangyayari sa mas malawak na konteksto.

Nakapokus ang pananaliksik sa mga reunion ng mga Kankanaëy sa timog na bahagi ng Bauko sapagkat sa grupong ito unang napansin ang naturang kaugalian. Di naiiba sa mga napapanahong mga programa ang pagsasagawa ng mga reunion na ito. Ang nakita lamang na natatanging katangian ng ritwal na ito ay ang pag-ikot nito sa mga temang pamilya at pagkakamag-anak o kinship. Kumpara sa mga tradisyonal na ritwal, ang makabagong kaugalian ng reunion ay pormal at pinamumunuan ng isa lamang. Ito ay taliwas sa mga tradisyonal na ritwal kung saan walang pormal na programa at iisang lider na sinusunod.

Sa pananaliksik ni Kibiten, litaw ang politikal na dimensyon sa diskusyon ng pag-usbong ng kaugaliang ito. Ang pagsuri sa ritual leadership o ang pamumuno sa ritual ay importante upang lubos na maintindihan ang kaugaliang ito. Napagalaman na ang pagkabuo ng ritwal na ito ay dala ng impluwensiya ng mga kapamilyang nakatanggap ng pormal na pag-aaral. Ang mga propesyonal na ito ang nangunguna sa pamumuno ng ritwal na ito dahil sila ang may kakayahang mag-organisa at magbalangkas ng *family tree*. Kadalasan din ay sila ang may kayang magsaliksik at paghandaan ang ganitong mga programa. Isang pagbabago din na nakita sa pamumuno ng ritwal na ito kumpara sa mga tradisyonal na kaugalian ay ang pagbigay ng oportunidad para sa mga babae na mamuno dahil ang batayan na ng pamumuno ay karunungan at kaalaman sa mga pamamaraan ng makabagong programa.

Hindi na nakapagtataka kung bakit madaling umusbong at natanggap ang bagong kaugalian na ito dahil ang pormal na programa na sinusunod nito ay sinasagawa na sa mga institusyon gaya ng paaralan, mga opisina ng gobyerno, simbahan, at iba pa na siyang malaki ang puwang sa mga buhay ng mga Kankanaëy. Hindi na rin nakapagtataka kung bakit natural na din na napupunta ang tungkulin ng lider ng ritwal sa mga propesyonal dahil sila na din ang namumuno sa mga programa sa mga institusong nabanggit. Sa mga puntong ito, pinapatunayan ng pananaliksik na ang mga ritwal, partikular na ang clan reunions ay nagsisilbing repleksiyon ng mga pagbabago ng mas malaking kontekstong ginagalawan ng kanilang lipunan.

## **Metodolohiya ng Saliksik**

Una sa proseso ang pagkuha ng Free, Prior Informed Consent (FPIC) mula sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga kawani ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa Rehiyong Cordillera, sa mga opisina nito sa Bontoc, Sagada, at Bauko, Mt. Province.

Isinakatuparan ang saliksik na ito gamit ang pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan sa mga indibidwal at grupo, pagmamasid, at pakikisalamuha. Gumamit din ng kamera para sa pagdodokumento sa lugar, mga tao, at mga natagpuang mga aktibidad sa mga lugar na napuntahan. Gumamit din ng video camera para sa recording ng listahan ng mga salita, at upang maipakita ang topograpiya ng mga lugar.

Apat na borador ang nagawa para sa Kankanáëy, isa para sa bawat bayan na sakop ng saliksik (Bauko, Sabangan, Sagada, at Tadian). Isinalang ang mga borador sa balidasyon sa komunidad. Winasto ang mga manuskrito batay sa mga puna at mga kinailangang pagsasaayos na nakalap sa mga pulong.

## **Saklaw at Limitasyon**

Matapos ang proseso ng pagkuha ng permiso (free, prior and informed consent) mula sa mga komunidad na pinangasiwaan ng mga kawani ng National Commission on Indigenous Peoples (Cordillera), isinagawa ang pagbisita at pangangalap ng mga datos mula Setyembre 2018 hanggang Marso 2019. Pumayag ang lahat ng mga barangay sa apat na bayan na makilahok sa saliksik. Ngunit dahil sa kakulangan ng oras ay hindi na napuntahan ang lahat ng mga barangay. Karamihan sa mga datos na nakalap ay mga salita na may kaugnayan sa iba't ibang bahagi ng buhay ng mga Kankanáëy.

## **Mga Mananaliksik**

## KANKANÁËY (HILAGA) BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE

### I. HEOGRAPIYA

#### *Topograpiya*

Ang munisipalidad ng Bauko ay nasa gitna at kanlurang bahagi ng Mountain Province. Katabi nito ang mga munisipalidad ng Mankayan at Buguias sa lalawigan ng Benguet. Ang Bauko ang unang munisipalidad ng Mountain Province na madadatnan kung manggagaling sa Baguio at dadaan ng Halsema Highway.

Sa hilaga naman ng Bauko ay matatagpuan ang mga munisipalidad ng Sabangan, Sagada, at Bèsao. Samantalang sa silangang bahagi ay matatagpuan ang mga munisipalidad ng Tinoc, Hungduan at Hapao sa Ifugao, at sa kanlurang bahagi ay matatagpuan ang munisipalidad ng Tadian.

Sa ilalim ng administrasyon ng mga Amerikano noong 1898-1935, ang Pangkalahatang Kautusan Blg. 3, serye ng 1899 at sinusugan ng Pangkalahatang Kautusan Bldg. 40, serye ng 1900 ang nagpatibay na ang mga munisipalidad ang unang anyo ng lokal na yunit ng pamahalaan na pasiglahin at ayusin. Noong 1911, ang Bauko ay ginawang hiwalay na munisipalidad ng Mountain Province.

Binubuo ang Bauko ng dalawampu't dalawang mga barangay. Ito ay ang mga sumusunod: Abatan, Bagnen Proper, Bagnen (Bagnèn) Oriente, Balintaugan, Banao, Poblacion (Bauko), Bila, Guinzadan Central, Guinzadan Norte, Guinzadan Sur, Lagawa, Leseb (Lèsëb), Mabaay, Mount Data, Monamon Norte, Monamon Sur, Otucan Norte, Otucan Sur, Sadsadan, Sinto, at Tapapan.

Ang munisipalidad ay nahahati sa *Upper* at *Lower* Bauko. Ang bumubuo sa *Lower* Bauko naman ay ang mga barangay ng Bila, Banao, Bagnèn, Guinzadan, Lèsëb, Poblacion, at Otucan. Ang Abatan ang nagsisilbing sentro ngayon ng bayan dahil dito matatagpuan ang palengke at karamihan sa mga opisina at ahensiya ng pamahalaan. Ang *Upper* Bauko ay ang bahaging timog at ang *Lower* ay ang hilagang bahagi. Ang mga barangay na bumubuo sa *Upper* Bauko ay Sinto, Mount Data, Monamon Sur, Monamon Norte, Sadsadan, Mabaay, at Tapapan. Ang mga lugar na ito ay maginaw, **manlalatëng** o **mantutungnín**, maulap, **manlilibúo**, at mahangin, **mansuyúsuy/manhuyúhuy**. Maraming bahagi ng Halsema Highway ay dumadaan sa mga malalalim at mababatong bangin, **dëppás/dëppáh**, ng mga barangay na ito.

Ang *Upper* Bauko ay kilala din bilang lupaing **Kabatángan** o mga gubat na punô ng mga púnong píno o **bátang**. Ang pinakamataas na mga bahagi ng lugar ay sa Bundok Kalawitan sa Monamon Norte at Bundok Bandilaan sa Monamon Sur. Ang mababang bahagi ay ang mga barangay ng Mabaay, Lèsëb at Tapapan.

Sapagkat maraming puno ng pino sa mga nabanggit na barangay, tinawag itong **Kabatangan Ancestral Domain** upang mapangalagaan ang lugar. Ang sakop ng Kabatangan Ancestral Domain ay ang Upper Bauko. Ito ay binubuo ng walo sa dalawampu't dalawang mga barangay ng Bauko. Ito ay ang mga barangay ng Sinto, Mt. Data, Monamon Sur, Monamon Norte, Sadsadan, Mabaay, Lèsëb at Tapapan. Sa kasalukuyan, ang ilang bahagi ng Kabatangan ay

ginawang komersiyal na mga gulayan. Sa paghahangad ng mga katutubo na maibalik ang dating kalagayan ng Kabatagan, tinawag nila ang Upper Bauko na Kabatagan Ancestral Domain.

Ang buwan ng Mayo hanggang Oktubre ay tag-ulan at ang tag-araw ay simula sa buwan ng Nobyembre hanggang Abril. Ang temperatura sa mataas na bahagi ng munisipalidad ay umaabot sa sampu (10) hanggang labindalawang (12) sentigrado pero may mga taong umaabot ng walo (8) hanggang siyam (9) sentigrado sa Disyembre hanggang Pebrero. Gayunman, ang mga barangay sa mababang elebasyon ay may mas mainit na temperatura. Ito ay ang mga barangay ng Tapapan, Lësëb at mga mabababang bahagi ng Sadsadan, Mabaay, Monamon Norte at Monamon Sur.

Ang Bauko ang itinuturing na *salad bowl* ng Mountain Province sapagkat tahanan ito ng maraming gulayan at pagtatanim ng gulay ang karamihang hanapbuhay ng mga tao. Katabi rin nito ang mga bayan ng Benguet na halos mga gulayan lahat ang makikita sa paligid.



**Larawan 1. Bagong komunidad para sa mga biktima ng pagguho ng lupa**

Kapansin-pansin ang mala-exclusive subdivision na ito sa Bauko, Mountain Province. Ngunit ito ay isang relocation site ng mga pamilyang naapektuhan sa isang gumuhong, **nagëday**, lugar. Mapapansin ang pangangalaga ng mga tao sa kanilang mga **bílig**, bundok, gubat at puno, sa bahaging itaas ng komunidad, **tundo** o **túngdu**. KALIMBATAWA VILLAGE, BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**LARAWAN 2. Mga mapa ng Bauko, Mt. Province, mula sa [igorotak.blogspot.com/2011/05/my-home-town-bauko.html](http://igorotak.blogspot.com/2011/05/my-home-town-bauko.html) (itaas), at Google Maps (ibabang mapa)**





Dahil tuloy-tuloy ang tubig sa lugar na ito, tinatamnan ang mga bukid na ito ng dalawang beses sa isang taon. Dahil, makikitang baitang-baitang ang mga palayan, payëw, sa pagitan ng mga bundok, masasabing ng lugar ay isang **dáykung**. Ang bahagi ng kabukiran na hindi natutuyo o laging may tubig, o lugar na malapit sa ilog na hindi natutuyo ay tinatawag na **layëw**. KAPAYAWAN, BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 4. Mano-mano pa rin ang pagtatanim ng palay**

Dahil maliliit lamang ang mga bukid na ito, mano-mano ang paghahanda, **panagsamá**, at pagtatanim, **túnéd**, sa kanila. Ang gilid o pilapil ng palayan ay tinatawag na **banëng**. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

**Demograpiya**

Ang populasyon ng Bauko ay 32,838, ayon sa census noong 2018 ng Philippines Statistics Authority. Noong 1903, walumpu't dalawa (82) ang nabilang na naninirahan, **umíli**, ngunit noong 1918 ay pitong libo, siyam na raan at siyamanapu't apat (7,994). Ang biglaang pag-angat ng populasyon ay sanhi ng naidagdag na mga barangay sa munisipalidad. Napansin namang kakaunti ang naidagdag sa populasyon noong 1939 hanggang 1948 sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, migrasyon at epidemya.

Ang populasyon ay unti-unting nadagdagan at naging labindalawang libo, dalawang daan at dalawampu't siyam (12,229) noong 1960; dalawampu't pitong libo, pitong daan at dalawampu't siyam (27,729) noong 2000; tatlung libo, siyam na raan at dalawampu't walo (30,928) noong 2004 at noong 2005 ay tatlung libo, pitong daan at siyam (31,709).



**Larawan 5. Hagdang-hagdang gulayan**

Matatanaw sa halos lahat na bahagi ng Halsema Highway ang mga hagdang-hagdang gulayan. Ang mga gulay ay nadidiligan gamit ang mga *PVC hose at rainburst* na gripo. Ang mga gulayang nasa matataas na bahagi ng bundok ay natural na nadidilig ng mga hamog. Karamihan sa mga komunidad sa magkabilang panig ng Halsema Highway ay mga Kankanáëy. BUGUIAS, BENGUET / *jbeltran*



**Larawan 6. Sa gitna ng mga gulayan**

Ang lugar na ito ay isa sa mga pinakaunang gulayan sa probinsiya. Dito galing ang mga patatas, repolyo, at carrots. Karamihan ay nagsasalita ng wikang Kankanáëy sa lugar na ito. Nasa gitna nito ang bahagi ng Halsema Highway. NATUBLENG, BUGUIAS, BENGUET /jbeltran



**Larawan 7. Mga repolyo**

Dahil bihira ang mga kalsadang pumapasok sa mga matatarik na gulayan, karaniwang mano-mano ang pagkarga sa mga ani upang dalhin sa gilid ng kalsada na magdadala naman sa mga palengke. Sa ganitong sitwasyon nadiskubre si *Carrot Man*. NATUBLENG, BUGUIAS, BENGUET  
*/jbeltran*



**Larawan 8. Cactus sa Halsema**

Natutuhan din ng mga magsasaka na maaari din silang magtanim ng mga *succulents* at ibenta sa pamamagitan ng Facebook o social media. Karaniwang nakahelera lamang ang mga ito sa gilid ng Halsema Highway. AMGALEYGEY, BUGUIAS, BENGUET /jbeltran



## II. PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

### Identidad ng Pangkat

Ang mga taga-Bauko ay kasama sa etnolingguwistikong pangkat na tinatawag na Kankanáëy. Kankanáëy ang tawag sa kanila, ganoon din ang tawag sa kanilang wika. Kinikilala rin ang sarili bilang **i-Baúko** at Igorot. **I-Baúko** o **i-Baúkok** ang tawag ng mga tagalabas sa mga mamamayang naninirahan sa munisipalidad ng Bauko. Ang **i-** ay unlapi tulad ng ibang wika sa Pilipinas. Ito ay nangangahulugang mamamayan sa o mamamayan ng. Kaya ang **i-Baúko** o **i-Baúkok** ay nangangahulugang mamamayan ng Bauko o taong taga-Bauko. Ang Baukok ay lumang anyo ng Bauko.

### Lokasyon at Distribusyon

Ang pulutong, **natutúgup**, ng mga bahay ang nagpapakita ng isang komunidad. Ang mga katutubong komunidad ay pinaghiwa-hiwalay ng mga bundok, **duntóg**, at ang isang komunidad ay naging isang barangay. Ang mga malalaking barangay batay sa populasyon ay nahati sa Sentral, Sur, at Norte. Halos wala nang makikitang sinaunang bahay kubo. Ang mga bahay ay gawa yero at kahoy pero ang karamihan ay sa semento. Hindi ito katataka-taka sapagkat halos lahat ng mga barangay ay narating na ng kalsada.

Ang munisipalidad ng Bauko ang pinakamalaking munisipalidad sa Mt. Province pero ang mga tao sa bawat barangay ay magkakakilala. Kapag nabanggit ang apelyido ng isang tao ay matutukoy nila kung saang barangay siya naninirahan.

May pagkakaisa ang mga mamamayan sa bawat komunidad at ito ay makikita sa kanilang **ug-ugbú**, bayanihan o pagtutulungan kapag may kasal, lamay at gawain sa kanilang komunidad o **íli**. Ang pagkakaisa ng mga mamamayan ay hindi lamang nagaganap sa barangay kundi pati na rin sa mga gawain sa munisipalidad.

Ang taunang pagdiriwang ng **Bëgnás Di Bauko** ang patunay ng pagkakaisa ng mga mamamayan, **umíli**, ng Bauko sapagkat makikita ang pakikilahok sa selebrasyon ng mga mamamayan mula sa iba't ibang barangay. Ang mga taga-Bauko na nasa ibang lugar ay umuuwi rin para lamang makiisa sa taunang pagdiriwang.

### **Kasaysayan ng kanilang migrasyon**

Ang mga kauna-unahang nanirahan sa *Upper* Bauko ay ang mga **i-Meligán** at **i-Palatáng**. Ang mga **i-Meligán** ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Kabatangan Ancestral Domain samantalang ang mga **i-Palatáng** ay nanirahan sa bahaging timog. Ang “Palatang” ay binubuo ng mga lugar na Baogan, Calagan, Bangsalan, Nabesyak, Degwey, Bagsuyan, Ahin at iba pang hindi pinangalanang komunidad. Ang mga komunidad na ito ay matatagpuan sa lupaing-bayan ng Buguias, Benguet at Tinoc, Ifugao. Paglipas ng panahon, ang dalawang pangkat ay naging isa dahil sa pag-aasawa ng kanilang mga anak. Ang mga nanirahan naman sa Lower Bauko ay tinatawag na **i-Bulkanáh** o **i-Ëbnëh**.

Ang hilagang Bauko ay binubuo ng mga barangay ng Poblacion, Otucan at Bila. Batay sa *profile* na ginawa ng Highland Agricultural Development Program (HADP), sa mga nasabing lugar unang nanirahan ang mga unang mamamayan ng Bauko.

Sa gitnang Bauko matatagpuan ang mga barangay ng Guinzadan Sur, Guinzadan Norte, Guinzadan Central, Banao at Lagawa. Ayon sa mga matatanda ang unang nanirahan sa nabanggit na mga barangay ay pangkat ng mga taong mula sa Ampontoc na dumaan sa Kiyapan hanggang Pidipid, lugar na matatagpuan sa itaas ng Banao, Otucan at Sabangan. Mula Pidipid, ang mga tao ay lumikas at nanirahan sa Namiligan. Ang Namiligan ay matatagpuan sa ibaba ng talon ng Inudëy, na bahagi ng Mankayan, Benguet ngayon.

Masaya umano ang mga taong namumuhay sa Namiligan hanggang nagkaroon ng epidemya na pumatay sa maraming mamamayan. Dahil sa pangamba, nilisan ng mga mamamayan ang lugar. May pumunta sa Banao, Lësëb, Nammatëk (Sabangan), Guinzadan, sa bahaging timog ng Bauko, at sa Mankayan, Benguet kung saan matatagpuan ang Ampontoc at Namiligan.

Ang mga misyonerong Katoliko ang unang nagsagawa ng misyonaryong gawain noong 1908. Sinundan ito ng mga Anglican noong 1919 nang ang unang simbahan ng Anglican, ang Saint Gregory Church, ay itayo sa Bagnën. Ang pangkat ng mga Kristiyanong dumating sa munisipalidad ng Bauko ay sinundan pa ng ibang pangkat ng misyonaryo tulad ng mga Protestante at *Born-Again*. Bunga nito, karamihan na sa mga mamamayan ng Bauko ay Kristiyano.

### **III. SITWASYONG PANGWIKA**

*Kalagayan ng Wika sa Paggamit ng Matanda, Bata, at Pagtanaw sa Katutubong wika*

Ang wika ng mga matatanda ang nagpapatunay na nananatili pa rin ang wikang katutubo ng mga taga-Bauko. Ginagamit nila ang Kankanaey araw-araw sa kanilang mga tahanan, sa komunidad, sa mga kalsada, sa palengke, at sa mga pulong. Samantala, ang wika ng mga bata at kabataan ay nahaluan na ng mga salitang Ilokano, Filipino at Ingles dahil sa pagtuturo ng kanilang mga magulang na nakapag-aral gayundin ang pagtuturo sa paaralan. Bagama't ayon sa kasaysayan,



malaki ang impluwensiya ng mga gurong Amerikano sa kahusayan ng mga matatandang taga-Bauko na magsalita ng wikang Ingles bago pa man noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa kasalukuyan, ang mga taga-Bauko ay mahusay magsalita ng mga wikang Ingles at Filipino dahil sa edukasyon. Malaki rin ang impluwensiya ng wika ng mga dayong Ilokano at Tagalog na pumupunta sa munisipalidad para makipagkalakalan kaya kapansin-pansin na kahit ang mga matatandang hindi nakatuntong sa paaralan ay mahusay na ring magsalita ng Filipino at Ilokano.

### **Pagkakatulad at Pagkakaiba ng Varayti ng Wika**

Ang wika o **kalí** ng mga taga-Bauko ay may barayti, **natëke-tëkën**. Ang baryasyong ito ang pagkakakilanlan ng pagkakaiba ng pananalitang *Upper* at *Lower* Bauko. Ang wika ng mga taga-*Upper* Bauko o mga barangay ng Sinto, Mount Data, Monamon Sur, Monamon Norte, Sadsadan, Mabaay, Lësëb, at Tapapan ay may pagkakatulad sa wika ng mga taga-Buguias, Benguet lalong-lalo na ang taga-Sinto dahil ito ang hangganan, **patëngga na/bëddëng**, ng Benguet at Bauko, Mountain Province. Ang punto, **áyug**, sa pagsasalita ay pagkakakilanlan din ng mga taga-Bauko sa kinabibilangang barangay ng isang tao.

Pagkakakilanlan ng mga taga-*Upper* Bauko ang paggamit nila ng pantukoy na **din** samantalang **sin** o **san** ang ginagamit sa *Lower* Bauko. Halimbawa:

Filipino	:	Ibigay mo ang pera sa akin.
<i>Upper</i> Bauko	:	Idawat mu <b>din</b> siping ën sak-ën.
<i>Lower</i> Bauko	:	Idawat mu <b>san/han</b> siping kën sak-ën/hak-ën.

Ang mga barangay ng Banao, Bila, Otucan at bahagi ng Poblacion ay mga barangay sa Bauko na hindi gumagamit ng tunog/letrang S sa halip ang humahalili rito ay H. Halimbawa:

<b>S</b>	<b>H</b>
aso	ahu
pusa	puha
sako	haku
samento	hamintu

Nagaganap din ang pagkakaltas ng ponema sa ilang mga salita. Halimbawa:

<i>Upper</i> Bauko	:	<b>Idwát</b> mu din siping ën sak-ën.
<i>Lower</i> Bauko	:	<b>Idwát</b> mu san/han siping kën sak-ën/hak-ën/ sakën/hakën.

May iba pang halimbawa ng pagkakaltas ng ponema:

**Iyalim – iyím** (ibigay mo sa akin)  
**Ipaëy – ipëy** (ilagay)  
**Ilakúwam/ilakúam – ilakwám** (ibili)  
**Iyëy – yëy** (dalhin)

Ang pagbabago ng ponema ay nangyayari din sa mga salitang may magkasunod na **NM**.  
Halimbawa:

**Kinmáan** – **kimmáan** (umalis)  
**Tinmagtág** – **timmagtág** (tumakbo)  
**Kinmáb** – **kimmáb** (umakyat)  
**Inmëy** – **immëy** (nagpunta)

Ang unlaping **mën-** at **man-** na karaniwang nagpapalitan ay pareho ang kahulugan.  
Halimbawa:

**manlúgam/mënlúgam** (maglinis ng damo)  
**manhakít/mënhakít** (masakit)

Samantala, napapansin din ng mga taga-Bauko na may mga nagsasalitang pabulong, **ayásak/tibí**, galit, **ligët**, malakas ang boses, **man-gangës/man-gangëh**, pasigaw, **bëgaw**, bigla at malakas na sigaw, **búgaw/bugták**, mahinang pagsasalita na itinutugon sa kausap, **mayutnút/agutúut/taytáy**. Mayroon din daw mga taong walang tigil sa panenermon, **miyat**, at walang tigil sa pananalita, **míngit/taytáy**. Ang **yamyám** ay sermon o payo sa nagkasala.

#### IV. ESTRUKTURA NG LIPUNAN

##### *Ang Pamilya*

Ang karaniwang pamilya, **sínpangabung/hínpangabung**, ay pinamumunuan ng dalawang taong mag-asawa. Ang tawag sa asawang, **asáwa/aháwa**, babae ay **bakët** at ina ng mga anak. **Lakáy** naman ang asawang lalaki o bana na siyang ama. Ang mga mag-asawa ay agad pinabubukod upang matuto silang tumayo sa sariling paa. Bagama't ang mga magulang ay laging gumagabay at handang tumulong pa rin sa mga anak. Kung ang mag-asawa ay hindi pa bumubukod o sila ay nasa bahay pa ng kanilang mga magulang, ang tawag dito ay **takúm** o **nakitatakúm**. **Nasgí (sëgí)** naman ang tawag kung sila na ay nakabukod.

Ang karaniwang bilin naman sa bagong mag-asawa ay damihan ang mga anak, **gának**, “**Magána-gának kayo.**” Ang babaeng nagdadalantao ay **malitún** at maaaring naglililihi, **man-ínaw**. Ang unang anak at nakatatandang kapatid, babae man o lalaki, ay **iyun-á/yun-á**. **Iyugtán** o **innúdi** naman ang mas nakababatang kapatid. **Kim-út** o **innuúdi** ang bunsong anak. Sila ay magkakapatid, **sin-agí/hin-agí**, **sin-ag-í/hin-ag-í** o **mantutun-úd**. Ang isa pang tawag sa kapatid ay **bësát/bëhát**. **Sin-amá/hin-amá** naman ang mag-ama at **sin-iná/hin-iná** ang mag-ina. Ngunit nangyayari din na walang anak o baog, **básig/báhig**, ang mag-asawa. Ang anak sa labas naman ay tinatawag na **kaplís**. **Bumaëy** ang isang buong pamilya na nakatira sa isang bahay.

##### **Kaugalian sa Panliligaw Hanggang Pag-aasawa**

Sa mga taga-Bauko, walang mahigpit na batas na sinusunod hinggil sa pagpili ng magiging asawa. Ang mayamang lalaki ay maaaring magpakasal sa isang mahirap na babae o maaaring mapaibig ng mahirap na lalaki ang mayamang babae. Ito ay totoo maging noong sinaunang panahon na ugali pang ipagkasundo, **kaísing/kaíhing**, ng mga magulang ang kanilang anak, lalo na sa mga mayayaman upang mapanatili ang kanilang katayuan sa buhay. Noon, nag-uusap ang mga magulang habang sanggol pa ang mga anak na sila ang magkakatuluyan. Minsan, ginagawa ito sa pagitan ng dalawang pamilya para wakasan ang alitan. Para sa mga taga-Bauko, ang sukatan

ng masayang buhay ng mag-asawa ay kung paano nagagampanan ng bawat isa ang kani-kanilang tungkulin bilang asawa at magulang sa kanilang mga supling.

Ang tradisyonal na sistema ng pag-aayos ng pag-aasawa ay **túmuk**. Ito ay isinasagawa kung ang lalaki ay may nagugustuhang dalaga at nahihiyang sabihin ang nararamdaman. Siya ay mag-aatas ng tatlong matatandang lalaki, o mga malapit na kamag-anak, bilang emisaryo na pupunta sa bahay ng nagugustuhang dalaga at mag-aalok ng panukalang kasal. Kung papayag o gugustuhin ng babae, mag-uusap ang mga magulang at magaganap na ang kasal.

Maaari din namang magpunta ng binata sa bahay ng dalagang nagugustuhan upang manligaw, **makibabásang/makibabáhang**. Ito na ang karaniwang nangyayari sa kasalukuyan lalo na sa mga lumalabas ng Bauko. Ang tawag sa kasintahan ay **al-álèm** o **gag-áyam**.

Ang gastusin sa magaganap na kasalan ay pinag-uusapan din. **Susyú** ang tawag kung ang gastos ay paghahatian ng mga pamilya ng lalaki at babaeng ikakasal. Sa kasalukuyan, hindi na masyadong pinagtutuunan ang marangyang kasalan. Nagiging praktikal na ang mga magulang kaya pinapayuhan ang mga anak na kung may perang gagastusin sa kasal, gamiting puhunan na lamang ito sa anumang negosyo para sa kanilang pagsisimula. Ang mahalaga ay mayroon silang papel o *marriage contract*.

Bago ang kasal, may palitan muna ng regalo, **sukat/hukat**; ang lalaki ay kukuha ng panggatong para sa babae at ang babae ay kukuha naman ng kamote, **tugí**, para sa lalaki. **Dáwak**, **sidá** o **hidá** ang engrandeng kasal. Ang imbitasyon sa kasal ay tinatawag na **dèkát**. **Súpun/húpun** ang regalo na maaaring pera o bagay ng mga tao sa mag-asawa sa kanilang kasal.

Bilang pagtatapos ng kasal, ginagawa ang ritwal na **buka/palubúsan**, ang paghihiwalay ng mga taong dumalo sa selebrasyon ng kasal. Susunod na dito ang **ngílin** na mananatili muna ang mag-asawa sa bahay. Dapat walang anumang bagay na mahuhulog dahil maaaring magdulot ito ng kamalasan sa kanilang buhay. Gayundin, kailangang bantayan nila ng magdamag ang apoy sa abuhan, **dap-úwan**, para hindi ito mamatay. Hindi rin sila maaring magtalik, **man-édám**, sa unang gabi pagkatapos ng kanilang kasal.

Dahil maaaring ang mga bagong kasal ay hindi gaanong magkakilala bago ang kasal, maaaring lilitaw ang mga hindi pagkakaintindihan. Pinapayagan ng komunidad ang panandaliang paghihiwalay, **ël-ëlay**, ng mag-asawa dahil sa hindi pagkakasundo. May paniniwala naman na ang masamang nangyayari, nagkakasakit nang walang dahilan, **sakëm/hakëm**, sa asawa o anak ay bunga ng pangangaliwa ng sinuman sa mag-asawa.

Kung hindi naayos ang hindi pagkakaintindihan ng mag-asawa, umaabot ito sa hiwalayan, **síyan/híyan**; maghihiwalay, **man-ílang**, ang mag-asawa. Kung ang unang pag-aasawa ay napawalang-bisa sa pamamagitan ng masinsinang pag-uusap, **tungtúng**, pinapayagan ang pag-aasawa ng pangalawang pagkakataon, **tungtúngan**. Ang taong nakapag-asawa ng pangalawang beses ay **pinmidwá**, lalo na ang isang nabalo, **nalasáng/nalaháng**.

### **Sistema at Kaugalian sa Pagkakamag-anak**

Ang pagkakamag-anak ay nag-uugat sa pag-aasawa at pagkakapatiran. Ang mga magkakamag-anak ay mula sa iisang angkan o mga mag-asawa o magkakapatid na ninuno, **napúwan**. **Tun-úd** o **agí** ang panlahatang tawag sa bawat isa sa kamag-anakan. Ang magbalae ay **man-abalayán**, ang asawa ng anak ay **innapu**, at **katugángan** ang ama o ina ng napangasawa. **Man-abilát** ang tawag sa isa't isa ng mga asawa ng magkapatid. Ang **aydú** ay hipag at ang bayaw ay **kassáud**. **Apú** ang apo o anak ng anak. Ang pamangkin ay **kaanakan**.

Ang **íkit** ay tiya. **Panginaën** ang tiyahin at **pangamaën** ang tiyuhin. **Pingpingsán** ang pinsan na anak ng kapatid ng ama o ina. **Pidpidwá** ang ikalawang pinsan sa ama o sa ina. **Pitpitlú** ang ikatlong pinsan sa ama o sa ina.

Hindi puwedeng mag-asawa ang magpinsan sa una at ikalawang digri sa paniniwalang mayroong hindi magandang dulot sa kanilang magiging supling, tulad ng pagkakaroon ng pisikal na kapansanan. Isa pa, kinikilalang ang magpinsan sa una at ikalawang digri ay magkapatid, **mantun-úd**, kaya hindi magandang tingnan ang kanilang pag-iisa bilang mag-asawa.

### **Ugnayan sa Pagitan ng Bata Hanggang Matanda/komunidad**

Ang pagtuturo ng mga magulang at ng mga matatanda sa kanilang mga anak ng kagandahang asal at narapat na gawain ang pundasyon ng ugnayan sa pagitan ng mga bata at matatanda. Sa pangkalahatan, iginigagalalang ng mga kabataan ang mga matatanda at mga pinuno, **ap-apú**, at mga nakatatandang kapatid, **pangpangúwan** o **iyun-á**.

Ang mga mamamayan, **umíli**, naman ay kilala ang kanilang mga kapitbahay, **kaalúba/sagugúng/hagugúng**, at kababayan, **kailiyán/kailyán**, bilang mga kasama, **ib-á/kadwá**. Maaaring noong unang panahon ay may mga alipin, **báa**, na inaasahan ding sumudnod sa kanilang mga pinaglilingkurang pamilya.

Bilang mga magkakakilalang magkakapit-bahay at mamamayan, sila ay nagtutulungan. Dahil namamahay silang magkakalapit, isang paraan ng pagtulong ay ang **gábut**, pagkuha ng mga gagamiting materyales para sa pagpapatayo ng bagong bahay ng mga taong nasunugan. Inaasahan din ang mga kapitbahay sa **sëbsëb** o pag-apula ng apoy sa pamamagitan ng pag-igib ng tubig at pagkuha ng mga iba pang kailangan. May pagpapatayo din ng **bëkka**, pansamantalang titirhan ng mga taong nasunugan ng bahay. Ang **ligábuy** naman ay pagbibigay ng tulong sa pamilyang namatayan, halimbawa ay sa pagtatapos sa anumang gawaing hindi natapos ng pamilya dahil sila ay namatayan.

Sa pangkalahatan, ang mga taga-Bauko ay may paggalang sa lahat ng tao o **ipugáw**, lalo na sa mga bisita, **sangaili/hangaili** o **mangli** na galing sa ibang bayan.

## **V. ESTRUKTURA AT SISTEMA NG PAMAMAHALA**

### **Pamamahala sa Katutubong Kultura**

Noong sinaunang panahon, ang mga matatandang pinuno, **amam-á**, sa komunidad ang tagagawa ng batas at ang mga pagpulong nito ay nagaganap sa **dap-áy** o **átu**. Sa **dap-áy** o **átu/at-átu** rin nagaganap ang anumang pag-uusap tungkol sa iba't ibang kaso.

Ang batas o tuntunin sa komunidad ay dapat sundin ng mga mamamayan. Anumang paglabag sa nasabing batas ay may kaparusahan na pinag-uusapan ng mga matatanda at pinuno, **ap-apú**. Sa pangkalahatan, wala namang ibang ninanais ang mga pinuno kundi ang **ulnúš/ulnúh** o kaayusan sa komunidad at mabuti **agyúd/gawís/gawih** para sa lahat. Inaasahan nila na tandaan at iwasan ng mga mamamayan ang mga maruruming gawain, **kadudúgis/kadudúgih**, at mga **ináyan**, mga mapahamak na asal o mga ipinagbawal ng katutubong kultura at ng pambansang pamumuhay.

### **Pagpili ng Pinuno**

Ang mga pinunong nanunungkulan sa lokal na pamahalaan ay napili sa pamamagitan ng botohan na isinasagawa tuwing pambansang halalan. Samantala, ang bumubuo sa Lupong Tagapamayapa sa bawat barangay ay mga matatanda na pinili ng kanilang kapwa-matatanda o

konseho ng barangay. Sa pagpili ng pinuno, isinasaalang-alang ang integridad at karanasan ng taong mamumuno.

### **Proseso sa Pagbuo ng Batas**

Sa kasalukuyan, mayroon pa ring **dap-áy** o **átu** sa mga barangay ngunit kadalasang ang mga usapan ay sa mga *barangay hall* na ginaganap. Kung may batas o ordinansa na binuo ang *barangay council*, kanila itong ipinaaalam sa *general assembly*. Kung walang tututol sa nabuong batas o ordinansa, ito ay ipapatupad sa barangay at kung sinuman ang lalabag ay maparurusahan.

Sa paglilitis ng mga kaso tulad ng pagnanakaw, **ákëw**, maaaring tawagin, **paáyag**, ang mga biktima, **naiyam-ësán**, at mga malulupit o **nasúwëng**. Pinapagalitan, **nayamyáman**, ang mga may sala at inaasahan silang makinig at sumunod, **umidngë/dumngë**, sa mga payo o **bágbaga**. Ang mga nahatulan, **namultá**, ay pinasusumpa, **sapatá/hapatá**, na iwasan na ang masama, **madí/lawá**, at huwag maghiganti, **báës/báëh**. Kung minsan naman, ang mga nagkasala ay humihingi ng awa o **sëg-áng/hëg-áng**, lalo na kung hindi nila kaya ang mga parusa.

## **VI. SISTEMANG PANGKABUHAYAN**

### **Iba't Ibang Uri ng Hanapbuhay**

Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Bauko. Mapapansin at matatanaw ito sa mga gulayan at palayan sa tagiliran ng mga bundok. Maaaring bago lumaganap ang pagtatanim ng mga gulay, ang karaniwang pinagkukunan ng pagkain ay ang kaingin o **umá**. Kasama sa pag-uuma ay ang paglilinis ng mga damo at pagbubungkal, **manbasúg/manbahúg/manbëkwál**, upang makapagtanim ng kadios at kamote, **man-ëhëk si/hi kidís ya tugí**.

Ang pagsasaka naman ay nangangahulugan ng pagtatrabaho, **sumalúlung/humalúlung**, sa bukid at paglilinis sa palayan upang matamnan ng palay. Dito kailangang maglinang, **manbaybáy**, ng lupa upang maging palayan. Kasama sa panahon ng **panagsasamá** ang paggamit ng araro, **aládu**, na pambungkal ng lupa, **ságad**, at **saysáy**, isang suyod na may apat hanggang sampung ngiping bakal o kahoy na ginagamit sa pagbubungkal ng basang bukid katulong ang kalabaw, **nuwáng**. Kasama sa panahong ito ang pagpupunla, **panagpapadúg**. Bago itanim ang binhing palay, **padúg**, kailangang bunutin, **panaglalálat**, muna ito sa **padugán**. Susunod na ang panahon ng pagtatanim ng palay, **panagtutunëd**.

Sumasapit naman ang panahon na kailangang bantayan ang mga nahihinog na palay at itaboy o bulabugin ang mga ibong kumakain ng palay sa palayan, **panagbubúwaw** o **panagkidkidáng**, gamit ang iba't ibang panakot-ibon, **kidkidang** o **ëg-ëgyat**, at tirador, **palsiit/palhíit**. Susunod na dito ang tag-ani, **panag-aáni**.

Pagkatapos ng tag-ani ang panahon ng paglalagay ng palay sa imbakan, **asidúlin**. Sa **agámang**, isang kubo, karaniwang iniimbak ang mga inaning palay. Sa pagbabayo naman ay kailangan ang pambayo, **al-ú/lay-ú**, lusong, **lasungán/lusungán**, at bilao, **ligáu**. Maaari ding kailanganin ang mga iba pang basket, **akgú** at **lagbá**, na gawa sa kawayan at uway/yantok.

Ang pagtatanim naman ng gulay, **mangaldín**, ay nangangailanangan ng paglilinis ng damo, **manlugam**, bago magtanim, **man-ësëk**. Mahalaga din na palaging magdilig, **mansibug/manhibug**. Ang ilan sa mga kasangkapan sa gulayan ay ang asarol, **gabyún** at **kalaykáy**, isang kasangkapang bakal na panghukay at may anyong tinidor. Kapag nihan naman ay karaniwang makikita ang **gimáta**, dalawang basket kung saan inilalagay ang mga gulay at palay. Ang dalawang basket na ito ay nakabitin sa magkabilang dulo ng mahabang piraso ng kahoy na may limang talampakan at pinapasan ng mga lalaki sa balikat. Kung hindi naman ay isang matangkad na basket, **tiklís**, na lalagyan ng mga gulay na pinapasan pa rin ng mga lalaki. Ang **núwa/lúwa** naman

ay basket na may dalawa at kalahating talampakang diyametro at limang pulgadang lalim na ginagamit ng mga kababaihan upang magdala ng mga palay o kamote. Gamit naman ng mga babaeng panlinis ng damo, **lúgam/béás/béáh**, at pambungkal ang dulos o **sanggáp** at **súwan**.

Ang iba pang mga gawaing dagdag sa pagtanim ay ang pag-aalaga ng baboy at manok, **mantalakén si/hi utík ya manók**, pangangaso, **man-anóp**, gumawa ng mga tabla, **manlagádi**, o magputol ng kahoy, **káiw**. Mayroon namang natutuhang maghilot, **mangilot**.

Ang mga taga-Bauko ay mayroon ding mahabang kasaysayan ng paghahabi bilang hanapbuhay at dahil sa pangangailangang gumawa ng mga katutubong kasuotan. Ang ilang mga gamit ng isang **man-abë**, tagahabi ay ang mga sumusunod: **uláwan/saúdan**, kagamitang yari sa kahoy na ikiran ng mga sinulid sa paghahabi; **sikuwán** (*shuttle*), kagamitang yari sa kahoy kung saan nakakabit ang mga sinulid na ipinapakain sa paghahabi; **balíga**, kagamitang yari sa kahoy upang paghiwalayin ang mga sinulid. Isang kabalikat na gawain sa paghahabi ay ang paglalagay ng lubid sa sikuan, **mansiku/mënsiku**, at pagkikidkid ng sinulid, **puđún**.

Sa paglipas ng panahon, unti-unting nag-iiba ang trabaho ng mga tao dahil sa edukasyon, paglakas ng pambansang gobyerno, at pag-inog ng mundo. Kung gayon, marami-rami na rin ang nagtatrabho bilang mga guro sa iba't ibang baitang, at mga trabahador sa iba-ibang opisina, **mangupisina/mangupihina**. Masasabing ang mga mamamayan ng Bauko ay hindi lubhang naghahirap. Ito ay dahil marami-rami na rin ang mga nakapag-aral at hindi lamang pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sapagkat naturuan na rin silang magnegosyo.

### **Estado at Kalagayang Panlipunan na Nakaugnay sa Hanapbuhay**

Naging patakaran na ngayon na kailangang sabay-sabay sa paggawa ang mga tao kapag panahon ng paghahasik ng binhi at pagpupunla, pagtanim, paglilinis, at tag-ani. Ipinaliliwanag ang patakarang ito na kapag sabay-sabay ang paggawa ng mga tao sa bukid, malilintang ang pagkakaunawaan, pagkakaisa, pagtutulungan at pagbibigayan, na magbubunga ng tagumpay at kaunlaran ng nayon. Kung sabay ang paghahasik ng binhi, sabay rin kung tumubo at lumaki ang mga punla. Sa ganitong paraan, sabay ang pagtanim, paglilinis sa mga damo, paglalaan ng tubig sa mga palayan at pag-aani.

Maaaring isagawa rito ang **ug-ugbú** o ang pagtutulungan upang maging magaan ang trabaho sa bukid. Magiging katuwang ng mahihina ang malalakas gayon ding makatutulong ang mga taong kakaunti ang sinasaka sa mga taong may malawak na sakahan. Maiiwasan din ang pag-aagawan ng tubig na dumadaloy sa bawat palayan sapagkat magkakaroon ng salit-salitan at makatarungang pamamahagi ng tubig. Ang patakarang ito ay laging sinusunod ng mga tao kaya laging tagumpay ang mga gawain sa bukid. Naiiwasan ang panlalamang, walang naiiwan sa trabaho, at laging nagkakasundo sapagkat sama-sama sila sa mga gawain.

### **Mga Ritwal, Proseso at iba pang Kaugnay na Kaalaman Hinggil sa Hanapbuhay**

Kinikilala ng mga mamamayan na ang magandang panahon para sa pagtanim ay ang **bëkas**, ang unang panahon ng pag-ulan o ang panahon ng Marso hanggang Abril. Kaugnay naman sa buwan, ang **Bëska** (*first quarter*) ang magandang panahon ng pagtanim. Ang **Kudang** (*full moon*) ay hindi magandang panahon sapagkat hindi mamumunga ang itanim. Ganoon din ang **Tëkë** (*last quarter*) dahil mababansot ang pananim. Ang mga araw na walang buwan, **Lëned** ay hindi rin magandang panahon ng pagtanim.

Ang pangkalahatang ritwal kaugnay ng pagsasaka ay ang **Pakdë**. Ito ay gawain ng komunidad na kinasasangkutan ng buong pamayanan na isinasagawa bago at pagkatapos ng anihan. Isinasagawa ito upang maghanap ng magandang pangitain. Dito ay tinitingnan ang apdo,

**pidís/pidíh**, ng kinatay na hayop bago isagawa ang anumang napagkasunduang gawain (Vanoverberg, 1954, sa pagbanggit ni Dotimas) gaya ng pagtanim at pag-aani. Ang ritwal ay isinasagawa din para maghandog ng pasasalamat at paghiling kay Kabunyan ng masaganang ani. Ang nagsisilbing lugar para sa ritwal na ito ay isang mas nakaaangat na lugar, **Pakpakēdlán/Pakēdlán**, na aakyat ng mga matatanda at doon gaganapin ang malaking ritwal. Doon nakatayo ang sagradong punong pinaniniwalaang pinananahanan ng mga espiritu tulad ng mga **timmēngaw**. Ang sagradong punong ito, **Patpatáyan**, ang nagsisilbing parang altar.

Maliban sa malaking pampamayanang ritwal, ang mga mas maliit na grupo ng pamilya ay magsasagawa din ng kanilang ritwal. Ang **Dēnēt** ay ritwal na isinasagawa sa palayan o taniman ng gulay para sa masaganang ani. Ang **Lēpás** ay ritwal na isinasagawa pagkatapos ng anihan bilang pasasalamat kay Kabunyan. Karaniwan namang itinatakda ang **Ngílin** o **Tēngaw**, araw o mga araw ng pamamahinga bilang pagsunod sa batas pagkatapos ng mga ritwal. Bilang paalala na walang dayong dapat aapak sa bakuran ng mga nagngi-ngilin, naglalagay ng **pádang**, limang piraso ng patpat sa harapan ng bahay. Ang mga hindi tumatalima ay may kaukulang parusa.

Kung umaasenso naman ang isang tao dahil sa kanyang pagtatrabaho at nakabibili ng mga bagong ari-arian, siya ay nagsasagawa ng **Tandám** o ritwal ng pasasalamat para sa mga bagong biling lupa, bahay, o sasakyan.



**Larawan 9. Mga mamang *carrot* ng Bauko**

Nililinis at ikinakarga sa isang trak ang mga bagong aning carrot ng mga kalalaking ito. Unti-unti na rin nilang natutuhan ang tungkol sa organic farming at good agricultural practices (GAP).  
BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**Larawan 10. Pagtutulungan sa pag-aani at pag-iimpake ng carrot**

Ito pa ang mga *carrot men*. Makikita dito ang dalawang basket na gawa sa alambre at nakatali sa magkabilaang dulo ng kahoy. Ito ang **gimáta** na kinakarga sa balikat. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## VII. RELIHIYON

### **Katutubong Paraan ng Pagsamba sa Dakilang Lumikha**

Ang selebrasyon ng **Bëgnás Di Baúko** ay isinasagawa bilang pasasalamat ng mga mamamayan ng Bauko kay Kabunyan. Hanggang sa kasalukuyan, ito ay taunang ipinagdiriwang sa buwan ng Marso.

Ayon sa kanilang kasaysayan, nagsimula ang **Bëgnás** sa panahong aktibong nakikipagdigma ang mga tao sa ibang kaaway na tribu upang mabuhay. Upang magtagumpay, kinakailangan nilang lumabas ng bahay sa unang pagtilaok pa lamang ng manok at pumunta sa lugar kung saan sila makakakita ng kalaban. Kapag nakapugot ng ulo, sila ay nagbubunyi sa daan, hanggang makauwi sa pamayanan.

Ang pagpugot at pag-uwi ng ulo ng kalaban ay ginagawa para mapabuti ang ani at ang paraan ng pamumuhay sa komunidad. Noong panahong iyon, naniniwala ang mga tao na ang ulo ng kalaban ang magpapalusog sa lupang unang nilinang ng kanilang mga ninuno, magpaparami ng butil ng mga palay, magpaparami ng malalaking kamote at magpaparami ng malulusog na hayop.

Sa pagdaan ng panahon, habang nabubuo ang pagkakaibigan ng bawat tribu at nangangagkapangasawahan ang mga tao, unti-unti nang nawala ang pamumugot ng ulo. Nahinto ang digmaan ngunit hindi nawala ang pagkakataong humihina ang ani ng mga tao. Sa sitwasyong ito, ayaw balikan ng mga tao ang pamumugot ng ulo hanggang sa naisipan nilang magsagawa ng pagdiriwang o **kanyáw** upang basbasan ni Kabunyan ang lupang ibinigay sa kanila at magkaroon sila ng masaganang ani. Dito sumilang ang **Bëgnás** bago ang pagtatanim at ang **Bëgnás** pagkatapos ng tag-ani.

Sa **Bëgnás** bago ang pagtatanim, ginagaya ng mga tao ang paraang kinagawian ng mga nauna sa kanila, ngunit sa halip na totoong tao ang makakalaban, sila ay nagdidisenyo ng kunwaring tao bilang kalaban at iniuwi ang ulo sa **átu**. Pagdating sa **átu** ay isinasagawa agad ang **pulút**, ang **kanyaw** bago ang paghahasik ng mga binhi ng palay sa mga binhian, **padugán**. Ito ang pambukas na **kanyáw** ng buong nayon. Dito, sasayaw ang lahat sa pangunguna ng mga mandirigma habang inaawit ng matatanda ang **dayákus**, o dalangin na nawa'y basbasan ni Kabunyan ang lupa, ang mga tao, ang mga binhi at mga punla upang magkaroon ng masaganang ani. May pagsasalaysay na paawit, **daíng**, din sa pagsisimula ng **Bëgnás**.

Ang **Bëgnás** pagkatapos ng tag-ani ay seremonya bilang pasasalamat kay Kabunyan dahil sa ipinagkaloob na masaganang ani sa mga tao. Ang mga ritwal dito ay tulad din sa naunang nailahad na **Bëgnás**. Ang pagkakaiba lamang ay makikita sa layunin ng gawain. Kung paghingi ng proteksiyon sa mga tanim ang naunang **Bëgnás**, pasasalamat naman kay Kabunyan ang sa huli. Inaawit din ang **dayákus** sa **Bëgnás** na ito ngunit higit na binigyang-pansin ang pasasalamat sa mga biyayang kaloob ni Kabunyan sa mga tao.

Ang taunang **Bëgnás Di Baúko** ang nagpapatunay na buhay na buhay sa puso ng mga katutubo ang diwa ng nakaraan. Ang pagkakaisa nila at pagtutulungan upang magsama-sama kahit isang beses sa loob ng isang taon ay tunay na hinahangaan. Hindi naging hadlang ang mga kabundukang namamagitan sa kanilang mga barangay upang hindi magkatipon-tipon upang samasamang magpasalamat kay Kabunyan. Ipinagbubunyi ang masaganang aning ipinagkaloob taontaon, at ang espiritu ng pagkakapatiran, pagkakaisa at pagtutulungan. Ito ang lalong nagpapatatag sa kanila upang magsilbing kawing ng nakaraan sa kasalukuyan. Ito ang kanilang inspirasyon upang maalagaan din ang lupang ipinagkatiwala ng kanilang mga **alapú**. At bilang tagapamahala, hindi nila nakaliligtaang talakayin sa selebrasyon ng **Bëgnás** ang ilang isyung lalong magpapaunlad sa kanilang pamayanan tulad ng pangangalaga sa kagubatan, pakikipagkapwa-tao at pakikisangkot sa mga gawaing pangkalusugan.

Sa pamamagitan ng kanilang mga sayaw, awit, kuwentuhan, at pagbabahaginan ng pagkain, naitataguyod nila ang kultura ng kanilang mga ninuno. Habang isinasayaw nila ang **ballángbang**, isinisigaw nila ang kanilang tagumpay bilang malayang mamamayang taga-Bauko. Habang inaawit ang **dayákus**, isinisigaw din nilang sila ay may relasyon kay Kabunyan na patuloy na nagbibigay-biyaya sa kanila. Sa pakikipagkuwentuhan, ipinakikita nilang malaya nilang naibabahagi ang saloobin para sa kapakanan ng nakararami. Habang ibinabahagi ang kanilang pagkain, pinatutunayan nilang hindi sila maramot at handang tumulong sa mga nangangailangan. Sa pagsusuot ng **tápis** o kaya ay **wanës** o **bahág** ay ipinapakita nila ang kanilang kaugnayan sa mga ninunong nag-iwan ng kaugaliang simbolo ng kanilang kalinangan.

Ang ilan sa mga ritwal ng sinaunang **Bëgnás** ay nakikita pa rin sa kanilang **Bëgnás** sa kasalukuyan. Ang ginagawa nilang pagsisikap upang makiisa sa tunguhin sa ikauunlad ng pamayanan ay isang uri ng pakikipaglaban. Ito ang tunay na diwa ng **Bëgnás**.

Ngayon, pumasok na ang iba-ibang relihiyon mula sa loob at labas ng bansa na tinatanggap na ng mga mamamayan. Laganap na sa gilid ng mga kalsada ang iba't ibang karatulang nag-iimbita

sa mga simbahan. Nakamamangha ang paraan ng mga tao kung paano nila inaayos ang mga pagbabagong buhay na hinihingi ng makabagong paniniwala.

### **Kaalaman Hinggil sa Relihiyon at Dakilang Lumikha**

Si **Kabunyán** ang pinaniniwalaang Diyos ng mga katutubo na lumalang sa kanila, pumapatnubay at nagbabasbas sa lahat ng kanilang mga gawain. Siya na hindi makita, **Adí Kaíla**, ang lumalang, **Nangsápu/Nanghápu**, lumikha sa lupang sinilangan at pinanggagalingan ng ikinabubuhay. Kasama naman sa mga iginagalang ang mga **Anítu** o **Timmëngaw**, espiritu ng mga namatay na mga ninuno at iba pang poon na nasa mga kahoy, halaman, puno at mga bato sa mga kabundukan.

**Ináyan** ang paniniwalang anumang masamang ginawa sa mga hindi nakikita at sa kapwa ay may katapat na parusa. Kaugnay nito ang hindi paggawa ng masama, **paníyëw**, bilang paggalang sa mga ninuno o kay **Kabunyán**.

Ang mga nabanggit na poon ay inaalayan ng mga **kalálag** at **adáwag**, mga petisyon, panalangin, **báki/atëd/íd-idëw**, na isinasagawa sa anumang ritwal, at mga alay, **atang**. Ang seremonya ng kasal na **bayás/dáwak** ay tawag din sa paraan ng pagpapakita ng pasasalamat at kasiyahan sa mga biyayang natanggap kay **Kabunyán**. May iba-ibang seremonya, na pangkalahatan nang tinatawag na **kanyáw**, na isinasagawa kaugnay ni **Kabunyán**. Ang **kanyáw** pagkatapos ng tag-ani, **Bun-ung**, ay dasal din ng pasasalamat kay **Kabunyán**. Ang **Butun** ay **kanyáw** bago ang tag-ani. Ang **Baskáng** ay kanyaw para sa tagumpay ng nagtatagal ng mahigit na sampung araw. Maaaring pito o sampung baboy at sampu o mahigit na manok ang kinakatay. Ang **Këdáv** ay ritwal upang humingi ng pabor kay **Kabunyán** o sa mga espiritu ng mga namayapang ninuno. Ang **kanyáw** na **Kënta** ay para humingi ng bendisyon tuwing natatapos ang iba't ibang gawain sa bukid tulad ng pagpapatubo ng mga binhi ng palay, pagtanim, at pangangalaga sa mga pananim. Ang **kanyáw** pagkatapos ng mga gawain sa bukid, **Lëpás**, ay upang humingi ng bendisyon kay **Kabunyán** na protektahan ang mga pananim at magdulot ng masaganang ani. Ang **Lëglëg** naman ay ritwal ng paghingi ng tulong sa mga espiritong naninirahan sa tubig upang mapanatili ang magandang daloy ng tubig. Ang paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga espiritu ay **padpád**.

May mga espiritu ding itinuturing na masama, **kakadíng**, sapagkat nagbibigay ng kaparusahan sa mga tao at sila ay nagkakasakit o namamatay. Ang paraan ng pagpapagaling sa pananakit ng tiyan at pagsusuka ng isang tao ay ang **Manliblibáyan**. Isinasagawa ito ng matanda sa pamamagitan ng paghaplos sa pusod sabay ng pagbigkas ng isang panalangin. **Mansip-úk/Manhip-úk** naman ang mga matandang nagsasagawa ng ritwal para malaman ang dahilan ng pagkakasakit ng isang tao. Ang ritwal ng paglilinis, **Daw-ës**, ay isinasagawa sa paniniwalang mailayo sa anumang kapahamakan o matigil ang hindi kanais-nais na gawain o pangyayari sa buhay ng isang tao.



**Larawan 11. Makabagong relihiyon**

Laganap din ang iba't ibang klase ng relihiyon sa lugar, mga luma at bago. May mga grupo na gumagamit ng katutubong wika sa kanilang mga kanta, pagtuturo, at pagsamba. NATUBLENG, BUGUIAS, BENGUET /jbeltran



**Larawan 12. Bayan ng mga gulay ang Bauko dahil sa malamig na klima**

Inaani ng mga magsasakang babae ang kanilang wombok o Chinese cabbage. Ang pag-aani ay karaniwang pagtutulungan ng mga magkakapitbahay. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 13. Tulong-tulong ang mga magkakamag-anak sa paggugulay**

Ikinakarga ang mga gulay sa mga malalaking basket upang dalhin sa gilid ng kalsada at ikakarga pa rin sa isang trak na magdadala sa palengke. Maaaring dalhin ang mga gulay sa La Trinidad, Bontoc, Banaue, o direktso sa Maynila. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 14. Pagandahan ng kamada ng wombok sa trak**

Masinsin ang pagkakakamada ng mga gulay sa isang trak na magdadala sa palengke. Mapapansin ang malikhaing pagkakaayos ng mga gulay sa mga sasakyan. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

**VIII. MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA AT TRADISYON**

Malaki ang pagpapahalaga ng mga taga-Bauko sa kanilang katutubong kultura. Ang pagdiriwang ng makabagong **Bëgnás Festival** taon-taon ay isang patunay ng pagbibigay-halaga sa kulturang pamana ng kanilang ninuno. Ang kahusayan din ng mga kabataang **i-Baúko** sa pagsayaw, pagtugtog, at pag-awit ng mga katutubong sayaw at awitin ay indikasyon ng pagkakaroon ng pagsasalin ng kultura sa mga sumusunod na henerasyon.

*Sining*

Makikita ang pagkamasining ng mga taga-Bauko sa paggawa nila ng kanilang mga katutubong kasuotan, laro, kanta, musika, sayaw, ritwal, bahay, kagamitang pambahay at pantrabaho, at paggamit ng wika.

Ang tradisyunal na paghahabi ng mga i-Bauko ay ang **binallíga** kung saan nakatali sa manghahabi ang isang dulo ng mga sinulid. Kasama ang katawan ng tagahabi sa pagbanat at pagpapakawala sa mga sa mga sinulid. Kung gayon hindi madaling ihinihinto at iniwanan ng tagahabi ang kanyang ginagawa, na mas madaling nagagawa ng mga makabagong habian na

hiwalay sa tagahabi. Ang tanyag na hinabing kumot, **pinagpágan**, ay kulay puti, **puláw**, at itim, **mángngëti**, at may disenyong parang mga mata. Ang tawag sa pares o kahawig nitong bahag o **wanës** ay **sinuláman**. **Tingkëm** ang isa pang uri ng hinabing kumot na ang kulay ay itim at puti, at may guhit na itim sa gilid nito; **bináëd** ang tawag sa pares o katulad nitong malapad at makapal na sinturon o **bakgët** ng babae. **Sinikwit** naman ang kumot na kulay pula, **mángngadda**, at itim. Ang pares nitong **bakgët** ay disenyong **sinulaman** din. Mahalaga ang **bakgët** sa mga kababaihan upang higgitan ang kanilang baywang. Ito ay nakatutulong sa pagbibigay ng lakas sa kanilang pagtatrabaho.

Ang paldang lapid ng mga babae, **gëtáp**, ay may dominanteng kulay na pula at berde, at may kaunting guhit na itim at puti. Ang blusang **lámma** ay kulay puti at pares ng mga tapis na maaaring maliit na bersiyon ng mga naturang kumot. Ang mga blusang **pënët** ay gawa sa mga materyal at disenyong tulad din sa tapis. Bilang palamuti, gumagamit din ang mga babae ng **bëngë** o *beads* na pahaba at kadalasang puti o pula ang kulay at kung minsan ay dinadagdagan pa ng mga kuwalta at medalya. Nilalagay ito sa ulo o ginagamit na kuwintas.

**Wanës** o bahag naman ang hinabing salawal ng mga lalaki. Pinapares dito ang **bëdbëd** o pamutong (*headgear*) para sa mga lalaki. Ang telang **pangyú** ay pares na pamutong ng kumot na **pinagpágan**. May inilalagay ding tali sa braso ng mga lalaki. Ito ang **tangkíl** o **sawin di utík** na sumasagisag sa katapangan. Isang katutubong palamuti sa balat ng lalaki at babae ang makahulugang **batëk** o tatu, na nagbabago na rin ang kahulugan at mga kagamitan tulad ng *henna*.

Pati sa mga kumot para sa mga patay ay may mga pagkakaiba. Ang **bandála** ay kumot na kulay madilim na asul o itim at puti. Ang **aladdáng** ay kumot para sa mga mayayaman. Ang **bayyáung** ay itim na may guhit na puti sa gitna; mayroon din itong pares na **wanës** na katulad ang kulay nito.

Para naman sa mga laro, gumagawa ang mga kabataang lalaki ng kanilang sariling turumpo o **kampúso** o **bawwët**, na maaaring hindi gumagamit na pako. Sa larong ito, sisikapin ng bawat kalaban na basagin o pahintuin ang **bawwët** ng kalaban. Ang **daldálit** ay laro sa tubig na sisikapin ng taya na hulihin ang kasamang manlalaro na tinatawag na **dalít** o igat. Ang mahuhuli ang susunod na taya. Sa **akkád** naman, ang bawat manlalaro ay gagamit ng tayakad. Lalakad o magtatakbuhan ang mga manlalaro at sisikaping paalisin sa daan ang kalaban sa pamamagitan ng pagsipa sa tayakad ng kalaban. Kung minsan ang karera ay pag-akyat sa matarik na burol at ang unang makararating sa tuktok ang panalo. Ang **galgaldú** ay larong gumagamit ng mga pinutol na patpat na ang sukat ay katulad sa ordinaryong lapis. Nilalagay ang mga patpat sa likuran ng isang palad, iiitsa sa itaas at mabilis na manghuli muli ng mga patpat sa parahong kamay. Mananalò ang may pinakamaraming masalo.

Ang pagmamasahé naman ay bahagi ng kaugalian ng mga taga-Bauko, lalo na bilang pagkakakilalahan ng mga bata at mga matatanda. Karaniwang sinasabihan ang mga bata na masahihin ang mga matatanda. Ang **pëkkël** ang pagmasahé sa mga hita at braso. Ang **gìsgìstú** ay pagmasahé sa ulo sa pamamagitan ng pagkamot. Ang pagmasahé sa talampakan ng paa o kaya'y pagkamot sa talampakan sa pamamagitan ng dalawang istik o patpat ay **kulkúlis**.

## Literatura

Ang munisipalidad ng Bauko ay mayaman din sa mga karunungan bayan tulad ng mga bugtong, **bunbuntiya**, salaysayin, **dad-dad-át**, na maaaring binibigkas na paawit o patula (**day-ëng**, **úggayam**, **liwliwá**, **daíng**, **báyya-u**), at mga kuwentong bayan. Sa ilang mga kuwentong bayan mababakas ang pangangaral ng mga matatanda sa kabataan at naipapasa ang mga karunungan sa susunod sa henerasyon. **Dad-át** ang mga salaysay na binibigkas ng mga matatanda.



Itinuturing ang **day-ëng/day-ën** bilang pangkalahatang awitin ng mayaman o mahirap sa anumang sitwasyon at anumang oras. **Day-ëng/Ayyëng** ang paawit na salaysay na binibigkas ng mga matatanda sa kasal. **Liwliwá** ang paawit na salaysay tungkol sa alin mang paksa na binibigkas ng mga matatanda.

**Lakúgëy** ang awiting patula ng mga batang lalaking kumukuha ng panggatong sa kakahuyan. Ang pagtatalong patula o paawit ng isang lalaki at babae habang sila ay nakaupo sa duyan ay **Id-dádang**. Ang unang maubusan ng sasabihin ay talo. Ang **dukdukati** ay lokal na bersiyon ng larong katang **Bagbagto** ng Bontoc. Ang **sulin** ay inaawit sa **kanyáw** ng tagumpay, minsan sa umaga at minsan sa gabi sa loob ng pitong araw. Ang **daíng** ay awitan ng mga grupo ng mga matatandang lalaki at babae na naglalatagan at nag-aalalayan ng mga ideya o turan sa mga masayang selebrasyon tulad ng mga kasal at pista. Ang **békás** ay maikling panalangin bago ang **daíng**. Ang **ayuggá** ay isang **daíng** na mas mabilis ang tempo at inaawit sa panahon ng sakripisyong **pus-ík**, panggabing ritwal para sa pag-asenso.

**Dasay** ang awiting patula o dasal kapag ang binabantayang maysakit ay naghihingalo na. **Bayyá-u** ang salaysay na paawit na binibigkas sa lamay. Ang awit na pasalaysay na binibigkas ng mga kababaihan sa lamay ay **kadungyásan**. **Bayyúg** ang awit sa panahon ng sakripisyong **ëpas** at **susu day-ëng** ang awiting patula na binibigkas kung ang bangkay ay ilalabas na sa bahay papunta sa libingan.

Noong unang panahon, sa **at-átu** naririnig ang mga kuwentong bayan. Sa mga kuwentong bayan ay inilalarawan din ng mga matatanda kung paanong sa pamamagitan ng mga kaugalian ay nagagawa nitong pagkaisahin ang mga tao tungo sa isang mabuting hangarin kaya nawawala ang kaisipang kanya-kanya, bagkus, pinalalabas nito ang konseptong para sa lahat. Narito ang isang halimbawa:

### **Ballákay (Kankanáëy)**

Ëd nabaón, wáda kanó si Ballákay ay nënbëy ëd Banáw. Anggay kanó ay agy-agyúd san íkkanda ay matágo. Kanánët di amam-á ay mënsidá da ët siya ët nan ínkanda. Nën-palti da si otík ya ët maíd di pidís na. Kinwanin ët di mankútom ay kumaan ta inayan ët sa't matëy. Siya ët inkanna id makwas san gilin da.

Ëmmëy ët ëd Guinzadan ët umasáwa isdi ët wada'y lima ay anak da. Ësa'y nasdëm nën-iitaw ay napoowan san bëy da, gapu ta siya ët mankútom dëdan ninëmnëm na ay patëy san tulóng na isunga saët kasín kumáan ta ináyan. Umëy ët siyá ëd Pandayan sana ët dëngngën ay napo-ówan tët-ëwa san bëy da ëd Guinzadan. Nëntauli ëd Guinzadan ët sapuën kasín san bëy da gapu tay naming-adu ay nënpapa ët siya ët nan nautangan na.

Ësa'y agëw, inayagan Kallibu ay umëy da manabako, ngëm inan-andëyan na tay maíd síping na. Inyaan Kallibu siya si pundu na sada ët manlubwát. Isnan bëngët di ili intukdu da ta umila da si labëg. Kawwánan da ët san kuyát ay mënkankanta si aadu-ado, ya kapagto-pagtok isnan panga dí káiw. Bilangën na san panga ët simpu ya duwá. Kanan ët Ballakay ay mëntaúli da tay mënsakit san buwang na. Idi sumaa da, inayagan Ballakay si Kallibu ay uminom da si tapëy. Idi mën-in-inom da si tapëy, dinundon Ballakay san babalo ay paltiën da san kaóng na. Mënnëmnëmnëm si Kallibu ay sumaa ngëm kanan Ballakay ën awni ta makakanda sapay sumáa. Idi malpas da ay nangan, sinmaa si Kallibu ët papaën na san mangëb-ëb ay manók.

Siya at di ët no umëy da manabako dakdakë san galansiyan Ballakay no si Kallibu. Kumadangyan ët si Ballakay at mënlatang si kapayë-payëw. Umëy san taw-ën ët matëy si

asawa na sana ët dilusën si ad-ado ya dakdakë ay utík. Isnan nasdëm di punpon, dëngngën Ballakay ay kak-an asawa na ay, “Ballakay, adiyak makadoddodo isnan kauti-utík ay nay.” Ëgay siya nënkalkali, sin-ëd na ay guminëk si asawa na sapay umëy isnan bitlëng di sagúgong na dánat kanan, “Ayka ta dodoëm san utík ay nay da,” kaná na danët kumaan. Binmala san sagugong na ët kanana, “Into san utík ay dodoëk?” Ëgay nënbayag natëy ët san sagúgong Ballakay.

### **Ballákay (Filipino)**

Noong unang panahon may isang lalaking nagngangalang Ballakay na nakatira sa Banao. Nabubuhay sila nang masagana. Upang ito ay mapanatili, pinayuhan sila ng mga matatanda na magsagawa ng **sida** (pista). Nagdiwang nga ng pista. Nagkatay sila ng baboy ngunit natuklasang ang baboy ay walang **pidís** (apdo). Pinayuhan siya ng **mankútom** (pinaka-pari ng pamayanan) na lisanin ang kaniyang pamilya para hindi siya mamatay. Sinunod niya ang payo ng **mankútom** kaya siya ay umalis patungong Guinzadan.

Sa Guinzadan, muli siyang nag-asawa at siya ay biniyayaan ng limang anak. Isang gabi, napanaginipan niya na ang kanilang bahay ay nasunog. Bilang **mankútom** naisip niya na ang panaginip ay nangangahulugan ng kamatayan.

Siya ay tumungo sa Pandayan at doon siya tumira. Doon ay nalaman niya ang kaniyang bahay sa Guinzadan ay totoong nasunog katulad ng ipinahiwatig ng kaniyang panaginip. Siya ay bumalik sa kaniyang pamilya at itinayo muli ang bahay. Ang pagpapatayo ng nasunog na bahay ay nangangailangan ng maraming ritwal kaya’t siya ay nagkautang-utang. Bunga nito, niyaya siya na magnegosyo ng kaibigang si Kallibu sa pamamagitan ng pamamakyaw at pagbebenta ng tabako. Sinabi niyang wala siyang perang pangnegosyo kaya pinahiraman siya ni Kallibu ng puhunan.

Isang araw habang sina Kallibu at Ballakay ay nasa daan patungo sa kanilang hanapbuhay, tumigil si Ballakay upang tumingin ng isang magandang **labëg** (pangitain). Sumandali lamang ay nakakita sila ng ibong umaawit ng labindalawang iba’t ibang kanta habang umaakyat sa labindalawang sanga ng isang puno. Nagyaya si Ballakay na sila ay umuwi muna at ipagpaliban ang pagbiyahe dahil sumakit ang kanyang tiyan. Pagdating sa bahay ay niyaya ni Ballakay si Kallibu na uminum ng **tapëy**. Pagkatapos ay humingi siya ng tulong mula sa mga kalalaking naroroon na katayin ang kanyang baboy. Nag-isip-isip si Kallibu, nagpaalam siya kay Ballakay na siya ay uuwi na ngunit pinigilan siya nito. Matapos kumain ay umuwi na si Kallibu at nagkatay rin ng isang manok.

Ang dalawa ay nagpatuloy sa kanilang mga negosyo. Si Ballakay ay naging mapalad, mas malaki ang kanyang kinita kaysa kay Kallibu at dahil dito si Ballakay ay nakapag-ipon at nakapundar ng mga lupa. Siya ay yumaman at naging kilalang tao sa lipunan.

Noong mamatay ang kanyang asawa, kinatay ang mga alaga niyang baboy. Sa gabi ng libing, habang siya ay naghahandang matulog, narinig niya ang tinig ng kanyang asawa na nagsasabing, “Ballakay, hindi ko maigiya ang mga baboy sa kanilang pupuntahan.” Hindi sumagot si Ballakay, naghintay siya ng ilang saglit, at nang mawala ang tinig, tumungo siya sa kanyang kapitbahay. Sa labas ay nagsalita siya at nagsabing, “Halika at igiya mo na ang mga baboy sa kanilang pupuntahan.” Agad din siyang umalis pagkasabi nito. Narinig ng kapitbahay ang tinig ni Ballakay pero nang makitang wala ito sa kanyang bakuran, sinundan niya ito sa bahay. Tinanong niya si Ballakay, kung nasaan ang baboy na

igigiya. Hindi sumagot si Ballakay kayat umuwi na lamang ito sa kanyang bahay. Hindi nagtagal at namatay ang kapitbahay.

### **Sayaw at musika**

Ang pangkalahatang katangian ng mga sayaw sa katutubong kulturang Bauko ay ang pagsali at pangunguna mismo ng mga tumutugtog ng mga kagamitang musikal. Ang **Ballángbang** ay sayaw para sa tagumpay na tinatawag ding **Tallíbëng**. Katulad nito ang **Tallífèng** sa silangan ng Mt. Province. Nagkakaiba lamang ang mga grupo ng mananayaw sa hakbang, tempo at pagganap. Sa **Ballángbang**, walang mga mandirigmang nakahawak ng sandata na kunwaring naglalaban habang sumasayaw. Ito ay isinasayaw tuwing kasal, **Bëgnás**, at kultural na palabas. May anim (6) hanggang sampung (10) manlalaro ng **gangsá**.

Ang mga **gangsá** ay instrumentong plato na yari sa tanso ay itinuturing na sagrado kayat hindi ito basta-basta na lamang ginagamit lalo na kung walang dahilan. Ang pagpapatugtog ng gangsá ay nangangahulugan din ng pakikipag-usap kay **Kabunyán**. Sa mga taga-Bauko, ang musikang likha ng **gangsá** ay nangangahulugan ng saya o kasayahan at ito ang dahilan kung bakit hindi ito pinapatugtog sa lamayan. Madalas itong pinapatugtog ng mga mamamayan sa mga mahahalagang okasyon katulad ng mga iba-ibang **kanyáw**, **Bëgnás**, **bayás**, at **sidá**. May bahagi ng selebrasyon ng **Bëgnás** na ginagamit ang mga kahoy na kalasag, **pakgalung**, sa halip na **gangsá**.

Ang **Takík** o **Pallakís** ay sayaw sa kasal na may pitong mananayaw: ang **mannalíbaw** o tagatugtog ng tambol na **sallíbaw**; ang **mënsúnob**, pangunahing tagatugtog ng gansa; **mënpingsán**, pangalawang gangsá; ang **awat**, pangatlo at pangkontrang gangsá; ang **mantakík**, tagatugtog ng **takík**, isang pares ng putol na bakal na itinitiktik sa isa't isa at pinaghanguan ng pangalan ng sayaw; ang lalaking **manáyaw**; at ang babaeng mananayaw, **mannalíbi**.

Ang **Pinanyúan** ay sayaw sa panliligaw na may hawak-hawak na malapad na panyo ang mga lalaki at babaeng mananayaw. Isinasayaw ito sa kasal, unang silang na anak, unang kaarawan, anibersaryo, at mga okasyon tulad ng **Bëgnás**. Ang ilang anyo at hugis ng sayaw ay ang **Sádung** o **Salíbi** kung saan ang mga braso ay nakataas na parang sumusuko, nakabukas ang mga palad. Ang **Salidsíd/Halidhíd** naman ay galaw ng mga balakang at paa na animo'y hinahabol ang kapares na sumasayaw.

Maalam din ang mga taga-Bauko na gumawa ng iba pang instrumentong pang-musika mula sa iba-ibang klase ng kawayan sa kanilang paligid. Ang **Kállalëng** ay plautang gamit ang ilong at ang **Tungáli** ay plauta na gamit ang bibig.

### **Arkitektura**

Ngayon, iba-ibang anyo ng makabago at malalaking tahanan ang mapapansin sa mga komunidad ng Bauko. Marami nang mga sementong bahay at yero na ang mga bubong at dingding. Bihira na rin ang mga isang palapag lamang na bahay. Sagana sa kahoy, kawayan, runo, pawid o kugon, nito, uway at baging ang mga bundok at gubat ng Bauko. Ginagamit ng mga tao ang mga ito para sa paggawa ng kanilang bahay. Ang isang katutubong bahay sa Bauko ay ang **Kúllub**. Ito ay may iisang kuwarta na tulugan, kainan, lutuan, at tanggapan ng bisita. Ang bubong nito ay kugon, at ang sahig ay nakasayad sa lupa sapagkat wala itong poste. Animong mataas na bubong lamang itong nakapatong sa lupa.

Kalaunan, natutuhan ng mga taong itaas ang kanilang bubong sa paglalagay ng mga poste, **túkud**, at dingding. Ito na ang **Binátang**, na tinatawag ding **Inatëp**, na may poste, barakilan, dingding, at sahig na yari sa kahoy. Kugon pa rin ang bubong na nakakabit sa hinabi at

pinagdudugtong ng mga patpat, **túdog**, at mahigpit na tinalian ng uway, baging, at mga hiniwang kawayan. May barakilan, **pítit**, din ang bubong. Maaaring hatiin ang **Binátang** sa tatlong bahagdan. Ang silid sa ilalim ng bubong ay **Báëg**. Ito ang maituturing na ikatlong palapag ng bahay. Gawa ang sahig ng **Báëg** ng mga patpat o hiniwang kawayan. Dito iniimbak ang mga bagong ani ng palay at ito rin ang kisame ng ikalawang palapag.

Itong ikalawang palapag ang tunay na sahig ng bahay. Tinatawag itong **sëgpán**, ang hapag kainan, sala, kusina, at tulugan ng bahay. Mayroon itong **dap-úwan**, o dapugan o apuyan kung saan nagluluto. May hagdan, **tëtëy**, na yari sa kawayan o kahoy para umayat sa palapag na ito. Ang **patnáy** ay estante sa isang sulok ng **sëgpán** kung saan inilalagay ang mga kasangkapan sa pagluluto, lalagyan ng tubig, mga pagkain at iba pang kasangkapan. Sa sulok ng **sípi** naman inilalagay ang mga mahahalagang kasangkapan sa bahay tulad ng mga **gusí**, **gangsá**, palayok, baul at iba pang mahalagang gamit.

**Dau** ang silong ng **Binátang** na may sahig ding tabla at itinuturing na unang palapag ng bahay bagama't walang mga dingding. Dito naghahabi at kadalasan ay nagiging sala kapag may mga bisita bago umakyat sa ikalawang palapag, **sëgpán**, upang kumain. May maliit na tulugan, **súba**, din sa palapag na ito. Maaaring napaligiran ng mga patag na bato ang paligid ng sahig na ito. Sa mga barangay ng Bagnën at Banao makikita ang ilang **Kullúb** at **Binátang**.

Sa kanang silong ng **Binátang** ay isang hugis-parihabang imbakan, **kamálig**, ng mga panggatong at iba pang bagay. Ang nakabiting plataporma, **sugusúgan/huguhúgan**, sa tapat ng dapuhan inilalagay ang mga panggatong. Dito rin ipinapatong ang mga pinatutuyong palay at isinasabit ang mga tinapang karne. Ang iba pang kagamitan na matatagpuan sa silong ng bahay ay ang **lasungán/lusungán**, lusong, at mga **lay-ú/lal-ú** o kahoy na pambayo. Maaaring meron ding panalang basket, **yakáyak**, na ginagamit upang paghiwalayin ang pino at hindi pinong binayong pinatuyong kamote. Mayroon ding basket na gawa sa mga pilas ng kawayan, **ubë**, na sisidlan ng mga nahuhuling isda. At hindi mawawala ang **pasiking**, basket na gawa sa uway o nito at kinakarga sa likod upang dalhin ang mga bagay-bagay na kailangan sa pagtatrabaho o paglalakbay.

Gumagawa din ang mga tao ng maliit na kubo, **ab-ábung**, sa kabukiran o sa may kaingin, **num-á**, bilang pahingahan. Ang **agámang** naman ay isa pang maliit na kubo na imbakan ng mga pinatutuyong palay. Nagsisilbi rin itong pahingahan ng tao kapag umuulan at matindi ang init ng araw.

Ang bahay na **Ëbgán** ay sa balo o matandang dalaga kung saan nakikitulog ang mga dalaga at doon dinadayo ng mga binatang manliligaw.

## IX. SIKLO NG BUHAY

### Paglililihi at Panganganak

Isang tanda ng pagkabuo ng bagong buhay sa sinapupunan ng babae ay ang paglililihi, **ínaw**. Ito ay pahayag na **masikúg/mahikúg** o **malitún**, nagdadalantao ang isang babae. Sa **Bauko**, isinasagawa ng mga matatandang lalaki ang ritwal na **Dawdáwak**, kung alam nilang nahihirapan ang babaeng manganak. Sa pagsasagawa ng ritwal, nag-aalay sila ng baboy, sumasayaw, umaawit at pinatutugtug ang mga gangsa. Hindi nakikikain ang mag-asawa sa inihandang pagkain. Ang ritwal na **Sëbsëbang/Hëbhëbang** ay isinasagawa naman ng **manbáki** upang hindi mahirapan ang nanay sa nalalapit niyang panganganak. Maaari ding makunan, **naalisán/naalihán**, ang isang babae.

Pagkatapos ng panganganak ng babae, isinasagawa ang ritwal na **Ab-abúsang/Ab-abúhang**. Pagkatapos din ng panganganak, ang nanay ay pinapayuhang mag-**tánggad**, panahon

ng pamamahinga at pagpapalakas. Ang kapapanganak ay pinaiinom ng asin upang huminto ang pagdudugo. Pinapagamit din ang mga kababaihan ng **bakgët** upang higpitan ang baywang na nakatutulong sa pagbibigay ng lakas sa pagkilos at pagtatrabaho. Pinapaalalahanan naman ang mga ina na magpasuso, **manpasúsu/manpahúhu**.

### **Kaugalian sa Pagkabata**

Pagkalipas ng tatlong araw mula sa pagsilang, isinasagawa ang ritwal na **Kënta** upang lumaking malusog ang sanggol at maging mabuting mamamayan. Ganoon na lamang ang pag-aalaga sa isang bata, **múyang, ungá, ëngá**. Kung ipinapasyal sa ibang lugar, binibigyan ang bata ng **awíl**, regalo lalo na sa panganay na anak. Sa mga Kristiyano naman ay pinabibinyag ang mga sanggol sa simbahan. Ang iba naman ay nagsasagawa ng *dedication ceremony*. Nakagawian naman nang mag-aral ang maliliit pang mga bata.

#### *Kaugalian sa Pagbibinata at Pagdadalaga*

Nagbabago ang boses, **nabágë**, at tumutubo ang bulbol, **manbagbagút**, ng mga nagbibinata, **babállu**. Bago nito, sila ay nagpapatuli, **sëgyát/kúgit**, sa kanilang mga kabarkada o sa klinika o ospital. Ang mga dalaga, **babásang/babáhang**, naman ay nerereгла, **mankadkadawyán**. Inaasahan ding tumutulong sila sa bahay, sa bukid, sa mga gulayan, sa negosyo, at inaasikaso nila ang kanilang pag-aaral. Kapag sila ay nasa sapat na gulang, **nakët-ëng**, maaari na silang mag-asawa, at may mga kaugnay na ritwal, katutubo at hindi, para dito.

### **Kaugalian sa Katandaan**

Ang tangi at karaniwang panalangin para sa lahat ay mabuhay nang matagal, **matágu-tágu**, at pagpapalain, **ilablab-ák** o **igasgasíng**. Masaya na ang isang tao kung maabot niya ang pagiging lolo o lola, **apuh/alapú**. Ikatutuwa pa ng kaniyang mga anak at apo kung dumating pa siya sa pagiging **nakët-ë-kët-ëng** o matandang-matanda at magkaroon ng mga apo sa tuhod, **pidwán di apú**. Karaniwang inaalagaan ang mga matatanda ng kanila ring mga kamag-anak.

Maaari namang tumandang walang asawa, **báak**, ang isang tao, babae man o lalaki. At may asawa man o wala, maaaring maging ulyanin, **mankábaw**, din ang isang tao. Kalaunan, namamatay, **matëy, madípus/madípuh**, din ang isang nilalang at haharapin niya ang **pësë/pëhë**, kamatayan. Nabanggit na ang mga ritwal na kaugnay ng kamatayan.



**Larawan 15. Pananghalian ng mga nagsisimilya ng pino**

Ang mga kababaihang ito na nanananghalian matapos maghanda ng mga plastic bag at lupang tatamnan ng mga similya ng punong pino. Malay na malay ang mga tao ngayon sa pangangailangan ng pangangalaga sa mga puno at gubat dahil kailangan nila ang mga kahoy at tubig sa kanilang araw-araw na buhay. BAUKO, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## **X. PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA**

### **Edukasyon**

Bawat barangay ng Bauko ay may paaralang elementarya at sekondarya. Sa kasalukuyan, tatlo pa lamang ang paaralan ng sekondaryang may senior high school. Ngunit malapit naman sila sa Tadian, Bontoc at Buguias, Benguet, kung saan may mga kolehiyo.

Ang isang suliraning pang-edukasyong kinakaharap ng mga katutubong mag-aaral ay ang kakulangan ng mga aklat o babasahin at mga computer na magagamit sa kanilang pag-aaral.

#### *Pangkalusugan*

Kakaunti lamang ang mga sakit noon kumpara ngayon. Ang may malalalang sakit ay dinadala sa ospital samantalang ang mga may karaniwang sakit ay dinadala sa health center ng barangay. May mga gumagamit din ng mga katutubong kaalaman sa paggagamot tulad ng pag-inom ng mga halamang gamot.

Sa kasalukuyan, marami nang nababalitaang nagkakasakit nang malubha. Mabuti na lamang at sa bayan ng Bauko matatagpuan ang pinakamalaking ospital sa Mt. Province, ang Luis Hora Memorial Regional Hospital. Ang ospital ay malaking tulong sa mga mamamayan ng Bauko sa paglutas sa kanilang mga suliraning pangkalusugan lalo pa at nakokompleto na ang mga teknolohiyang medikal, gayunding nadadagdagan ang mga espesyalistang doktor sa nasabing ospital.

### **Transportasyon at komunikasyon**

Noon ang mga tao sa munisipalidad ay sumasakay sa kabayo, kalabaw, at kadalasang naglalakad kung may pupuntahan. Sa kasalukuyan, ang mga tao ay sumasakay sa mga dyip, tricycle, motorsiklo, van, trak, bus at iba pang mga uri ng sasakyan. Masasabing malaki ang pag-unlad ng munisipalidad sapagkat halos lahat ng mga barangay ay may mga kalsada na.

Mayroon na ring *tramline* sa Buga, Upper Bauko bilang paraan ng transportasyon ng gulay ng mga magsasaka mula sa mga gulayang hindi naaabot ng mga kalsada.

Laganap na rin ang paggamit ng mga radyo at telebisyon, selpon at internet.

### **Politika**

Ang mga mamamayan ng Bauko ay mga responsableng botante sa panahon ng halalan, ito man ay lokal o pambansa. Kahit sila ay nasa malayong lugar, uuwi at uuwi sila upang iboto ang kani-kanilang mga kandidato. Hanggang ngayon, ito ang kaugalian ng mga taga-Bauko sa pagboboto.

## SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE (TIMOG) KANKANÁËY

### I. Heograpiya

Karamihan sa mga tao at bahay ng Sabangan ay matatagpuan sa tabi ng **wanga** o Ilog Chico at mga **payëw** o palayan sa loob ng latitude na 120° 50" - 211° 00" at longitude na 16 °50" - 17 °5". Katabi nito sa silangan o **baláan di ágëw** ang lalawigan ng Ifugao at nasa timog, **guwáb na**, at kanluran, **kaunúgan di agëw** o **dúgo**, ang bayan ng Bauko.

Sa pangkalahatan, ang bayan ng Sabangan ay mabundok. Ang kabuuang lawak ng lupa ng bundok, **bílig**, at matataas na burol, **duntogan**, ay 86.58% at natatakpan ng kagubatan, **kabatárgan**. Ang pinakamataas na lugar ay 2,714 metro mula sa lebel ng dagat na matatagpuan sa silangang bahagi ng bundok Kalawitan na siyang pinakamataas na tugatog ng bundok sa munisipyo. Ang pinakamababang lugar na may antas na 1,100 metro ay matatagpuan sa mga barangay ng Lagan, Losad, at Poblacion na malapit, **sag-ën**, sa **gináwang** o Ilog Chico.

Matatagpuan ang Sabangan 18 kilometro mula sa Bontoc at 129 kilometro mula sa Lungsod Baguio. Mararating ito sa pamamagitan ng Halsema Highway na maaaring dumaan sa mga bayan ng Bauko at Tadian, at sa bayan ng Bontoc kung galing ng Banaue sa Ifugao at Tinglayan, Kalinga.

Ang munisipalidad ay binubuo ng labing-limang barangay. Ito ay ang mga sumusunod: Bao-angan, Bun-ayan, Busa, Camatagan, Capinitan, Data, Gayang, Lagan, Losad, Namatec, Napua, Pingad, Poblacion, Supang, at Tambingan.

Nahahati sa Upper at Lower Sabangan ang munisipalidad. Ang Upper Sabangan ay binubuo ng Bun-ayan, Bao-angan, Busa, Camatagan, Capinitan, Gayang, Namatec, Napua, at Pingad. Ang Lower Sabangan naman ay binubuo ng Data, Lagan, Losad, Poblacion, Supang, at Tambingan.

Ang karamihan ng mga palayan, **payëw**, ay matatagpuan malapit sa Ilog Chico at ang mga kaingin, **um-á** o **num-á**, at taniman ng gulay ang nakikita sa kabundukan, **kabilbilígan**.

Ang munisipalidad ay may lupain na 72.04 kilometro kuwadrado na bumubuo ng 3.34% ng kabuuang lugar ng Mountain Province. Ang populasyon nito, ayon sa census ng 2015, ay 9,315. Ito ay kumakatawan sa 6.03% ng kabuuang populasyon ng Mountain Province, o 0.54% ng kabuuang populasyon ng Cordillera Administrative Region (CAR). Batay sa mga numerong ito, ang densidad ng populasyon ay 129 na naninirahan sa bawat kilometro kuwadrado. Binubuo ng mga sumusunod na bilang ng mga residente, **umíli**, ang mga barangay ng Sabangan:



<b>Barangay</b>	<b>Populasyon</b>
1. Bao-angan	369
2. Bun-ayan	837
3. Busa	369
4. Camatagan	812
5. Capinitan	614
6. Data	818
7. Gayang	439
8. Lagan	487
9. Losad	619
10. Namatec	737
11. Napua	647
12. Pingad	334
13. Poblacion	1,080
14. Supang	558
15. Tambingan	595
<b>TOTAL</b>	<b>9,315</b>

Matatagpuan ang mga kumpol ng mga bahay sa Sabangan sa gilid ng mga bundok kaya kailangang umakyat, **matúkid**, o bumaba, **magusád**, upang marating ang mga tahanan. Bihira ang mga lugar na patag, **pátad**. Sa kaharap na bundok, **dēmáng**, ng mga komunidad ay pareho ring matataas na bundok, **bílig**, kung saan makikita ang mga kaingin, **um-á/num-á**, mga bahaging puro bato, **kabatbatuán** o **napidapidák**, mga kagubatan, **nabiligan**, mga punong-kahoy, **kakaka-íwan**, at mga pastulan, **pundág/pastúlan**.



**LARAWAN 16.** Mga mapa ng Sabangan, Mt. Province, mula sa Wikipedia (itaas) at Google Maps (ibaba)





**Larawan 17. Datá, pamayanan sa tuktok ng bundok**

Nasa mataas na bahagi ng bundok ang mga kabahayang ito. Nararating na rin ito ng magandang kalsada. DATA, SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 18. Pagbabago ng mga bahay sa bundok**

Matagal nang napalitan ng yero ang mga bahay kubo. DATA, SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 19. Poblacion, Sabangan**

Maraming bahagi ng bayan ng Sabangan ay matatagpuan sa gilid ng Ilog Chico. Karamihan sa mga bubong ng luma at bagong bahay ay yari sa yero. Mapapansin din ang pagkukumpol-kumpol ng mga bahay ng mga tao. SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 20. Mga payëw o palayan ng Sabangan**

Dahil sagana ang tubig sa lugar, maaaring magtanim ng palay ng dalawang beses sa isang taon. May mga tubig din na nanggagaling sa mga bundok na may mga puno pa rin. SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 21. Lagan, Sabangan: bukal ng mga bato at buhangin**

Mula sa Ilog Chico, nakakakuha ang mga tao ng mga bato at buhangin na ginagamit nila sa paggawa ng kanilang mga bagong bahay na karamihan ay higit sa isang palapag. Nakatutulong din ang mga pinalawak na kalsada para sa transportasyon ng iba pang mga kailangan para pagandahin o palakihin ang mga bahay. SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## II. Pagkakakilanlan ng Pangkat

Ang mga taga-Sabangan ay kasama sa etnolinggwistikong pangkat na tinatawag na Kankanaëy. Kankanaëy ang tawag sa kanilang wika at kinikilala ang kanilang mga sarili bilang Igorot at I-Sabangan. Ang mga tao, **ipugáw/tágo**, sa ibang munisipalidad ng Mountain Province ay tinatawag silang **i-appay** o **i-aplay**. Iba-iba ang alam ng mga naninirahan sa Sabangan sa ibig sabihin ng **I-appay**. May matatandang nagsasabi na Igorot na salita ang salitang **i-appay** o **i-aplay** na ang ibig sabihin ay “Western” Mountain Province. Ang sabi naman ng iba ay galing ito sa salitang Ingles na *upland* o *highlanders* (mga taong naninirahan sa taas ng Chico River at sa mga matataas na bahagi ng bundok). Ang pagbigkas umano ng mga matatanda sa salitang *upland* ay **Appay** o **Aplay** na naging tawag na sa mga naninirahan sa western o kanlurang Mountain Province. (Sa Kankanaey-English Dictionary, 2005, ni Judge James P. Kibiten, Sr., sinabi niyang ang **aplay** ay tumutukoy sa mga lugar na matatagpuan sa unahan at matataas na bahagi [*upstream*] ng mga ilog kumpara sa mga nasa mga mabababang bahagi [*downstream*]. Idinagdag niyang ito na rin ang turing sa mga Kankanaey na nakatira sa mga lugar na ito, na dahil sa kanilang pagkamalapit sa ilog ay nagtatanim sila ng mga palay at gulay.)

Igorot ang pangkalahatang tawag ng mga tagalabas sa mga mamamayang naninirahan sa munisipalidad ng Sabangan. Gayunpaman, sa mga tao sa Sabangan, ang tawag nila sa isa’t isa ay batay sa pinanggagalingang barangay. Halimbawa, ang mamamayang naninirahan sa Camatagan ay tinatawag nila na **i-Camatagan**. Ang unlaping i- ay nangangahulugang mamamayan sa o mamamayan ng. Kaya ang **i-Camatagan** ay nangangahulugang mamamayan ng Camatagan. Ang tawag naman ng mga taga ibang munisipyo sa kanila ay **i-Sabangan**.





**Larawan 22. Pag-usad ng pagbabago sa bundok**

Abot na rin ng mga sementadong kalsada ang mataas na lugar na ito. DATA, SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

### III. Lokasyon at Distribusyon

Matatagpuan ang karamihang bahagi ng Sabangan sa tabi ng Ilog Chico at Halsema Highway. Kapansin-pansin ang pagkakumpol-kumpol, **natutúgop**, ng mga tirahan, **bábbäëy**, sa isang lugar. Bihira ang mga bahay na malayo sa isa't isa. Ito umano ay upang umiwas sa kinakatakutang **buso** o mamumugot ng ulo na mga kaaway noon, at para sa kaligtasan ng bawat naninirahan. Ang mga sumusunod ay mga maalamat na pangyayari na humantong sa pagkakatatag ng iba't ibang mga lugar o **ili** na kalauna'y naging mga barangay ng Sabangan:

1. Pag-aasawa sa ibang lugar at pagtaas ng populasyon. Sinasabing nabuo ang mga pamayanan ng Bao-angan, Bun-ayan, Camatagan, Capinitan, Busa, at Napua dahil sa pag-aasawa, paninirahan at paglago ng mga pamilya ng mga taong galing sa ibang lugar.
2. **Buso** o isa o mga taong mamumugot ng ulo. Ito ay totoo sa lugar sa Lagan. Mula sa ibang lugar, lumikas umano ang mga tao patungo sa Lagan upang takasan ang mga mamumugot ulo.
3. Epidemya ng sakit sa balat. Ang Tambingan at Pingad ay binuo ng mga taong tumakas sa epidemya sa kanilang pinanggalingang lugar.
4. Natural na kalamidad. Totoo ito sa barangay Gayang. Galing ang mga tao doon mula sa una nilang lugar na gumuho dahil sa malakas na pag-ulan. Naniniwala sila na ang pagguho ng lupa ay isang masamang pangitain kaya lumipat sila sa mas ligtas na lugar. Kung gayon, ang mga tao, **ipugáw** o **tágo**, sa Gayang ay mga **bakwít**.
5. Paghahanap ng isang nawawalang hayop. Ito ay totoo sa Data, Poblacion, at Namatec. Sinasabi ng mga residente na ang kani-kanilang mga lugar ay itinatag bilang resulta ng paghahanap ng mga nawawalang buntis na mga hayop gaya ng baboy.

Ang isang barangay sa Sabangan ay isang kumpol-kumpol na mga tahananang ngayon ay pinamumunuan ng isang barangay kapitan. Nang dumami ang populasyon sa Sabangan, ang komunidad ay nahati sa Upper at Lower Sabangan. Para mas madali at mas maiging mapagsilbihan ang mga **umíli** o residente, nahati uli ito sa Area I hanggang Area IV. Ang iba't ibang mga barangay ng Sabangan ay pinangalanan ayon sa mga tanim o makabuluhang bagay na matatagpuan sa mga lugar na ito.

1. **Bao-angan**. **Báwang** o *garlic* ang karaniwang tumutubo sa lugar na ito kaya pinangalanan nilang Bawang. Sa paglipas ng panahon naging Bao-angan ang pangalan ng lugar.
2. **Bun-ayan**. Nanggaling ito sa salitang **bun-áy** o **burnáy** na matatagpuan doon. Naniniwala ang mga tao na iyon iyong garapon ni Lumawig na natagpuan sa Bundok Kalawitan noong nagpunta siya roon.
3. **Busa**. Ito ay nangangahulugan na daanan ng usa at iba pang mga hayop sa pagitan ng Bundok Kalawitan sa Pingad.

4. **Camatagan.** Sina Kamat at Tagan umano ay dalawang taong umibig sa isat-isa at nanirahan doon. Nang lumaon, pinagsama ang kanilang mga pangalan upang ipangalan sa lugar na kanilang itinatag.
5. **Capinitan.** Ang **pínit** o *wild berries* ay lumalaki nang sagana sa lugar na ito.
6. **Data.** Ito ay mula sa salitang **nadatdat-á** na ang ibig sabihin ay patad na lupa kung saan dumayo at nanganak ang baboy ni Layawen ng Ankileng, Sagada. Dahil nahirapan si Layawen na dalhin at ibalik ang baboy at mga anak nito, kinuha niya ang kanyang pamilya at nanirahan na lang doon upang alagaan ang mga baboy. Nang tanungin ng mga tao kung saan sila pupunta, sinagot sila na sa **nadatdat-á** kung saan nanganak ang kanilang baboy. Sinundan naman sila ng iba at nanirahan din sa lugar at pagkatapos ay tinawag itong Data.
7. **Gayang.** Mula ito sa salitang **gayáng** na tumutukoy sa sibat na ihinagis ng mga tagabaryo sa kanilang mga kalaban hanggang sa humantong sila sa gilid ng ilog kung saan natagpuan nila ang santuwaryo. Nang maglaon, pinangalanan ng mga tao ang lugar na Gayang bilang tanda ng pangyayari.
8. **Lagan.** Mula ito sa salitang **lagán** na ang ibig sabihin ay buhangin. Ang lugar ay matatagpuan sa gilid ng Ilog Chico kung saan maraming buhangin.
9. **Losad.** Ito ay akronym ng limang mga sitio ng lugar na ito na binubuo ng Liwang, Osong, Sa-o, Apa at Dagiwdiw.
10. **Namatec.** Ang lugar na ito ay puno ng **mátèk** o linta kaya pinangalanan ang lugar na Namatec.
11. **Napua.** Sa lokal na wika ay nangangahulugan itong diwang. Ang mga tao sa lugar na ito ay laging nagdiriwang upang pasalamat si Kabuniyan para sa isang masaganang ani. Kaya ang pangungusap na **Entako makinapuwa** (Pumunta tayo at sumali sa kanilang pagdiriwang) ay imbitasyon upang dumalo sa piging.
12. **Pingad.** Mula ito sa salitang **napingúdan** na nangangahulugang naputulan ng tainga. Naniniwala sila noon na may isang estranghero na tinanong ang pangalan ng lugar mula sa isang taong naputulan ng tainga. Sa pag-iisip na tinatanong siya kung ano ang nangyari sa kanyang tainga ay sumagot ng **napingúdan**. Dahil hindi niya kayang bigkasin ang salitang sinabi, naging **Píngad** na lang daw ito.
13. **Poblacion.** Ang Poblacion ay salitang Espanyol na nangangahulugang sentro. Ang lugar ay naging sentro ng kalakal noong panahon ng maikling pananatili ng mga Espanyol.
14. **Supang.** Noong panahon ng Espanyol, isang lalaki na nagngangalang Anastacio Soliven ang nagpangalanan sa lugar na **Supang** na nangangahulugang isang tuwid na daanan sa pagitan ng dalawang bundok.

15. *Tambingan*. Mula raw ito sa mga salitang **tambúlan** (pamamalo ng gangsa) at **tamblínan**. Ayon sa alamat, ang lugar ay isang larangan ng digmaan. Bago at sa tuwing magsisimula ang isang tunggalian, pinapatunog ang gangsa (**tambúlan**) at ang labanan (**tamblínan**) ay nagsisimula.



**Larawan 23. Ang Ilog Chico sa Sabangan: bukal ng kabuhayan**

Maliban sa pagsasaka at pangingisda, ang ilan pang kabuhayan na dulot ng Ilog Chico ay ang pagbebenta ng mga bato at buhangin. May mga naghuhugas din ng ginto sa ibang bahagi ng ilog na ito. SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

### III. Sitwasyong Pangwika

Laganap ang pagsasalita ng Kankanáëy sa mga barangay ng Sabangan. Araw-araw itong ginagamit sa mga komunidad, sa mga palengke, sa mga opisina, sa mga pulong. Ang mga matatanda ay gumagamit pa ng mga lumang salita habang ang mga kabataan ngayon ay hinahaluhan na ang wika ng mga salitang Ilokano. Ngunit marami pa ring mga pagkakataong ang mga salita ng mga matatanda ay natututuhan ng mga kabataan. Nagpapatunay ito na nananatili pa rin ang katutubong wika ng Sabangan.

Bagaman maraming dahilan kung bakit ang mga kabataan ay hindi nila alam ang mga lumang salita, ang tono at karamihan pa rin sa mga bokabularyo ay kapansin-pansin sa kanilang pananalita. Para sa mga taga-Mountain Province, alam na alam nila na taga-Sabangan ang isang tao batay sa kanyang pananalita.

May mga kabataang ipinanganak sa ibang lugar pero nagsasalita pa rin ng Kankanaëy dahil ito ang ginagamit ng mga magulang at mga kamag-anak sa bahay. May mga paisa-isa din na kahit Kankanaëy ang salita ng mga magulang ay hindi nila naiintindihan o ginagamit ang Kankanaëy. Maaaring dulot ito ng teknolohiya at sa iba-ibang pananaw ng mga magulang sa halaga ng katutubong wika o *Mother Tongue*. Dumadami na rin ang gumagamit ng Ingles at Filipino lalo na ang mga kabataan.

Kapansin-pansin din sa Sabangan at sa Mountain Province na walang salita na ginagamit na nagpapahiwatig ng pagrespeto sa mga nakatatanda. Pero hindi ibig sabihin na hindi magalang ang mga kabataan. Tinatawag ng mga bata ang kanilang ina at ama na "ína" at "áma," at lolo at lola bilang **alapó**. Maaari ding idikit ang **iyun-á** sa pangalan ng kanilang nakatatandang kapatid kapag sila ay ipinakikilala, **Iyun-ák ay Dangonay** (Panganay kong si Dangonay), o idikit ang salitang **innúdi** sa nakababatang kapatid, **Innúdik ay Tomas** (Kapatid na Tomas). Ngayon, natuto na ang mga kabataan na gamitin ang Ilokanong termino kagaya ng **mánang** (ate) and **mánong** (kuya). Ang *auntie* at *uncle* ay ginagamit din ng mga bata sa mas nakatatanda sa kanila kahit na hindi nila tunay na tiyo at tiya ang mga ito. Ang paggamit din ng magalang na salita kagaya ng *please, excuse me* at iba pa ay katumbas ng mga salitang **pangaásim kud, paki-**, at **maki-**.

Ang mga pagbati ay ipinapakita sa pamamagitan ng pagtango, pagngiti, o sa pagsasabing, **Nay lumáusák** (Dadaan po ako), o **Sisá kayó** (Maiwan ko muna kayo diyan), o **Ēntakó** (Tara na) kung dumadaan sa bahay ng iba. Walang katutubong katumbas ang mga pagbati tulad ng *Good morning*, *Good afternoon*, at *Hello* maliban sa mga literal na salin ng mga ito, at natutuhan na rin ng mga katutubo ang mga ekspresyong ito.

***Pagkakatulad at pagkakaiba ng varayti ng wika***

Ang kilalang natatanging katangian ng pagsasalita ng wikang Kankanaëy sa Sabangan ay ang paggamit ng tunog na /H/ sa halip na /S/ sa ilang mga barangay. Ang mga baranggay na ginagamit ang H sa halip na S ay ang Bun-ayan, Pingad, Bao-angan, Camatagan, Napua, Gayang, Capinitan, Busa, at Namatec. Ang mga baranggay naman na gumagamit ang S ay ang Tambingan, Supang, Data, Lagan, Losad at Poblacion. Ang mga halimbawa ng mga salitang nagpapakita ng pagkakaiba ay ang mga sumusunod:

<b>S</b>	<b>H</b>	<b>Filipino</b>
Sino	Hino	Sino
Saba	Haba	Saging
Sungbat	Hungbat	Sagot
Asawa	Ahawa	Asawa
Singin	Hingin	Kambal

Mapapansin din sa mga matatanda sa lahat ng barangay ang pagpapalitan ng /r/ at /l/ na walang anumang sa kanila at ito ay hindi nakaaapekto sa kahulugan ng isang salita. Halimbawa dito ang **galdín** at **gardín** (hardin), at **radýó** at **ladyó**. Ito ay madalas na ginagawa sa mga salitang hiram mula sa Filipino at Ingles, na hindi pa nakasanayan ng mga matatanda ang bigkas.

May mga ilang salita o bokabularyo din na kinikilala ng mga mananalita na naiiba sa ilang barangay. Ang salitang **lómëng** sa Data ay nangangahulugang tae ng baboy habang sa Busa ang ibig sabihin ng salita ay ang naiwang tangkay ng palay pagkatapos nitong mabayó. May mga salita sa Data, Tambingan at Poblacion na pareho sa bokabularyo ng Sagada. Ito marahil ay dahil ang Data ay malapit sa hilagang Sagada.

Ang mga salitang **íkit** (tiya), **alítaw** (tiyo), **bësát** (kapatid), **tun-ód** (pinsan), **ákay** (kapatid na lalaki), **akët** (kapatid na babae) na ginagamit ng Sagada ay parehong mga salita at kahulugan sa Data, Tambingan at Poblacion.

Maging sa mga ekspresyong nagpapahiwatig ng matinding galit ay nagkakaiba rin sa mga barangay. Ito ang mga sumusunod na halimbawa:

Pingad: **Nabukbubukbók ka pay! Linabalabák da ka!**

Capinitan: **Natëy na ay!** (Patay ito!)

Sabangan Poblacion: **Idap!** (katumbas ng ekspresyon sa Ingles na *Shit!*)

Supang: **Lablábo ka!**

Kapansin-pansin na kapag dinoble ang isang pantig ay nagpapahiwatig ito ng matinding damdamin gaya ng **Nabukbubukbok ka pay!** (Kakatayin kita ng pinong-pino!). Sa wika ng mga taga-Mountian Province na kabilang ang Sabangan, malimit din na dinodoble nila ang isang pantig kapag sila ay naglalarawan ng anumang bagay upang idiin at ipahiwatig ang superlatibong antas ng damdamin at paglalarawan. Ito ang mga sumusunod na halimbawa:

**Mën-ibatbabatbát ko sika** sa halip na sabihing **Mën-ibatbát ko sika**

**Dakë-dakë-dakë** para sa **dakdakë**

**ban-ë-ban-ëg** na puwede lang ang **banban-ëg**

Kung sa salitang Ingles ay may mga salitang puwedeng marami ang kahulugan, meron din ito sa salita ng mga taga-Sabangan. Ito ang mga sumusunod na salita:

**Ibadëng:** (1) Pansamantalang itigil ang kasal kung may masamang pangitain

(2) Kung may hawak ka, ibaba mo

**Kadwá:** (1) Kasama na kahit sino

(2) Asawa

**Ib-á:** (1) Kasama

(2) Pinsan

May mga kaso din ng mga ilang salitang pareho ang kahulugan, tulad ng **ibabá** na puwedeng sabihing **ipagtáy**, **ipáod**, o **ibadëng**.

#### *Kaugnay sa kalagayan ng wika*

Sa paglipas ng panahon at pagbabago ng buhay, malay ang mga taga-Sabangan sa mga salitang **sinangad-úm**, luma o malalim na mga salita na bihira na lamang ginagamit o ginagamit lamang ng mga nakatatanda. Ipinapahiwatig nito ang pagiging buhay at pagbabago ng mismong wika. Sa kanilang pakikipag-ugnayan sa ibang tao at pagdayo sa ibang lugar, alam nila na may mga **natëkë-tëkën ay kalí**, iba-ibang wika, hindi lamang batay sa tono o **áyug**, kundi marami pang iba.

Hinggil naman sa kaso ng umano'y kawalan ng mga salitang nagpapahiwatig ng paggalang sa wika, nababatid pa rin ng mga mananalita kung ang isang nagsasalita ay **narespíto/nalispíto** o magalang na nagsasalita batay sa pamamaraan ng kanyang **kalí** o mga salita. Kaya may pananalitang **binubugták** o malakas at masakit na pananalita, may taong malakas ang boses, **mapyëmapyës**, at may pabulong, **agasáas**. May mga sagot o **sungbát** at pananalita ring galit o **búngët** o **ayáyásak**.

## **IV. Estructura ng Lipunan o Komunidad**

### *Ang pamilya*

Ang mga komunidad sa Sabangan ay binubuo ng mga pamilya, o mga magka-**kabbaëy**, nainirahan sa isang bahay, na karaniwang binubuo naman ng ama, ina, at mga anak. Ang pinakamatandang anak ay **ina-uná**, and nakababatang kapatid ay **yugtán**, **inaúdi** o **adiyën**, at ang bunso ay **kimót**. Ang mga kambal ay **síngin**. Ang mga magkapatid ay **sin-agí**. Ang isang ampon o anak-anakan naman ay **natalakën** o **tinaganó**.

Kapag ikinasal na ang isang mag-asawa, **sin-asáwa**, bubukod o **madawák** o **mapabaëy** sila. Ibig sabihin ng ritwal na ito, hihiwalay na sila sa kanilang mga magulang sa kanilang sariling tirahan at mag-uumpisa ng isang pamilya. Noon, kapag makipag-asawa ang isang anak, kailangang gumawa siya kaagad ng sariling tahanan at bumukod. Sa kasalukuyan, ang mga anak na may asawa na ay maaari pa ring makitira sa mga magulang at mga kapatid. Ito marahil ay dahil mas malaki naman ang mga bahay ngayon na may mahigit na isang kuwarto.

Dahil sa ilang dahilan tulad ng pagkamatay ng asawa, and isang tao, **bálo** o **naësá**, ay maaaring mag-asawa muli. Kung gayon, ang bagong tatay ay tinatawag ng mga anak na **innamá** o **pangamaën**, at ang bagong nanay naman ay **inniná** o **panginaën**. **Abánës** naman ang tawag sa pangalawang asawang babae. Ang pag-aasawa ang siyang simula ng pagkakamag-anak ng mga tao. Karaniwan, ang mga desisyon tungkol sa mga pangyayari sa pamilya ay gagawin ng ama ngunit minsan ay isinasaalang-alang din niya ang opinyon ng kanyang asawa. Ang pambababae o panlalalaki naman ay hindi kinalulugdan.

### *Panliligaw hanggang pag-aasawa*

Ang lumang kasanayan sa pag-aasawa ng mga anak ay sa pamamagitan ng pakikipag-uugnayan ng mga magulang, sanggol pa man ang mga bata. Kung narating na ng mga bata ang tamang edad, sila ay kailangang ikasal na. Maaaring may mga ilang magulang na nakikipagkasunduan pa rin sa ibang mga magulang hanggang ngayon. Ngunit may mga naipagkasundong anak, **naikaláng**, na maaaring sumuway din at hindi natutuloy at nababali ang kasunduan.

Laganap ding kaalaman na kung maaari ang mapapangasawa sana ng isang anak ay kasama sa angkan upang hindi malipat sa iba ang yaman o lupa na pinaghirapan ng mga ninuno. Ang kaugalian noon ay palakihan at paramihan ng angkan upang magpatuloy ang lahi, may mga makatutulong sa mga bukid, at mas maraming sasagupa sa mga kalaban. Nagbabago na ang mga pananaw na ito dahil sa makabagong edukasyon, relihiyon, pangingibang-bansa, kalakal at iba pang dahilan. Kung kaya't may mga taong **dumaw-ín** at **dinmáyo** o iyong mga nakipag-asawa sa ibang lugar. Karamihan sa mga pag-aasawang ito ay bunga ng pagliligawan, **álèm**, ng dalawang tao. Ang pagdiriwang ng kasalan ay tinatawag na **bayás**.

Noon, ang mga babae na hindi makapanganak, **básig**, ay ihihiwalay muna sa kanyang asawa. Gayunpaman, sinusuportahan pa rin ng komunidad ang mga baog na kababaihan lalo na kapag tumanda sila.

### *Pagkakamag-anak, **simpangábong***

Ang nangingibabaw na uri ng pagkakamag-anak ay ang isang payak na pamilya na binubuo ng isang ama at ina at ang kanilang mga anak na naninirahan sa isang bahay, **sinpam-mëy/simpabbëy/sinbaëy/simbaëy**. Maaaring manirahan ang bagong mag-asawa sa bahay ng mga magulang ng lalaki o babae hanggang maaari silang mabuhay sa kanilang sarili. Kung ang asawang lalaki ay siyang bunso sa pamilya, kadalasan ay binibigyan siya ng bahay bilang pamana, **táwid**, kasama ang iba pang mga ari-arian ng kanyang ama pagkatapos na ang ibang mga kapatid ay nakatanggap ng kanilang sariling bahagi.

Ang pinalawak na pamilya ay makikita rin kapag ang dalawa o higit pang pamilya na naninirahan sa iba't ibang bahay ay nagtatrabaho sa iisang bukid at kumukuha ng kanilang kakainin sa parehong mga lugar. Ginagawa ito dahil sa mga pang-ekonomiyang dahilan. Ipinapakita rin nito ang pagtupad ng obligasyon ng mga anak kapag ang mga magulang ay nagiging mahina na o may sakit.

Ang grupo ng mga magkakamag-anak, **simpangábong**, ay binubuo ng pag-uugali ng pangkat at ng mga personal na kamag-anak. Ang isang tao ay pantay na may kaugnayan sa parehong linya ng kanyang ama at ina. Samakatuwid, ang linya ng indibidwal ay maaaring masabaybayan sa apat na pares ng limang henerasyon. Sa isang mas huling yugto ng kanyang buhay, nakuha niya ang isang bagong hanay ng mga kamag-anak, **kabagiyán**, na binubuo ng mga kamag-anak ng kanyang asawa at ang sarili niyang kadugong mga kamag-anak: ang kanyang asawa at ang kanyang pangunahing kamag-anak, ang mga asawa at pangunahing kamag-anak ng kanyang mga kapatid, **bayáw**, at ang mga asawa at pangunahing kamag-anak ng kanyang mga anak.



### *Ugnayan sa komunidad*

Kung hindi man magkaugnay ang mga taga-Sabangan sa pamamagitan ng pag-aasawa, kinikilala pa rin nila ang isa't isa kung sila ay mga kapitbahay, **sag-ën** o **sagugóng**. Kung gayon ang mga ito ay maaaring magtulungan sa mga maraming gawain sa bahay o sa bukid. Maaari ding ang mga pamilya ay miyembro ng katutubong grupo na binibigkis ng isang **áto**. Sa sitwasyong ito, sila ay mga **kaatúan**. Ang bawat miyembro naman ng mas malaking komunidad ay mga **pangili**, at kung sa labas kinikilala ang isa't isa bilang **kailiyán** o **kadwá**, na dapat pansinin, tulungan o suportahan, na siya rin namang ginagawa sa mga kaibigan o **líwid**. Natural din naman ang pagkilala ng nakararami sa mga tao o pamilyang mayaman, **baknáng** o **kadangyán**.

## **V. Estructura at Sistema ng Pamamahala**

### *Pamamahala sa katutubong kultura*

Nabanggit nang kumpol-kumpol ang mga bahay sa mga pamayanan o komunidad na bumubuo ng Sabangan, na ngayon ay naging mga barangay dahil sa makabagong pambansang pamahalaan. Bago ang panahon ng barangay, ang mga grupo ng mga bahay ay nahahati sa mas maliit pang mga grupo ng pamilya, at tinatawag na **ubón**, na pinamamahalaan ng konseho ng mga matatandang lalaki, **amam-á**, na pinamumunuan ng isang **pángat**. Ang pinunong ito ay may kakayahang pangasiwaan ang mga pangyayari sa komunidad, ayusin ang mga alitan, at alam kung paano protektahan ang mga tao mula sa pag-atake ng mga karibal na komunidad. Ang iba pang mga lalaking matatanda ay bahagi ng konseho ng mga matatanda o tagapayo. Ang lugar ng pulungan o opisina ng mga lider ng nayon ay tinatawag na **at-áto** o **at-atúan**. Dito natutulog at nagpupulong ang mga matatanda upang talakayin at lutasin ang mga problema at alitan. Dito rin ang katutubong sentro ng mga ritwal at pagtuturo lalo na sa mga kabataang lalaki.

Sa loob ng komunidad, ang hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga magkakamag-anak ay inaayos ng **at-atúan**. Ang mga pagtatalo ay hindi pinahihintulutan na magpatuloy at guluhin ang organisasyon ng nayon, sa loob man ito ng isang **ubón** o sa pagitan ng mga kasangkot na **ubón**. Maaari din na magsumite ng isang kaso ang isang miyembro ng **ubón**, **umubón**, sa isang matandang lalaki na ang karunungan at pagkamakatarungan ay iginagalang. Gayunpaman, sa ngayon, bihira nang sinasangguni ang mga matatanda dahil mayroong nang mga ibinotong opisyal ng bawat barangay na bumubuo ng lupon na nagpapasiya sa mga kaso o reklamo na dinadala ng mga residente,. Bagama't naiimbata pa rin ang mga matatandang umupo sa pulong, makinig at magbigay ng kanilang kaalaman tungkol sa kaso.

Sa kasalukuyan may ilang baranggay na tuluyan nang nawala ang tungkulin ng **at-atúan**. Sa Camatagan ay wala na silang **at-atúan**. Sa mga ibang baranggay, ginawa na ang barangay hall bilang pook upang pag-usapan ang mga alalahanin ng komunidad at lutasin ang mga problema ng sambayanan.

Sa kabila ng pagtatatag ng mga pamahalaang pambarangay, may iilang **at-atúan** na tumutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng komunidad, at dito pa rin ang lunsaran ng mga katutubong ritwal na nagaganap. Ngayon, mapapansin din ang pagbabago sa mga

patakarang ipinatutupad ng mga **at-atúan** ng Sabangan kapag nagsasagawa ng mga ritwal. May mga pagbabagong pinahihintulutan dahil sa Kristiyanismo, edukasyon, at pamumuhay ng mga tao. Halimbawa, kapag nagkatay ang isang tao ng baboy para sa isang ritwal at dahilan, dapat niyang obserbahan ang **ngílin** o pahinga sa loob ng ilang araw upang maging epektibo ang ritwal. Dahil sa mga pangangailangan sa trabaho at distansiya mula sa lugar ng trabaho, ang mga araw ng **ngílin** ay maaaring pinaikli. Mayroon ding mga pagkakataon na ang isang tao ay dapat na magkatay ng sampung baboy ngunit sa pamamagitan ng kasunduan sa mga matatanda, maaari itong mabawasan sa lima lamang.

Sa ngayon, naipasakamay na sa mga ibinotong opisyal ng mga barangay ang pamamahala sa mga katutubong pamayanan na nilikha bilang mga makabagong barangay. Ang ilang matatanda naman ay ginagawang miyembro ng Lupong Tagapamayapa, at karamihan sa mga matatanda ay kasapi sa kani-kanilang *Senior Citizen association*.

### *Pagpili ng pinuno*

Ang konseho ng matatanda na binubuo ng **amam-á**, mga matatanda, ay tiningnan ng mga tao ng komunidad bilang kanilang mga pinuno. Ang **amam-á** na napili ay sila rin ang pipili kung sino ang karapat-dapat na tawaging **ap-apón di íli**, pinuno ng bayan. Ilan sa mga batayan ng pagpili ay kayamanan, prestihiyo, at integridad. Ang yaman ay isinasaalang-alang dahil ipinapalagay na ang isang mahusay na lider na mayaman ay may kakayahang umasikaso sa mga bisita. Ang isang tao ay maaaring makakuha ng prestihiyo sa pagdiriwang ng kasal ng kanyang mga anak, na tinatawag na **něnpabayás** o **něnpakasár**. Ang isang pinuno ay nakakakuha ng karagdagang pagpapahalaga sa pagpapakasal ng kanyang mga anak. Ang integridad ay tumutukoy sa moralidad ng isang tao.

Sa mga nakaraang panahon, isang paraan ng pagpili ng pinuno ng bayan ang pagboto gamit ang mga dahon ng mga halaman tulad ng saging, kape, at tubo. Ang bawat kandidato ay kinakatawan ng isang uri ng dahon. Ngayon, ang paraan at mga katangian ng mga kandidato ay itinatakda ng pambansang Comelec at sumusunod sa pagbabago ng lipunan at teknolohiya.

## **VI. Sistemang Pangkabuhayan**

### *Iba't ibang uri ng hanapbuhay*

Ang malaking bahagi ng Sabangan ay nakatuon sa agrikultura na siyang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng mga tao. Ang mga pangunahing pananim ay ang palay, kamote, patatas, kamoteng kahoy, karot, ube, yakon, mga gulay, mga prutas, at kape. Ang mga pana-panahong tanim ay mais at mani.

Bilang nasa gitna sila ng mga gubat o **batángan**, ang mga taga-Data naman ay naghahabi, **mēnlaglága**, ng basket at iba pang kagamitan na yari sa **anēs**, isang uri ng kawayan, katulad ng **ligáo** (bilao), **tópil** (baonan), **bitúto** (imbakan), at iba pa.

Ang paghahabi, **abēl**, ay isa ring pinagkukunan ng kita. Ang pangingsda gamit ang tamang aplikasyon ng bagong teknolohiya ay isa ring uri ng kabuhayan.

Sa kasalukuyan, ang mga komersiyal na establisimiyento, tulad ng mga grocery store, restawran, mga tindahan ng hardware, at mga nagkukumpuni ng awto, ay makikita lalo na sa Poblacion, Tambingan, Supang, Capinitan, at Namatec, o mga lugar sa tabi ng Halsema Highway o kalsada. Sa bawat barangay ay may mga sari-saring tindahan.

Parami nang parami ang mga residente ang nag-convert ng kanilang mga van o pribadong sasakyan bilang mga pampublikong sasakyan na nagdadala ng mga mag-aaral at manggagawa sa Bontoc, sa Bauko, o sa iba pang barangay.

Uso na rin ngayon ang **mēndardárat** o ang paghakot ng buhangin sa ilog at ibinebenta. Kung minsan, lumiliban ang ilang kabataan sa pag-aaral upang maghakot ng buhangin sa ilog para ibenta.

*Mga ritwal, proseso, at iba pang kaugnay na kaalaman hinggil sa hanapbuhay*

Ang pangunahing gawain sa agrikultura sa Sabangan ay ang pagtatanim ng palay, lalo na sa tag-ulan. Ang sentro ng gawaing ito ay ang bukid o **payēw** o **um-á**. Dahil kaunti lang ang mga patag na bahagi ng Sabangan, karamihan sa mga bukid ay pinagpantay na lupa, **pinánad**. Kailangan din ang pagkakabite, **tuping**, sa mga nasirang mga batong pader at pagsasa-ayos, **mēnpakpák**, sa mga guho, **gēdáy/kayos**, ng mga **banēng** o tagiliran o bangketa ng mga palayan.

Bago sumapit ang tag-ulan, kailangang maglinis ng mga damo, **mēndáos/mēnlidás**, sa mga batong pader ng mga palayan, kasama na ang mga lupang pagitan ng mga bukirin. Ito ang panahon ng **asilidás**.

Susunod na dito ang **asisamá** o **panagsasamá**, ang panahon ng paghahanda ng mga palayan bago taniman. Kasama dito ang pag-aararo gamit ang **aládo** na katulong ang kalabaw, **nuwáng**. Kung walang kalabaw at gamit ang isang kurbadong kahoy, **akdó**, bilang kasangkapang sa pag-aararo ng lupa, ang trabaho ay tinatawag na **mēn-akdó**. Gamit naman ang **sagád** o suyoed pagkatapos ng pag-aararo.

Maaaring kasabay ng paghahanda ng mga palayan ang paghahasik, **mēnpadóg**, ng binhi ng palay. **Padogán** and palayang taniman ng binhi ng palay. Kapag handa na ang mga binhi at palayan, panahon na ng pagtatanim, **panagtutúnēd**. Dahil kailangan ang tuloy-tuloy na daloy ng tubig sa mga palayan, nagsasalitan, **banbánēs**, ang mga magsasaka sa pagpapatubig sa mga palayan at pagsasa-ayos sa irigasyon o **payás**.

Makaraan ang ilang buwan at malalaki na ang mga palay, tumubo naman ang mga damo sa kanilang mga pagitan. Dito na ang **panagkakamës**, ang paglilinis sa mga damo sa loob ng palayan.

Kung malapit nang mahinog ang mga palay ay panahon ng **panagbëwëw**, pagtataboy sa mga ibon, **bidíng**, na kumakain ng palay, **págëy**. Gumagawa ang mga tao ng **kilkiláw** o **bëwëw**, mga panakot sa mga ibon.

Kung isa-isang inaani ang tangkay ng hinog na palay, **lakëm** ang instrumentong ginagamit para dito. Ang naaning palay naman ay iniimbak sa **agámang**, kubo o bahay na ginawa lamang para dito, sa tabi ng mga palayan o bahay. Ang **ginúlot** ay katutubong uri ng palay na itinatanim tuwing Disyembre at inaani tuwing tag-araw. Ang **binidíng** ay palay ay para sa pangalawang ani. Ang **lablabí** ay uri ng palay na maitim ang talupak pero puti ang bigas.

**Iík** ang bigas na hindi pa nabayo. **Binayo** ang tawag sa bigas, **bëgas**, na nabayo gamit ang **bayúan**, **babayúwan**, **lusóng** o **lusongán**. **Ál-o** o **á-o** ang mahabang kahoy na pambayo, at **ligáo** ang **bigáo** o tahipan. **Kiniskísan** ang uri ng bigas na nalinisan gamit ang **kiskísan** o gilingan ng bigas.

Kung hindi naman palay ang itatanim sa bukid ay mga gulay at iba pang pagkain. **Mënkaykáy** ang tawag sa pagtatrabaho sa gulayan o hardin, **galdín**. **Mëngabyón** ang pagbungkal at paggawa ng mga kama na tinatamnan ng mga gulay. **Manlúgam** ang paglilinis sa mga damo, at **manbúlas** ang pag-aaani sa mga bunga.

**Anúp** ang pangangaso. Gumagawa din ang mga lalaki ng **íyo** o **takdëy** na bitag para sa mga ibon. **Mangáiw** ang magtipon at pagkarga mula sa gubat ng mga kahoy na panggatong.

**Dápil**, **baliwës** o **lëbëk** ang paggiling ng **unás** o tubo. **Lukálok** ang asukal na gawa sa tubo na maaari ding gawing **bási**.

Sa lahat ng mga trabaho o gawain sa komunidad, maaaring mag-usap o magkasundo ang mga magkakapitbahay o iba pang miyembro ng komunidad na magtulungan sa mga gawain. Ang tawag sa salit-salitang bayanihan o pagtutulungang ito ay **ug-ugbó** o **dangdang-ás**. Maaari ding magkasundo ang mga residente na mangolekta ng pera o mga bagay upang ibigay na tulong sa ibang tao o gagamitin ng buong komunidad. Ang tawag sa mga kontribusyong ito ay **ugbó** o **ub-ób**.

May mga panahon din na nagtatakda ang mga matatanda ng pahinga, **tëngáw/tungáw**, ng komunidad. Ginagawa ito upang ang lahat ay makadalo o makatulong sa isang gawain sa pook. Halimbawa dito ang pananatili sa bahay, **ngílin**, na isang mahigpit na seremonya na walang magtatrabaho sa mga bukid bago ang anihan. May inilalagay na tambo o anumang sinyal, **sagangsáng**, sa pasukan ng komunidad upang markahan ang isang mahigpit na araw ng paghinga. Walang sinumang pinapayagang lumabas o pumasok sa komunidad. **A-áw** naman ang ritwal ng pasasalamat ng isang pamilya bago ang kanilang unang pag-aani ng palay.



**Larawan 24. Mga palayan sa magkabilang bahagi ng Ilog Chico**

Dahil mabundok ang lugar, natutuhan ng mga taong magsaka sa mga hagdang-hagdang palayan. Matatagpuan din sa mga matataas na bahagi ng komunidad ang mga *uma* na pinanggagalingan ng mga kamote at iba pang pagkain. SABANGAN CENTRAL, SABANGAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## VII. Relihiyon

### *Katutubong paniniwala sa Diyos; kaugalian at ritwal na ginagawa*

Ngayon, karamihan ng mga tao sa Sabangan ay naniniwala na sa mga turo ng iba't ibang simbahan kung kaya't may bago o iba-iba silang pagtingin sa mga tradisyunal na gawi. May mga hindi na ginagawa ang ilang kaugalian lalo na ang pagkakatay ng maraming manok at baboy at pag-aatang sa mga anito. Ang mga sumusunod ay mga karaniwang ritwal at pagdiriwang na ginagawa pa rin ngayon:

- a. **Bëgnás.** Ito ang pangunahin, pinakamalaki at pangkalahatang ritwal at pagdiriwang ng komunidad na maaaring tumagal ng apat hanggang pitong araw. Tampok dito ang mga pagkain, inuman at sayawan sa **at-áto**. Kaugnay nito ang kalendaryo ng pagtanim at pag-aani ng palay. Naghahanda ng **tápëy** o alak na yari sa bigas para sa mga okasyong ito. Ang pinakaunang ritwal at sakripisyo ay ginagawa sa **Pátay/Patpatáyan**, ang pinakamataas na lugar ng isang komunidad kung saan nag-aalok ng mga panalangin, **báki/búyag**, sa mga ninuno.
- b. **Pakdë.** Ito ang huling seremonya bilang pagtatapos ng **Bëgnás**. Mga baboy at manok ang kinakatay para dito. Ito ay ginaganap para sa pagpapanibago o paglilinis ng komunidad laban sa mga kalamidad o anumang hindi kanais-nais na mga pangyayari, at upang humingi ng masaganang ani.
- c. **Apëy/Apuyán.** Ginagawa ito pagkatapos magtanim ng palay upang hilingin sa mga espiritu na bantayan ang mga palayan, at humingi ng masaganang ani. Bahagi pa rin ito ng **Bëgnas**.
- d. **Tultulód.** Ginagawa ito bilang simbolo ng pagtataboy sa mga dagá at **bidíng** o mga ibon na kumakain ng hinog na palay. Ginagawa ang ritwal sa **at-atúan** gamit ang isang manok na kakatayin.
- e. **Dënët.** Isang ritwal na ginawa bago ang pag-aani ng palay kung saan ang isang manok o baboy ay iniaalay sa bukid o sa bahay upang hilingin kay Kabunyan ang masaganang ani. Binabasa ang **pidís** o apdo ng mga kinatay na hayop para sa mga pangitain.
- f. **Gígiw.** Isang ritwal na ginagawa sa panahon ng paghahanda ng mga kama ng binhi ng palay. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paglagay ng **luwëg** o pain. Kung hindi kinain ng daga ang pain sa susunod na araw, ipinapahiwatig nito na puwede nang maghasik ng mga binhi ng palay. Sa **at-atúan**, magkakatay ang mga matatanda ng manok at magpapahinga ng isang araw. Kinabukasan ay puwede nang magtanim ang mga tao.
- g. **Gën-gën di túnëd.** Isang ritwal na ginawa bago magsimula ang tunëd o pagtanim ng palay. Kinakatay ang isang baboy o manok sa **at-atúan**.
- h. **Awíl.** Kapag ang unang anak ng isang residente na ipinanganak sa ibang lugar ay umuwi, ang komunidad ay magbibigay ng mga regalo tulad ng palay, beans, o pera

bilang paghahanda at pagdiriwang ng pagbabalik ng bata sa kanyang lugar. Hindi sa lahat ng barangay ay ginagawa ito. Halos nawawala na rin ito.

- i. **Tangëb di inaná.** Ito ay ritwal sa pangatlong araw ng selebrasyon ng kasal. Magkakatay ng isang baboy na pagsasaluhan ng mga bisita at mga taong dumalo bilang pagtatapos ng selebrasyon.

Kinikilala ng mga Kankanaey na mayroon silang batayan ng magandang asal para sa sarili at sa pakikitungo sa ibang tao at sa kanilang kapaligiran. Kaya, malakas ang kanilang paniniwala sa **ináyán**, kamalayan sa kulturang nagsisilbi bilang gabay na prinsipyo at tinig ng budhi. Para sa kanila, may mga kaisipan, pananalita at gawaing **ináyán**, hindi kanais-nais, hindi tama, masama, nakasakit sa iba, nakasisira ng kapaligiran, taliwas sa kabutihan.

Para naman sa mga naging Kristiyano, ugali na nila ang sumali sa mga pagtitipon, **gímong**, at magsimba, **makimísa**.

## VIII. Materyal at Di-materyal na Kultura at Tradisyon

*Sining: Katutubong damit, kasuotan*

Mapapansin ang pagkamasining ng mga taga-Sabangan sa kanilang mga habing damit lalo na tuwing panahon ng selebrasyon. Kilala ang ilang mga babae sa Sabangan na naghahabi, **mën-ab-abël**. **Ábban** o **abëán** ang katutubong habiang itinatali sa likuran. Ang tawag nila sa kanilang mga hinabing suot ay mga sumusunod:

1. **Wanës.** Ito ang mahabang habi ng tela na salawal ng mga lalaki na sumasakop sa lomo, puwit at ari. Nag-iiba ito sa haba, disenyo at kulay. Ang karaniwang kulay ay nag-aalab na pula at dilaw na may mas malapad na bordadong dugtong sa makabilang dulo nito.

2. **Lagáyan, bak-ót, bakáng.** Habi ng malapad na tela na ginagamit bilang tapis o palda ng mga babae na nag-iiba rin sa haba, disenyo at kulay. Ang mga umiiral na kulay ay pula (**man-gadangáng, man-gaddá, mandaláng, mandadá**), berde (**salalayngët**), itim (**ngítit**), puti (**puláw, kilát**), at dilaw. Maaari ding maglagay ng mga **gálit** o guhit sa disenyo.

3. **Wákës/Bakgët/Bakës.** Ito ang nagsisilbing sinturon ng **Lagayan**. Makapal at malapad ito na nagdudugtong sa likuran ng babae na parang buntot. Ang magkabilang dulo nito na nagdudugtong ay natirintas na mga sinulid at parang buntot. Karamihan sa bahagi nito ay puti, at may bordang ibang kulay. Ang **bakgët** naman ay karaniwang ginagamit ng mga babae bilang *girdle* o sinturon upang higgitan ang kanilang tiyan. Nagbibigay ito sa kanila ng higit na lakas upang gawin ang kanilang trabaho. Hindi ito katulad ng **wákës** na may “buntot.” Maaari ding gawa ito sa hinabing yantok (*rattan*) o kawayan.

4. **Suklóng/Balláka** ay isang habing sulihya na ginagamit bilang lansungan ng ulo para sa mga kalalakihan. Ang mga natatanging disenyo at istilo ay tumutukoy sa tagapagsuot bilang may-

asawa o nag-iisa, mayaman o mahirap, isang mandirigma o isang ordinaryong miyembro ng komunidad.

Makikita rin ang husay ng mga tao sa paghabi ng iba't ibang anyo ng basket mula sa mga tanim sa gubat, at kanilang ginagamit araw-araw. Ang **labbá/lagbá** ay malalim na basket na ginagamit na imbakan o lalagyan ng kung ano-ano. Ang **luwá** ay isang mababaw na basket. Ang **giyág** o **diyág** ay pabilog at ang **bitúto** ay parisukat na basket na ginagamit na plato at iba pang gamit. Ang **agaag** ay pabilog na basket na ginagamit na salaan. Ang **sulipan** ay baonan na gawa sa kawayan. Ang **akiyak** ay maluwag na habing kawayan at ginagamit sa panghuli ng isda at puwede ring gamitin sa pagpapatuyo ng karne. Ang **gawin** ay maliit na basket na hugis garapon at itinatali ng mga kababaihan sa kanilang baywang kapag kumukuha ng kabibi sa palayan. Doon din nila inilalagay ang mga buto o *beans* o mais kapag nagtatanim. **Úpig** ang parihabang basket na lagayan ng bigas.

Naaalala rin ng mga taga-Sabangan na ang ilan sa kanilang mga ninuno ay may mga **batèk** o *tattoo*. Alam nila na ang katutubong paraan ng paggawa nito ay ang paggamit ng tinik ng mga kahoy at uling o abo.

### *Literatura*

Likas sa mga taga-Sabangan ang mag-usap, **mëntuyá**, magkuwento, **ondèk**, at magbigay ng mga bugtong, **bulbultiyá**. Sa mga kuwentong ito mahihinuha ang kanilang mga halagahan at pananaw sa buhay.

Karamihan sa mga awit o panalangin ng mga matandang lalaki sa panahon ng mga ritwal ay mala-tula. Ang mga matatanda umano noon ay gumagawa ng mga maiikling kuwento na mala-tula. Ang sumusunod ay halimbawa ng kinakanta ng mga matatanda habang pinapatulog ang kanilang mga anak o apo:

**Lali, lali**

**Adi ka makmakali** (Tahimik, huwag kang maingay)

**Tay adi ammo'n padi** (Hindi alam ng pari)

**Ta umëyak mangalumani** (Mamumulot ako ng *wild berries*)

**Ta wa'y kanën tako's awni** (Para may kakainin tayo mamaya)

Iba-iba ang mga kanta ng mga taga-Sabangan depende kung saan ito kakantahin. Ang mga sumusunod ay mga klase ng kanta:

a. **Liwliwá**. Ito ay isang awit ng grupo ng mga lalaki lamang sa mga ritwal tulad ng pagbibinyag ng isang bata, kasal, pagpapasinaya ng bahay. Ito ay kagyat na binubuo sa okasyon (*extemporaneous*) na may apat o higit pang mga linya. May isang nangunguna na lalaki na nagsisimula sa awit. Ang iba pang mga lalaki ay sasali sa korong **agay, agay, liwliwá**.

b. **Baya-ó**. Awit para sa patay na binabanggit ang kanyang mga nakaraang



Gawa at kabaitan.

- c. **Dad-át.** Kuwento tungkol sa mga diyos at mga diyosa, mga kuwento ng pag-ibig, mga alamat at kuwento ng mga dakilang tao na may mahusay na mga gawa. Ito ay inaawit ng isang tao na pang-aliw o pampalipas oras lamang.
- d. **Day-ëng.** Awit ng pag-ibig na kadalasang kinakanta ng mga lalaki at babae upang ipahayag ang kanilang damdamin at sentimiyento o upang ipahayag ang mga pagmamalasakit at emosyon. Ang mga babae ay kadalasang kumanta ng **day-ëng** habang nagtatrabaho sa bukid.
- e. **Dagdágo.** Karaniwan ay inaawit ito sa lamay na may mabagal at malambot na boses. Sumasama ang iba sa korong: **Si-ëy-ya di-i nanliwliwa (2X), Ah-ha pakada da-ay paganadiyan.** Para sa patay na babae, ang koro ay: **Si-ëy-ya di-i nanliwliwa (2X), Ah-ha golgolingay naganak.**
- f. **Oggáyam.** Isang awit ng isang tao sa panahon ng mga pampublikong pagtitipon at iba pang okasyon. May isang tono ito at pagtutugma ng katapusan ng mga linya. Inaasahan ang lahat ng mga matatandang lalaki na kaya nilang gawin ito.
- g. **Dániw.** Ito ay isang patulang awit, karaniwan para sa patay.

### *Mga Sayaw at Musika*

Natatangi sa mga taga-Cordillera, kasama ang mga taga-Sabangan, ang paggamit ng mga instrumentong gawa sa bakal o tanso sa kanilang mga sayaw. Ang isa pang katangian ng mga sayaw na ito ay pinamumunuan o nakikilibot mismo ang mga may hawak ng mga instrumento sa pagsasayaw. Ilan sa mga kilalang porma ng ganitong mga sayaw ang mga sumusunod:

- a. **Takík.** Ito ay isang sayaw sa kasal na kasama ang isang lalaki at isang babae. Pareho silang sumasayaw sa ritmo na ibinigay ng dalawa o tatlong lalaki na nagpapatunog ang mga **gangsá** at tambol na **sulíbaw**.
- b. **Tallíbëng.** Sayaw ng isang grupo ng lima hanggang sampo na manlalarong lalaki na may tig-iisang gangsa. Habang lumilipat ang mga manlalaro sa isang pabilog na paggalaw, ang mga kababaihan naman ay sumayaw sa paligid ng mga lalaki at sinundan ang mga hakbang ng mga lalaki.
- c. **Pinnanyówan.** Batay sa pangalan, sayaw ito gamit ang panyo. Ang limang iba't ibang mga ritmo ay sabay-sabay na nilalaro ng mga manlalaro ng gangsa habang ang isang pares ng lalaki at babae na mananayaw ay may tig-iisang panyo at kunwari'y nag-aabutan at nag-aayawan ng panyo. Matatapos ang sayaw kung huhuliin ng lalaki ang panyo ng babae.
- d. **Tadëk.** Pangmaramihang sayaw ito sa lahat ng okasyon. Parehong umiikot, nagsalisihan, o nagsasabayan ang mga lalaking tumutugtog ng gangsa at ang mga babae. Kapansin-pansin ang magalaw na balakang ng mga lalaki. Sa mga babae naman ay mas gumagalaw ang mga paa, hita, at kamay.

- e. **Boógie.** Ito ay ang courtship dance na karaniwan sa Mountain Province at sinasayaw din sa Sabangan. Halaw sa boogie, ipinapakita ang ligawan ng lalaki ang babae, pag-aasawa, hangang sa pagbuo ng isang pamilya.

Ang mga karaniwang instrumentong pangmusika na kadalasang gawa mismo ng mga tao, o mula sa mga karatig-pook, ay ang mga sumusunod:

- a. **Páttong/gangsá** ang pangunahing instrumento na ginagamit sa anumang kasalan o ritwal. Parang bilog na plato ito na gawa sa tanso at may nakataling hawakan ng kamay sa gilid nito. Iba-iba ang lapad nito upang makagawa ng mataas o mababang tunog kapag pinapalo sa gitna nito. Mahalagang ari-arian ang mga ito ng mga pamilya at komunidad, at mga mahal na pamana. Karaniwang binubuo ang isang grupo ng anim (6) o pitong (7) piraso at pinangangalanan ayon sa kanilang sukat. Noong unang panahon, ang mga hawakan ay gawa sa panga ng tao. Sa kasalukuyan, ang mga hawakan ay gawa sa kahoy o sungay ng kalabaw.
- b. **Takík.** Tumutukoy ito sa dalawang pinutol na bakal na gumagawa ng tunog ayon sa ritmo ng gangsa.
- c. **Sulíbaw.** Katutubong tambol, ito ay isang mahabang guwang na kahoy na may lima hanggang anim na talampakan ang haba. Ang mas malawak na bungad ay natakpan ng katad. Kailangang nakaupo lamang ang tumutugtog. Pinapatunog ito gamit ang hampas ng kamay. Maaaring isa lamang na sulibaw ang gamit sa lugar na ito. Sa ibang lugar ay kailangang dalawa. Ngayon, may mga **sulíbaw** na na gawa sa PVC.
- d. **Kalalêng** (*nose flute*). Ito ay gawa sa isang putol ng **ánès** na kawayan na may isang butas sa saradong dulo para sa ilong at sa tagiliran nito ay apat (4) na butas na tig-isang sentimetro ang layo sa isa't isa para sa mga daliri. Bukas sa kabilang dulo upang makabuo ng iba't ibang mga tono kapag ang daliri ay sinasarahan o inaalís sa mga butas. Ang hangin na nanggagaling sa ilong ay siyang gumagawa ng tunog.

### *Arkitektura*

Payak ang katutubong arkitektura ng mga Kankanáëy. Ang bahay, **ábong**, na yari sa kogon ang bubong ay tinatawag na **inatêp**, na ang ibig sabihin ay isang kuwarto na nilagyan lamang ng bubong. Ganoon din ang **at-atúan** o bahay ng konseho ng komunidad at dormitoryo ng mga kalalakihan. Mababa ito, iisa ang maliit nitong pintuan at walang mga bintana. Karaniwang gawa ng mga bato ang mga dingding. Napapaligiran naman ang bakuran nito ng mga patag na bato, ganoon din ang mga nakapalibot na mga upuan. Kapansin-pansin ang pabilog na disenyo ng pulungan na may abuang nakapagitna.

Gumagawa din sila ng mga **këbkëb** o **ab-abóngan**, mga maliliit na kubo o bahay na imbakan ng palay, iba pang ani, at mga kagamitan sa palayan o hardin. Ang katutubong lutuan o **dapoán** ay isang kahon na nilagyan ng lupa at tatlong magkakatabing bato ang nagsisilbing kalan, **dalikán**.

Karamihan sa mga dating bahay ay gawa sa tabla o kahoy ngunit pinalitan na ngayon ng mga yero at semento. Noong bago ang paggamit ng yero sa bubong at dingding, halos pare-pareho

ang simpleng kahon na disenyo ng bahay. Nang gumagamit na ng semento at *tiles*, mas iba-iba na at mas malalaki na ang mga ginagawang bahay.

## IX. Siklo ng Buhay

May ilang mga paniniwalang bumabalot sa pagsisimula ng buhay ng isang tao sa Sabangan. Kapag buntis, **malitón**, ang isang babae, dapat hindi niya tinatawanan ang mga may kapansanan kasi magiging ganun din umano ang kanyang anak. May mga pagkakataon ding mababakas sa mukha o katawan ng isang bata kung anong prutas, halaman o bagay ang pinaglihian, **ngínaw**, ng mga magulang. Palaging pinag-iingat ang isang buntis upang hindi siya makunan, **naalisán**.

Sa katutubong kaugalian, nanganganak, **umanák**, ang nanay sa bahay sa tulong ng hilot o mayordoma at iba pang mga babae. Ngayon, inaasahan na ng pamahalaan ang panganganak ng mga nanay sa ospital o sa mga makabagong birthing center sa mga barangay. May mga nanay na hirap sa panganganak, **pasíkal**. May mga nanganganak din ng kambal, **síngin**.

Kapag nanganak ang isang babae ay dapat siyang mag-**tanggád**. Ibig sabihin dapat hindi siya nagbubuhay ng mabibigat o maglaba sa loob ng 3-6 na buwan. Kaya ang asawang lalaki, o sinumang kasama sa bahay ang inaasahang maglaba o magbuhay. Kasama sa **tanggád** ang paggamit ng **wakës** o **bakgët**, isang malapad na hinabing sinturon, upang suportahan ang katawan ng nanay at maibalik ang hubog ng kanyang tiyan. Inaasahan din na ang nanay ay magpasuso sa kanyang anak hanggang sa ito ay mawalay, **pusót**. Upang magawa ito, sinasabihan siya na kumain ng mga masusustansiyang pagkain at palaging humigop ng sabaw.

Makaraan ang ilang linggo, nahuhulog ang pusod o **púsëg** ng isang sanggol. Karaniwang ibinabaon ito sa ilalim ng bahay. Kapag lumalaki na ang isang sanggol, ito ay nakakayanang gumapang (**mënkúdong**), umupo (**tumukdó**), tumayo (**mëntakdëg**), at maglakad (**mëndán**). Isang karaniwang pagkarga ng mga bata ay ang ang pagtatali sa kanila sa likuran o harapan ng ina, ama o mga kapatid gamit ang isang mahabang kumot o **ëbán**. Kung lalaki ang isang bata, maaaring pinatuli, **kúgit**, na siya sa ospital noong kapapanganak pa lamang o hihintayin kung siya ay lumaki na.

Karaniwan ay binibigyan ang bata ng **bëdáy** o palayaw na galing sa pangalan ng kanyang mga ninuno. Kadalasan, inoobserbahan ang mga katangian, hitsura o gawi ng isang bata at pinapangalanan siya ng pangalan ng kahawig niyang matanda o sinaunang tao.

Inaalagaan ng mabuti ang mga kabataan. Tinuturuan silang tumulong sa loob at labas ng bahay. Isinasama sila sa mga bukid, ilog at gubat. Pinapayuhan din silang mag-aral nang mabuti. Hangga't kaya, sinusupportahan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang makatapos ng kolehiyo.

May mga kabataang nagkakaanak o nakikipag-asawa nang maaga. Kung minsan, hindi muna sila pinapayagang ikasal. Isang masayang okasyon ang kasalan sa mga komunidad. Pinapayuhan ang mga bagong kasal na bumuo ng bago at maunlad na pamilya, magkaroon ng magandang kabuhayan, at tumulong sa pag-unlad ng komunidad.

Ang mga matatanda ay karaniwang iginagalang at binibigyang respeto sa tahanan, komunidad at mga pampublikong pagtitipon. Sa ngayon, ang mga matatanda sa Sabangan ay

aktibo sa mga gawain ng mga *Senior Citizen*. Ang kanilang kamatayan ay ikinalulungkot at binibigyan ng halaga gamit ang lubos na kakayanan ng mga anak.

## **X. Partisipasyon sa Pambansang Kultura**

### *Edukasyon*

Ang lahat ng mga barangay ng munisipalidad ng Sabangan ay may mga pasilidad at serbisyo para sa edukasyong pang-elementarya. Ang lahat din ng mga barangay ay may kani-kanilang day-care center ng Department of Social Welfare and Development.

Para naman sa sekundarya, mayroong apat na pampublikong paaralan: ang Sabangan National High School na matatagpuan sa Tambingan, Data National High School na matatagpuan sa Data, Namatec National High School na matatagpuan sa Namatec, at Pingad National High School na matatagpuan sa Camatagan. May isang pribadong paaralan, San Alfonso National High School, na pinamamahalaan ng Roman Catholic Church, na matatagpuan sa Poblacion.

Ang programang Alternative Learning System ng Dep-Ed sa bayan ay tumutulong din sa mga kabataang huminto sa pag-aaral. Sumasailalim sila sa Livelihood Training Program (LTP) upang makapaghanapbuhay, kung hindi man ay tinutulungan silang makakuha ng Accreditation and Equivalency Test upang makapagpatuloy sa pag-aral.

Mayroon ding mga gusali ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at Community Environment and Natural Resources (CENR) na nagsisilbing provincial training center at matatagpuan sa Tambingan. Ito ay hindi lamang para sa munisipalidad ng Sabangan kundi pati na rin sa mga kalapit na munisipalidad. Ang training center ay nagpapatupad ng mga programa ng pamahalaan tulad ng pagbibigay kapangyarihan sa mga non-government organisasyon (NGO) at pagsuporta sa mga *income generating project* (IGP) sa prutas, pagpoproseso ng pagkain, at handicraft.

### *Kalusugan*

Ang Sabangan ay may isang Municipal Health Center (MHC) na matatagpuan sa Poblacion at siyam (9) na barangay health station na matatagpuan sa Pingad, Capinitan, Namatec, Supang, Gayang, Data, Camatagan, at Busa. Ang Napua ay catchment area ng Busa. Ang bawat health center ay pinapatakbo ng isang midwife. Ang MHC ay pinangangasiwaan ng isang doktor, isang nars, isang midwife, isang dental aide, isang sanitary inspector, at barangay health worker (BHW). Ang mga serbisyo na ibinibigay sa lahat ng mga health center ay konsultasyon, disease treatment, nutrition, family planning, pre-marriage counseling, Under Six na klinika, pagbabakuna, operasyon timbang, pangunahing pangangalagang pangkalusugan (primary health care), at mga referral sa pagpapa-anak sa tahanan.

### *Transportasyon at komunikasyon*

Sa kasalukuyan, ang Sabangan at ang mga barangay nito ay mararating sa pamamagitan ng Halsema Highway. May mga kalsada ring patungo sa lahat ng mga barangay. Nakarating na rin ang kuryente sa lahat ng mga barangay at kahit na ang mga barangay na malayo, **sulsulinëk** o **balbaliw ali**, sa mga malalaking kalsada ay may TV set, radio, at iba pang gadget at electrical

appliance gaya ng washing machine, lutuan na de kuryente, at iba pang electrical appliances na pambahay at para sa ibang pangkabuhayan.

### *Usaping pampolitika*

Bago dumating ang mga Amerikano at nagpatupad ng bagong sistema ng pamamahala, matatag ang tradisyunal na sistemang pampolitika ng **áto**, ang katutubong pamahalaan ng komunidad na pinamumunuan ng mga matatanda. Sa panahon ng rehimeng Amerikano, lumikha ng mga posisyong tulad ng alkalde, bise-alkalde at tagapayo, na pinupuno sa pamamagitan ng halalan. Gayunman, ang tinig ng mga matatanda sa **áto** ay isinasaalang-alang upang magtagpo ang mga katutubong kaugalian at mga makabagong batas. Nang pumaimbabaw ang makabagong edukasyon at personalidad bilang mga pamantayan ng kakayahan para sa mga elektibong mga posisyon, ang awtoridad ay naalis mula sa mga matatanda.

Ngayon, ang mga matatanda ay nagpatuloy pa rin sa kanilang tungkulin sa mga tradisyunal na gawain. May mga panahon ding kinukunsulta sila hinggil sa kung sino dapat ang iboboto. Kinukuha rin sila bilang kinatawan sa ilang ahensiya ng gobyerno at mga tagapagpayo. Bagamat di rin sila kusang tumutulong sa barangay council na naatasan sa mga di pagkakasundo hanggat hindi sila naimbita. Sa kabila nito, malaking tulong pa rin ang opinyon o payo ng mga matatanda sa **áto** lalo na sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo hinggil sa lupa o bukid, o sa away ng mga mag-asawa at mga kabataan.

## **XI. Pagtanaw at Pagtugon sa Katutubong Wika at Kultura**

Hanggang ngayon, ipinagmamalaki pa rin ng mga taga-Sabangan ang kanilang kultura at ang kanilang wika. Noong Marso 2007, ang Gagayam Festival ay isinagawa na layuning muling mabuhay at itaguyod ang kultura para sa mga henerasyon ng mga kabataan. Ang ibig sabihin ng **gagayam** ay pagkakaisa at pagtitipon-tipon. Aktibo ring nakikilahok ang Sabangan sa pamprobinsiyang **Lang-ay** Festival ng Mountain Province, kung saan ipinapakita nila ang kanilang kultura sa iba't ibang munisipyo ng Mountain Province at sa mga bisita. Ang **lang-áy** ay katutubong gawain kung saan nag-iimbita ang isang tao sa kanyang tahanan upang magpakain o magpainom ng **tápëy**, o alak na gawa sa bigas. Tumutukoy din ang **lang-áy** sa mismong pagkain at inuming handa para sa okasyon.

Sa mga barangay, ipinagdiriwang ang **Lëpás** (na ang ibig sabihin ay pagtatapos) na ginaganap tuwing Hunyo makalipas ang ani upang magpasalamat. Itinatanghal dito ang mga katutubong sayaw at musika kasama na rin ang mga makukulay at magagandang katutubong kasuotan. Nagkakatay din ng mga baboy at manok para sa pagkain. Tumutukoy din ang **Lëpás** sa pagkakasundo o pagbabatí ng mga nagbabangayan at may hindi pagkakaintindihan. Pinagbibigkis ng pista ang mga taumbayan at ginugunita at patuloy nilang binubuhay ang kanilang mga katutubong kaugalian at wika. Nagdadagdag din ito sa kanilang pagbibigay halaga sa kanilang pagkatao at komunidad.

**sagada, mountain province  
(hilaga) kankanáey**

**I. Heograpiya**

Isa sa mga kilalang bayan sa Cordillera, ang Sagada ay nasa mataas na bahagi ng Mountain Province. Katabi niya sa hilaga ang Tubo, Abra, sa silangan ang Bontoc, sa timog ang Sabangan, at sa **kaunúgan di agëw**, kanluran, ay ang mga munisipyo ng Bauko and Besao. Mula sa Lungsod Baguio ay 157 kilometro, at 18 kilometro mula sa Bontoc, batay sa distansiya ng kalsada.

Kabilang sa bayan ng Sagada ang 19 na mga barangay na may kabuoang bilang ng mga **ippugáw** o tao na 11,127, batay sa Mountain Province Census of Population and Housing noong 2015. Ang mga sumusunod ay ang mga barangay ng Sagada at ang bilang ng mga **mangíli** o **umíli** o mamamayan sa bawat barangay:

Barangay	Bilang ng Tao
1. Aguid	681
2. Ambasing	774
3. Ankilëng	907
4. Antadao	357
5. Balugan	780
6. Bangaan	924
7. Dagdag (Poblacion)	731
8. Dëmang	768
9. Fidelisan	428
10. Kilong	409
11. Madongo	561
12. Pátay (Poblacion)	1,347
13. Pidë (Pidë, Pitchë)	375
14. Nacagang	174
15. Suyo	439
16. Taccong	314
17. Tanulong	415
18. Tëtëp-an Norte	363
19. Tëtëp-an Sur	380
	11,127

Ang mga barangay ay nahahati batay sa kanilang mga lokasyon: sa **dapliyan** (hilaga), **abagátan** (timog), **abagátan-sentrál** (timog-sentral), sentrál, at **bëskáan** (silangan). Ang hilagang Sagada ay binubuo ng Banga-an, Madungo, Aguid, Pidë, Fidelisan at Tanulong; kabilang sa timog Sagada ang Ankileng, Taccong, Nacagan, Suyo; kasama sa timog-sentral ang Balugan at Ambasing; kabilang sa **gawá** o **tëngnga** o sentral ang Dëmang, Dagdag, at Pátay; at kabilang sa silangang Sagada ang Antadao, Kilong, Tëtëp-an Sur at Tëtëp-an Norte.



**Larawan 33. Tëngnga o sentro ng Sagada**

Dito sa sentro ng Sagada, sanay na sanay na ang mga tao sa pagsalubong, pakikisalamuha at pag-aasikaso sa mga **sangali** o bisita at turista. Marami sa kanila ang nagtatrabaho bilang mga tour guide, waiter, hotel operator, souvenir shop manager, restaurant operator, atbp. PÁTAY, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 34. Mga biling (bundok), batangan (gubat), payew (palayan), um-á, at saleng o batang (pino) ng Ankileng**

Nararating din ng mga turista ang lugar na ito sa baba ng sentro ng Sagada. May kambal na talon, **pëy-ásan**, sa loob ng bundok, at “hiking” ang isa pang atraksiyon dito. May mga tuntuning sinusunod ang mga tao hinggil sa paggamit ng mga kahoy ng pino lalo na sa paggawa ng kanilang mga bahay, upang may magamit pa ang mga susunod na henerasyon. ANKILÉNG, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**Larawan 35. Mga mapa ng Sagada, Mt. Province, mula sa WIKIPEDIA (itaas) at GOOGLE MAPS (ibaba)**





**Larawan 36. Pagsesemento ng mga tupíng at daanan**

Lahat ng mga bahay ay may yerong bubong. Matagal nang pinalitan ng mga tao ang kanilang mga bahay kubo. Karaniwan din ang paggamit ng semento. ANKILENG, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 37. Ang mga payêw at bahay ng Ankilëng**

Nakatatanim ang mga tao ng palay ng dalawang beses isang taon kung tuloy-tuloy ang tubig mula sa kanilang **wánga** o ilog at **ub-ób** o **ubbóg** o bukal. Ang mga maliliit na palayan ay tinatawag na **këllëng**, **nanaskóng** o **singkóng**. Ang mga palayan na ginagamit na patubuan ng similya ng palay ay tinatawag na **paddugán**. ANKILENG, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 38. Ang mga bahay, palayan, ilog, pino, at bundok ng Fidelisan**

Katabi ng Fidelisan ang **gináwang** o **wánga** (ilog) kung saan nandoon ang **pëy-ásan** o talon ng Bumod-ok (Bumod-ok Falls) na isa sa mga dinarayo ng mga turista sa Sagada. Mga sampóng kilometro ang talon mula sa sentro ng Sagada. Makikita rin na matagal nang pinalitan ng mga tao ang kanilang mga **ábong** o bahay kubo. Dahil mababa ang lugar mula sa kalsada, gumagamit din ang mga tao ng tramline upang kargahin ang mga mabibigat na gamit. FIDELISAN, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 39. Mga makabagong bahay sa katutubong pamayanan**

Pagtatanim ng palay ang pangunahing ginagawa ng mga tao kaya mahalaga sa kanila ang mga **payëw**, palayan, at **payás** o irigasyon. Ang ilang mga **pusóng** o pilapil ay sinisemento na rin upang madaanan. Dumadaan ang mga **sangaili** o turista sa Pide (Pidë) kung pupunta sila sa Bumod-ok Falls. Sa pananalita ng mga taga-Pide, Pi-tsë ang kanilang pagbibigkas sa ngalan ng kanilang barangay. Karaniwan ang tunog na /ts/ sa kanilang wika, dahil malapit naman sila sa silangang Mt. Province na karaniwang ng tunog na /d/ ay nagiging /ts/. PIDE, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 40. Maulap sa Pidë**

Palakihan ng paggawa ng mga bahay na yari sa semento at yero. Mapapansin ding **nâangëp** at **mënlilibúo**, maulap, sa lugar na ito. Ang mga maliliit na palayan ay tinatawag na **këllëng**. PIDE, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 41. Pababa (magúsad, malayóg) at pataas (matíkid) ang paglalakbay sa ili o bayan na ito**

Dinadaan ng mga turista ang komunidad papunta sa malaki at sikat na **pëy-ásan** o talon sa ilog dito. Ang pagtungtong sa mga **dëppás** o bangin ay bahagi ng karanasan sa pagbisita dito. Bhirang makakita ng **simpá** o **pátag** na lupa dito. Ang mga pinagtayuan ng mga bahay at mga palayan ay **pinánad** o pinatag ng mga tao. PIDE, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## **II. Pagkakakilanlan ng Pangkat**

Magkasama ang mga tao sa bayan ng Bësao (Bësaw) at Sagada na kabilang ngayon sa tinatawag na Hilagang Kankanáëy. Bilang isang lugar sa Rehiyong Cordillera, kasama rin sila sa tinatawag na Igorot. Simula noong nabuo ang Office of Northern Cultural Communities (ONCC), at sinundan ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP na itinatag ng Indigenous Peoples' Rights Act noong 1997), ang mga Kankanáëy (may mga nagsasabi ring Kankanáy) na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng Mountain Province ay tinawag na **Apláy**, na siya ring tawag, **i-appáy**, ng mga taga-Bontoc o silangang Mountain Province sa kanila.

Una ay Malingëb, tapos naging Ganduyan umano ang mga sinaunang pangalan ng Sagáda. Naging Sagada umano ang pangalan ng lugar noong panahon ng mga Espanyol. Para naman sa mga tao na hindi nakatira sa kabisera ng bayan, tumutukoy din ang Sagada sa sentro.

Galing umano sa iba't ibang angkan at lugar ang mga taga-Sagada. Ang iba sa kanila ay galing sa mga Maëng ng Abra, Dallik sa Bontoc, at ang iba pa ay galing sa katabing bayan ng Besao. Ang iba raw sa kanila ay pumunta ng Candon upang takasan ang Kristiyanismo ngunit bumalik (**sumágong**) din dala-dala ang ilang kulturang Ilokano. Mapapansin din ito sa kanilang wika na maraming parehong salitang Ilokano. Noong panahon ng Espanyol na kailangang magbayad ng buwis, ang ilan sa kanila ay pumunta pa ng Cervantes at Vigan upang magbayad ng buwis. Sinamantala rin nila ito upang makipagpalitan ng mga produkto nila. Dahil lagi silang bumababa ang iba ay tuluyan na ring nakipag-asawa sa mga Ilokano.

Noon pa man, ang mga taga-Sagada ay nagpupunta sa ibang lugar upang makipagkalakal at makisalamuha sa ibang tao. Mayroon ding mga kuwento ng mga taong naghanap sa kanilang mga nawawalang hayop at tumira na sa ibang lugar kung saan nila natagpuan ang kanilang nawawalang hayop.

Noong panahon ng mga Amerikano, dinala ng mga misyonero ang ilan sa mga taga-Sagada upang manilbihan sa ilang lugar sa Ilocos Sur, Tagudin, Vigan, at Banggar. Maaaring ito ang dahilan kung bakit marami ngang mga salitang Ilokano ang Kankanáëy. Gayun din, ang ilan sa mga taong galing sa mga lugar na ito na sumama sa mga misyonero ay nakahanap ng trabaho (**nakidnó**, **nakisamá**, **nakiúbla**), nanirahan (**nakiíli**) at nakipag-asawa (**naikámang**, **dumaw-ín**) na rin sa Sagada at ibang lugar sa Mountain Province. May mga lumipat din sa Suyo, isang barangay ng Sagada, kung saan may minahan ng tanso (copper). May lumipat din (**bakwít**) sa ibang lugar noong panahon ng digmaan at bumalik (**sumágong**) noong matapos ito.

### III. Sitwasyong Pangwika

Masasabing buhay na buhay ang wikang Kankanáëy dahil ginagamit ito araw-araw ng mga tao, lalo na ng mga kabataan. Hindi ikinahihiya ng mga katutubo ang pagsasalita ng kanilang sariling **kali** o wika. Kahit na marunong silang magsalita ng Filipino at Ilokano ay mas pinipili pa rin nilang gamitin ang sarili nilang wika kapag kausap nila ang kababayan nila na naka-iintindi sa kanila tulad ng mga taga ibang lugar na Kankanáëy din ang salita.

Sa Kankanáëy, walang panandang salita na ginagamit na nagpapakita ng respeto ng mga kabataan sa mga nakatatanda. Pero hindi ibig sabihin na hindi magalang, **narespéto**, ang mga kabataan. Tinatawag ng mga bata ang kanilang nanay na **ína**; tatay na **áma**, mga lolo at lola na **állapo**. Maaari ring pangunahan ng **iyun-á** (nauna) ang pangalan ng mas nakatatanda upang ipakita ang respeto: **iyun-ák ay Dómay** (panganay kong Domay). Ngayon natututo na ang mga kabataan na gamitin ang Ilokanong terminong **mánang** and **mánong** na tumutukoy o pantawag sa mga nakatatanda sa kanila. Nagagamit na rin ang mga Filipino salita kagaya ng 'ate' para sa nakatatandang babae at 'kuya' para sa nakatatandang lalaki. Karaniwan din sa mga kabaatan na tawagin nila ang mas matandang babae na 'auntie' at 'uncle' para sa mga lalaki kahit di nila tunay na tiya at tiyo. Hindi rin naman ikinasisiya ang mga **binúgaw** o pasigaw at **binubugták** o pabalbal



na pananalita. Mahahalata rin naman sa **áyog** o tono ng pananalita ang respeto o pinanggagalingan ng isang tao.

Ang mga batang lalaki ay karaniwang tinatawag na **ambót** o **ákay** at **ambít** o **akët** naman para sa mga batang babae. Pero ngayon mas gusto ng mga bata na tawagin sila ng kanilang pangalan.

Ipinagmamalaki pa rin ng mga tao sa Sagada ang kanilang sariling wika. Ang ilang mga salitang Ingles sa isinasama sa kanilang mga pag-uusap ay bunsod ng kanilang kasaysayan na mahigit isang daang taong pakikisalamuha sa mga dayuhan na karamihan ay nagsasalita ng Ingles. Kailangan din nila ito dahil sa araw-araw na pagdagsa ng mga turista sa kanilang lugar. Kaya bata man o matanda ay maaaring magsalita ng Ingles.

Nagsasagawa pa rin sila ng ilang ritwal kahit na pumasok na sa mga bagong simbahan. Para sa ilan, ang paggawa nito ay dahil sa paggalang sa matatandang lalaki at sa kanilang komunidad bilang hakbang para sa kapayapaan sa komunidad. Para sa iba pang residente, dahan-dahan na ang pagbitiw sa mga sinaunang kaugalian sa pamamagitan ng pinaliit na pagsasagawa ng ilang ritwal alang-alang sa pagsunod.

#### *Pagkakatulad at pagkakaiba ng wika*

Iba-iba ang intonasyon ng wika sa mga barangay ng Sagada bagaman karaniwan na ang kanilang salita ay hindi malumanay o malambot para sa pandinig ng mga dayuhan. Mayroon ding ilang mga pagkakaiba sa kahulugan ng parehong **kalí** o salita, tulad ng salitang **lúmëng**. Para sa hilagang bahagi ng Sagada, ito ay nangangahulugang kulungan ng baboy ngunit para sa mga nasa katimugang bahagi, ito ang nakolekta na tae ng baboy na ginagamit bilang pataba sa mga palayan at hardin. Isa pang halimbawa ay ang salitang **dúgong** na tumutukoy sa kulungan ng baboy pero sa iba ay kulungan ng manok. May mga salita din na pareho ang kahulugan pero iba-iba ang mga salitang gamit sa mga barangay. Ito ang ilang mga halimbawa:

isara: **ibúti, idákhig**

kulungan ng baboy: **dúgong, gúngo, gúnguan**

makalumang salita: **sinangad-úm, khinasín, inag-agáya, inu-úgma, sinangatsúm**

Ang isa pang pagkakaiba na mapapansin sa wika ng Sagada Kankanáëy ay ang tunog /b/. Anumang salita na may panimulang tunog na /b/ sa ibang mga barangay ay napapalitan ng tunog na /gh/ (velar fricative) sa ibang lugar. Halimbawa, ang bato ay nagiging /ghato/. Ito ay mapupuna sa Tanulong lalo na sa mga matatanda.

Mayroon ding pagpapalitan ng /r/ at /l/. Walang pagkakaiba sa ibig sabihin kung ang isang salita na may tunog na /r/ ay napalitan ng /l/. Ito ay karaniwan sa mga matatanda na hindi sanay bigkasin ang tunog /r/. Halimbawa, ang **galdín** at **gardín** (hardin), at **rugí** at **lugí** (simula). May palitan din ang /d/ at /ts/ sa ibang lugar tulad sa Pide (Pidë, Pitsë).

May mga salita din na meron ngayon na wala noon. Ang sistemang gobyernong **dap-áy** noon ay may mahigpit na alituntunin laban sa paghihiwalay ng mag-asawa kung kaya't hindi

ginagamit ang isang partikular na termino para sa paghihiwalay ng mag-asawa. Ginagamit lang ang generic na salita na **lawá** o **ngawí** na nangangahulugang masama. Mahigpit ang mga lider ng **dap-áy** laban sa pakikipaghiwalay sa asawa kaya ang mga salitang diborsiyo at imoralidad ay wala sa bokabularyo noon. Nang maglaon, naghalo-halo na ang mga tao kaya meron nang kaso ng paghihiwalay. Ang salitang Ilokanong **kamalála** ay imoralidad o *adultery*. Ang generic na **lawá** o **ináyan** na nangangahulugang 'masama' ang ginamit para tukuyin ang mga gawain at gawi na hindi kaaya-aya sa komunidad.

Simula nang itinatag noong 1912 ang Paaralang Saint Mary's na dating tinatawag na Sagada Mission School, karamihan sa mga tao sa Sagada ay natutong magsalita ng Ingles. Ang mga tao ay nakapag-aral sa mga Amerikanong misyonero at mga sundalo noong ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kung gayon, may mga salitang Ingles na nakapasok na sa pang-araw-araw na gamit ng mga tao. Ang ilang mga halimbawa ay **breakfast**, **downstairs**, at marami pang iba. Marami na ring mga bagong salitang hiram na tumutukoy sa mga bago o natutuhang mga konsepto tulad ng **text** at **táwag** sa selpon.

#### IV. Estructura ng Lipunan o Komunidad

##### *Deskripsyon ng pamilya*

Ang pamilya o **kabaëy/pammëy** ay binubuo ng **amá** at **iná** (**sin-asáwa**), at mga **aná**k. Ang mag-ina ay tinatawag na **sin-ina** at ang mag-ama ay **sin-ama**. Ang mga magkakabahay ay **sínkapammëy** o **sínbaëy**. Ang mga panganay ay **iyun-a** at ang mga mas bata ay **adiyën** o **innúdi** at tinatawag ng mga mas matanda na **akay** (o **ambot**) at **aket** (o **ambit**). Ang panganay ay **sunáan** at ang bunso ay **kimót**. Maaari ding may kambal, **síngin**. Ang mga lola at lolo ay tinatawag na **állapo**. Ang mga manugang ay **ínnapó**. Ang mga pinsan ay **kasinsín** o **agí**, at ang mga tiyo at tiya ay **íkit** at **alítaw**. Ang mga pamangkin ay **kaanakán**. Ang mga biyenan ay **katugángan** at ang hipag ay **áydo**. Ang asawa ng kapatid na babae ay **káyong** o **kasáod**. Ang mga magbalaë ay **kaísing** o **abalayán**. Ang mga bilas ay **abíl** o **abilát**. Ang taong taga ibang lugar at nakipag-asawa sa komunidad ay tinatawag na **naikámang**. Ang namatayan ng asawa ay **bálo** at ang hiniwalayan ay **kaídang**. Ang pangalawang asawa ay **kapidwá**. Ang walang anak ay **baóg**, ngunit maaari ding mag-ampon, **tállakën**.

Noon, kapag makipag-asawa ang isang anak, siya ay **madáwak** o bubukod sa sarili niyang tahanan. Pero ngayon, kahit na may asawa na ang anak ay maaari pa rin siyang makitira sa bahay ng mga magulang at mga **bësát** o kapatid. Mas malaki naman kasi ang mga bahay ngayon na hindi tulad ng mga bahay kubo noon. May mga iba din na bubukod kung sino ang unang makipag-asawa.

##### *Sistema o proseso, at kaugalian sa panliligaw hanggang pag-aasawa*

Ang pakikipagkasunduan ng mga magulang sa pag-aasawa ng kanilang anak ay ginagawa noon at maging hanggang ngayon. Ang lumang kasanayan ng pakikipagkasunduan ng mga magulang kung saan ang mga sanggol o bata pa lamang ay **naitbí** o ipinagkakasundo na mag-aasawa sa darating na panahon ay mahigpit na sinusundan. Kapag narating na ng mga bata ang tamang edad ay talagang kailangan silang ikasal. Sa kasalukuyan, maaari nang sumuway ang mga anak at hindi magpapatuloy ang kasalan.

Ang mga ikakasal ay nagpapadala ng imbitasyon o **dëkat**. Ang mga dumadalo sa kasal naman ay nagbibigay ng regalo, pera man o mga bagay, na tinatawag na **supón**. Maaari ding ipagpaliban, **ibadëng** o **iyawni**, ang kasalan kung may mga balakid na kailangan ayusin o palampasin. Noong lumang panahon, may mga nangyari ding sabayang kasalan, **bábbayas**.

Noon, sa **dap-áy** natutulog at sinasanay ang mga batang lalaki. Sa **ëbgan** naman ang mga babae kapag naabot nila ang edad na pito. Sa **ëbgan** ay may matandang babae na nagtuturo at nagbabantay sa mga kababaihan na natutulog doon.

Sa **dap-áy** ang mga lalaki ay natuto na sundin ang mga bilin ng mga matatanda gaya ng pangangahoy, **manga-íw** o **mënpuyó**, paggawa ng siga para sa mga matatanda na magdamag na nagkukuwentuhan, at pagmamasahé o **kulis** ng mga paa ng mga matatanda. Nakikinig din ang mga batang lalaki sa mga kuwento ng mga matatanda. Tinuturuan sila tungkol sa kanilang mga tungkulin bilang mga lalaki sa komunidad. Sa mga babae naman, sa **ëbgan** sila natuto kung ano dapat ang gawain ng mga babae, tungkol sa mga kaugalian ng masunurin, matulungin at magalang na babae sa pamilya at sa komunidad. Dito rin sila natututo tungkol sa personal na kalinisan lalo na sa pagdadalaga.

Kung may nagugustuhan ang mga lalaki na babae ay liligawan ito sa **ëbgan** na may pahintulot ang matandang nagbabantay sa kanila. Hindi mag-isa na pupunta ang lalaki. Sasamahan siya ng kanyang mga kaibigan (**kadwá**) at doon sa **ëbgan** sila makikipagkuwentuhan at magkakantahan hangga't sa magustuhan siya ng babae at papayag siya na maging asawa ng lalaki. Kapag naikasal na ang isang mag-asawa, **madawak** or **mapabbëy** sila. Ang ritwal na ito ay gagawin para sila ay humiwalay na sa kanilang mga magulang at mag-umpisa ng kanilang sariling pamilya, **pammëy**.

Noon, pagkatapos ng kasal ang **sin-asáwa**, mag-asawa, ay pinagsasabihan ng mga matatanda na huwag kaagad magtatalik (**iyót**). Kapag hindi nila sinunod ang mga matatanda at nagsiping pa rin sila ipapabisto ito ng alaga nilang hayop gaya ng baboy, aso o manok. Ipagsisiping sila sa harap ng mga tao na nagpapakita na ang mag-asawa ay hindi nila kayang pigilan ang kanilang sarili. Pinapaniwalaang kapag natuto ang mag-asawa na magtimpi sa kanilang emosyon ay tatagal ang kanilang relasyon at gaganda ang kanilang buhay.

Wala na ngayon ang **ëbgan** at kahit na meron pa ang **dap-áy** ay hindi na nito nagagampanan ang lahat ng dating gawi para turuan ang mga kabataan. Ngayon, kinikilala na ang pag-aasawa sa pamamagitan ng panliligaw kaya ang isang babae o lalaki ay maaaring maging isang kasintahan, **al-álëm**. Ang isang asawa ay maaaring magtaksil, mambabae o manlalaki, **mënbabáe**, **mënlaláki**, o **makikamalála**, o may **kabít**.

Ang isang pamilya ay maaaring bahagi ng isang angkan na noon pa man ay kinikilalang malawak ang lupa at palayan, at nakapagdaos ng mga malalaking ritwal o selebrasyon. Ang angkan ito ay tinatawag na **kadangyán**, na ngayon ay maaaring hindi gaanong mayaman sa pera. Ang mga mayaman, **nabaknáng**, ay mga pamilyang dahil sa negosyo o propesyon sa makabagong ay kinikilalang maraming pera, at maaaring may mga binabayaranang katulong o **bá-a**. Ang mga mahirap naman ay **kudó**.



**Larawan 42. Ang mga bato ng dap-áy**

Ang mga bahagi ng dap-ay: ang mga batong upuan, **amlangan**, ang nakausling bato na punó ng kuwento, **pádaw**, at ang bahay-tulugan, **ábong**. Ang kahoy na may mga nakataling mga runong may mga dahon ay tinatawag na **sá dang**. POBLACION, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 43. Ang dap-áy**

**Dap-áy** ang tawag sa espasyong ito kung saan may nakabilog na mga batong mauupuan (**amlángan**). Katabi rin ito ng isang bahay-tulugan (**ábong**, may dalawa sa **dap-áy** na ito). Ang mga kahoy na may nakataling mga tuyong dahon ay mga **sádang**. May panahon sa nakaraan na ito ang dormitoryo ng mga kalalakihan. Ang espasyong ito ang mistulang meeting place at justice hall ng katutubong lipunan. Lunsaran ang **dap-áy** ng serye ng mga ritwal na tinatawag na **bëgnás**. Pagpapasalamat ang literal na pagpapakahulugan nito ngunit maaaring may mga mas malalim pang kahulugan nito dahil tatlong **bëgnás** ang isinasagawa ng mga tao sa loob ng isang taon. Ang unang **bëgnás** sa unang bahagi ng taon ay may kinalaman sa pagtatatayo o pag-aayos ng mga bahay. Ang ikalawa sa tag-ulan ay hinggil sa pagtatanim ng palay, at ang pangatlo at panghuli ay sa panahon ng ani, sa pagtatatapos ng taon. DAGDAG, POBLACION, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## *Pagkakamag-anak*

Lahat ng mga kamag-anak, ng dalawang mag-asawa, **sin-asáwa**, ay itinuturing na kapamilya, **kabagiyán**. Ang pag-aasawa ay nagbubuklod sa dalawang angkan at pinapatibay ito ng pagkakaroon ng mga anak ng mag-asawa. Dagdag pa dito ang mga kinakapatid na maaaring malayo sa dugo ng isang tao.

Ang sistema ng pagkakamag-anak ay magkabilaan. Kaya, sa pag-aasawa ng isang lalaki, hindi lamang siya nakakuha ng asawa kundi isang pangkat ng mga kamag-anak sa panig ng asawa. Ang relasyong ito ay sumasakop ng maraming henerasyon, malawak, at walang katapusang hanay. Ito ay umaabot sa lahat ng malapit na kamag-anak kabilang ang mga bayaw sa magkabilang panig, ama at ina.

Ang pagkakamag-anak (**kakabagiyán, simpang-anák simpang-apó**) ay napakalapit kaya kung pinagtangkaan ang isang kamag-anak, o nasangkot sa mga kaso ng kamatayan, pagkakasakit, at iba pang mga kalamidad at natural na kalamidad, ang pamilya ay magkasamang tutulong sa biktima, **naammisán**. Ang mga salungatan ay epektibong nalulutas sa pamamagitan ng interbensiyon ng mga kasapi ng pangkat ng kamag-anak na karaniwang tinatawag na kumilos sa mga oras ng problema. Ang malakas na network ng mga kamag-anak ay nagbibigay ng isang damdamin ng seguridad sa bawat indibidwal.

## **V. Estructura at Sistema ng Pamamahala**

Ang karaniwang paggawa ng desisyon sa pangkalahatan ay nakaatang sa isang konseho ng mga matatanda, **amam-á**, na tinatawag na **dap-áy** na pinamumunuan ng isang **am-amá** (nakatatanda) na may karunungan batay sa karanasan at katandaan. Ang isang nakatatanda sa kanyang kapasidad bilang isang indibidwal na mag-isa ay walang kapangyarihan o awtoridad na gumawa ng mga desisyon na nakaaapekto sa nayon. Ayon sa kaugalian, ang mga matatanda sa bawat bayan ay may kapangyarihan lamang kapag kumilos sila bilang isang katawan sa konseho ng matatanda sa pamamagitan ng konsultasyon sa isa't isa.

Maraming ibig sabihin ang **dap-áy**. Maaari itong tumukoy sa lugar kung saan nagtitipon ang konseho ng mga matatanda. Ito rin ay tumutukoy sa mga tao at pamilya na kasapi sa isang pangkat sa komunidad. Bago ang konsepto ng barangay, nahahati ang mga mamamayan sa mga **dap-áy**. Kaya maaaring may ilang **dap-áy** sa loob ng isang barangay. Puwedeng piliin ng isang indibidwal ang **dap-áy** ng kanyang pamilya o ninuno. Malaya din siyang pumili ng **dap-áy** na gusto niya.

Karaniwang may maliit na bahay, **ábong**, sa tabi ng pulungang may naipong mga bato upang maupuan. Ang bahay na ito ay tulugan para sa mga batang lalaki. Noong buhay na buhay pa ang kaugaliang ito, ang mga lalaki, kapag dumating sa pitong taong gulang, ay sinasanay na matulog doon sa **dap-áy** upang matutong magtrabaho tulad ng pagtitipon ng kahoy at iba bang ipapatrabaho ng mga matatanda. Doon din sila tinuturuan ng mga batas, kaugalian, kasaysayan at tradisyon ng pangkat. Doon din nila naririnig ang mga kuwento ng kagitingan at lakas ng loob ng mga lokal na bayani, maging ang mga kuwento ng pagkatalo at panlilinlang, mga parusa at iba

pang karanasan ng mga mandirigma at ng kanilang mga pamilya. Sa **dap-áy** din maririnig at napagpapasiyahan ang mga kaso at mga reklamo, at kung saan humihingi ang mga tao ng payo, **bágbaga**, tungkol sa kung paano magsagawa ng mga ritwal o iba pang mga personal na alalahanin.

Sa kasalukuyan, kahit na naitatag na ang mga barangay at munisipyo para sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng komunidad, nakikita pa rin ang tungkulin ng mga **dap-áy** sa pagpapatakbo ng mga gawain sa komunidad hanggang ngayon. Dito pa rin dinidinig ang ilang mga kaso at ginagawa ang ilang mga ritwal. Gayunpaman, ito ay hindi na isang tulugan at lugar para sa pagsasanay sa mga batang lalaki. Ngayon, ito ay naging pansamantalang tulugan ng mga bagong labas na bilanggo bago umuwi sa sariling bahay. Pinapaniwalaang doon muna sila sa **dap-áy** dumiretso upang ang lahat ng mga kamalasan ay malinisan at hindi papasok sa pamilya at sa komunidad. Gayun din, kung may namatayan at may isang pinsan, kapitbahay, o kaibigan na nanganak ang baboy doon sila sa **dap-áy** pupunta, hindi muna uuwi sa bahay. Kaugalian na kung bagong panganak ang iyong baboy, hindi ka puwedeng makipaglamay upang ang malas ay di pupunta sa baboy mo. Mapapansin na ang **dap-áy** ay nagsisilbing lugar ng ritwal ng paghuhugas at pag-aalis ng malas, sakit o anumang hindi magandang pangyayari sa isang indibidwal.

*Pagpili ng mga pinuno at pagpapatupad ng batas*

Ayon sa kaugalian, **ugáli**, inaatasang pinuno sa komunidad ang pinakamatanda dahil siya ay may maraming karanasan. Ipinapalagay din na dahil sa kanyang edad ay marami siyang kaalaman tungkol sa mga kaugalian at mga ritwal na ginaganap.

Ang baranggay ngayon ay maaaring magkaroon ng isa o higit pang **dap-áy** kung saan ang isang tao ay maaaring malayang pumili ng **dap-áy** na kanyang sasalihan. Ang pangkat ng mga pamilya na kabilang sa parehong **dap-áy** ay tinatawag na isang **ubón**. Ang mga miyembro ng isang **ubón** ay hindi lamang nagkakaisa sa pagkakamag-anak ngunit pati rin sa pagkakaisa at pakikipagtulungan sa mga ibang **ubón** sa komunidad.

Ang mga ritwal at pampulitikang tungkulin ay nasa kamay ng mga matatandang lalaki na may karangalan at posisyon batay sa kanilang mga edad kaysa sa kayamanan o personal na katangian. Ang konseho ng mga matatandang ito ay nagpapatuloy at ang estruktura ng **ubón** ay mas matibay pa sa payak na pamilya.

Sa loob ng komunidad, ang salungatan sa pagitan ng mga magkakamag-anak ay kinokontrol ng **dap-áy**. Ang mga pagtatalo ay hindi pinahihintulutan na magpatuloy at guluhin ang organisasyon ng barangay; ang mga nagbabangayan ay dinidinig at pinagkakasundo ng konseho ng mga matatandang lalaki upang mapanatili ang kaayusan (**ulnós**) at kapayapaan (**talná**). Ito ay masinsinang pinag-uusapan, alinman sa loob ng **ubón** o sa pagitan ng mga kasangkot na **ubón**. Posible rin na maghain ng isang kaso ang isang tao sa isang matandang lalaki na iginagalang ang kaniyang karunungan at pagkamakatarungan.



**Larawan 44. Ang dap-áy, simbolo ng katutubong pamamahala**

Isa sa mga tatlong **dap-áy** sa sentro ng Sagada. Pansinin ang pagkakabite na kailangan sa mga mabundok na lugar. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**Larawan 45. Pagbabago ng dap-áy**

Mapapansin ang pagsesemento sa **dap-áy** na puro bato lamang noong una. Ang sigaan, **pagdëntán**, sa gitna ay ginagamit para sa mga ritwal. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*

## VI. Sistemang pangkabuhayan

Agrikultura, pagtatanim ng **págëy**, palay, at mga gulay sa mga **payëw**, palayan, at **um-á**, uma, at **galdín**, gulayan, ang pangunahing kabuhayan ng mga taga-Sagada. Kasama sa pagtatanim ng palay ang paglilinis ng damo sa palayan, **mënkames**, paglilinis ng damo sa mga kabite o gilid ng palayan, **mën-agabat**, pagsasaayos ng irigasyon, **payás**, pagtatanim mismo ng palay, **mëntunëd**, pananakot sa mga ibong o talang kumakain ng palay, **bëwëw**. Kung tag-ani ay kailangan ding ibilad ang palay sa araw, **sap-ëy**. Karaniwan ding ginagawan ng sariling bahay, **agámang**, ang mga inaning palay. Ang mga bahay na ito ay itinatayo sa bukid o malapit sa bahay. Umiiral din ang pagtutulungan o bayanihan, **ub-ubbo**, sa mga gawaing agrikultura.

Ang panahon ng paghahanda ng mga palayan bago taniman ay **panagsasamá**. Kasama dito ang panahon ng paglilinis sa pader ng palayan o **asilidás**. Halos kasabay nito ang panahon ng paghahasik ng binhi ng palay o **asipaná** o **pumaddóg**. May pagsasalitan din sa pagpapatubig, **banbánës**, ng bukid. **Panagtutúnëd** naman ang panahon ng pagtatanim ng palay. Sinusundan ito ng **panagkakamës** o panahon ng paglilinis ng damo sa palayan na natamnan ng palay. Pagkaraan ng ilang buwan, may ritwal ng pasasalamat bago ang panahon ng anihan, **bëgnas di pus-ok** o **latab**. **Bëgnas di A-aw** naman ang pasasalamat na ritwal pagkatapos ng panahon ng pag-aani.

Sa mga palayan o **payëw** ay tinatanim ng mga tao ang palay na maitim-itim, **balatinaw**, palay na pula, **mágum**, at malagkit na bigas, **dikët** o **salikët**. Kung tuloy-tuloy ang tubig sa mga palayan, nagagawang makapagtanim at makapag-ani ng pangalawang ani ang mga tao. Ang palay sa aning ito ay tinatawag na **tupëng**. Ang palay na naaani tuwing tag-araw ay **ginúlot**.

Noong iniisa-isa pa ang pag-aani ng tangkay ng palay gamit ang **lakëm**, ang mga sumusunod ay mga sukatang ginagamit tuwing anihan: **sindanëg**, isang bigkis ng palay; **sin-itíng**, limang bigkis ng palay; **sinbaá**, sampung bigkis ng palay; **ëpatbaá**, apatnapong bigkis ng palay; **sinbëtëk**, limampung bigkis ng palay; **sinkadanëg**, isang daang bigkis ng palay. Karaniwan namang ginagamit upang kargahin ang mga bigkis ng palay ang **gímmata**, dalawang basket na nakatali sa bawat dulo ng kahoy na kinakarga sa balikat.

Ngayon ang mga tradisyunal na kabuhayang ito, **manassamá**, **gumagaldín**, ay pinapalago pa ng lokal at global na turismo. Dagdag na gawaing pangkabuhayan sa Sagada ang pag-aalaga ng mga manok at baboy, **bëtëg** o **otík**.

Kabilang na rin sa mga hanapbuhay sa Sagada ang pagbubukas ng sari-saring tindahan, pagbili at pagbebenta, **mën-il-iláko**, ng mga dry goods, paghahabi, pagbubukas ng mga bahay panuluyan, home stays, mga restawran, mga cafe, canoeing, caving, tour guiding, pag-akyat sa bundok at pagbubukas ng iba pang mga serbisyong panturismo. Ang iba pa ay mga empleyado ng gobyerno, **mangupisína**, politico, guro (**mistalá/mistuló**), at driver. May ilan ding alagad ng mga simbahan.

Ang pag-uuma ay laganap pa rin lalo na at nagtatanim sila ng mga prutas at gulay. Ang karaniwang prutas na naibebenta hindi lang sa palengke ng Sagada ay ang dalandan na tinatawag na Sagada oranges. Ang isa pang prutas na karaniwan sa Sagada ay ang persimmon. Marami pang ibang prutas at gulay na tinatanim ngayon tulad ng mga strawberry, American tomatoes, blue

berries, kamote, beans, pechay, at iba pang mga gulay na tinatanim sa Benguet tulad ng mga karot, patatas, atbp. Sikat din ngayon ang Sagada Coffee kasi iba ang sarap. May mga gumagawa din ng **ētág** o *Igorot bacon* na sinasabi ng mga dayuhan.

Mula sa mga prutas na tanim ay natuto rin silang gumawa ng preserved na produkto at paggawa ng alak na yari sa prutas. Ang mga dinarayo ngayon ng mga dayuhan ay ang linasing na persimmon o natuyong persimmon. Ang mga ibang produkto na kabilang sa ibinebenta sa labas ng Sagada ay ang mga fruit wine gaya ng blueberry wine, malagkit na may dinikdik na mani sa gitna (**linapēt**), at muscovado. Ang panahon ng paggiling ng tubo upang gawing asukal ay tinatawag na **lēbēk**.

Ang handicraft at iba pang cottage industries tulad ng paggawa ng souvenirs at pagluluto ng tinapay ay iba pang kabuhayan ng mga taga-Sagada. May mga kababaihan, **pala-abē**, ding nagpapatuloy sa backstrap weaving gamit ang katutubong paraan ng paghahabi upang gumawa ng **wanēs** (mahabang salawal na panglalaki) at **bakgēt** (pambabaeng girdle), mga katutubong suot. Dahil sa buhay na buhay na turismo, ginagamit na ngayon ang mga bagong loom para sa mass production. Dahil sa paghahabi natuto rin silang manahi, **mēndaddá-it**, ng mga ibat-ibang gamit na yari sa nahabi gaya ng backpacks, magagandang ethnic na damit, sinturon, pitaka, kumot at iba pa, at ang mga ito ay pinasikat ng Sagada Weaving.

Ang mga lalaki ay gumagawa ng mga iba't ibang basket at furniture. Marami rin ay mga karpentero at nagkakabite (**kumakabíte**) dahil sa tuloy-tuloy na paggawa at pagsasaayos ng mga bahay para gawing panuluyan ng mga bisita, lalo na sa sentro. May mga ilang tao ring gumagawa ng mga banga, plato, baso at iba pa na gawa sa putik o luwad.




**Larawan 46. Pagbabago ng mga gamit sa paggawa ng bahay**

May resort at swimming pool na rin sa gilid ng grupo ng mga bahay na ito. Sa dami ng mga bahay dito, maaaring nahati-hati sila sa ilang mga **dap-áy** o grupong agrikultural at ritwal ng mga mamamayan. Ang katutubong komunidad ay binubuo ng mga magkakadikit na bahay na katabi ng mga palayan ng mga tao. Gaya ng paggamit ng mga bato bilang dingding (**tupíng**) ng kanilang mga palayan, ganito rin ang ginagawa nila sa gilid ng kanilang mga bahay upang maiwasan ang pagguho ng lupa. Maraming malalaking bato, **kabatbatuán**, sa Sagada at kinikilala nila ang ilang klase ng bato na buhay, **pâután** o **pûtán**. ANKILËNG, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 47. Palayan at gulayan para sa bahay at sa palengke**

Sa mga lugar na nakapalibot sa **gawá** o sentro ng Sagada makikita ang mga **payëw** at **gardín** kung saan tinatanim at galing ang mga gulay at iba pang pagkain na nilalako sa sentro. Karaniwang sinalansan (**tupíng**) na mga bato ang dingding ng mga palayan. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 48. Pagmimina ng balitók o buláwan sa Sagada**

Isa sa hanapbuhay ng mga tao dito ang **mínas** o pagmimina ng ginto. May mga turista ring bumibisita sa mga talon na bahagi ng ilog dito. FIDELISAN, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 49. Abël di Sagada**

Kilala ang Sagada ngayon sa mga produktong iba't ibang klase ng bag na gawa sa hinabing tela. Marami na ring grupo ang naghahabi at nananahi ng iba-ibang kulay at disenyo ng bag sa Sagada. SAGADA WEAVING, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran (May pahintulot ang may-ari)



**Larawan 50. Disenyong katutubo**

Kahit gumagamit na ng sari-saring kulay sa mga hinabing tela, nananatili pa rin ang paggamit ng mga katutubong disenyo at simbolismo sa mga tela. SAGADA WEAVING, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**Larawan 51. Paghahabi para sa lahat**

Lalaki't babae ang naghahabi, **pala-abë**, para sa sikat na tindahan ng mga hinabing bag sa Sagada. Hindi lamang turista ang bumibili ng mga bag. Ginagawa ring simbolo ng pagkakakilanlan ng mga Igorot ang paggamit sa mga hinabing bag. **Sikwán** ang tawag sa samit na lalagyan ng sinulid upang ipakain (weft?) sa paghahabi. SAGADA WEAVING, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 52. Pagpapauso at pagsunod sa uso**

Walang tigil ang produksiyon ng mga hinabing tela at bag sa Sagada, dahil din sa araw-araw na pagdating ng mga dayuhan at lokal na turista, at sa pagtangkilik din ng mga katutubo mismo. Ang katutubong habian o **abë-an** ay habian na itinatali sa likod ng naghahabi. SAGADA WEAVING, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 53. Pasukan sa kuwebang Sumáging**

Nasemento na ang mga hagdang papasok sa pinakamalaking **liyáng** o kuweba sa Sagada, ang Sumáging. Araw-araw, grupo-grupong turista ang pumapasok sa kuweba. Maraming mga taga-Sagada na rin ang nakikinabang sa industriya ng turismo sa lugar. Maraming mga lalaki ang nagsisilbing guide sa mga turista. Maraming bahay ang ginawa nang tulugan at restoran, at iba pang negosyo na may kinalaman sa turismo. SUMAGING, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*

## VII. Relihiyon

Ang relihiyon sa Sagada bago ang Kristiyanismo ay ang paggalang sa mga ninuno at kalikasan. Kabilang dito ang pag-aalay ng mga kalabaw, baboy, manok, aso, butil, alak, tabako, at mga simbolikong sangkap tulad ng dahon o tubig. Ang mga panalangin ay kadalasang petisyon para sa pagkamayabong, pagkamayabong ng mga alagang hayop at pagkamayabong ng lumalaking pananim pati na rin ang pagkamayabong ng pamilya, angkan, at pangkat. Nag-aalay sila ng mga bagay bilang pasasalamat at kagalakan sa mga espiritu.

Sinasamahan ng mga ritwal ang bawat bahagi ng buhay ng Igorot mula sa kapanganakan hanggang sa kamatayan, ang bawat yugto ng taon ng agrikultura mula sa paghahanda ng mga seedbed hanggang sa paghahasik, pagtatanim, pag-aani, at pag-iimbak. May mga panalangin laban sa mga panganib mula sa mga daga at uod, at tagtuyot. Lahat ng mga pagngingilin ay nababagay at natatapat sa kalendaryo ng agrikultura. Ang tamang oras para sa kasal, paglilinis ng damo, pag-aayos ng bahay, at pagtatanim ng gulay ay may kakibat na mga ritwal.

Ngayon, karamihan sa mga tao sa Sagada ay alam ang mga turo ng bibliya at umaanib na sa mga bagong relihiyon. May epekto na rin ito sa pagsunod at paggawa sa mga sinaunang kaugalian. Ang tatlong pangunahing denominasyon sa Sagada ngayon ay ang Anglican, Roman Catholic, at Evangelicals. Kasama sa iba pang mga relihiyon ang Saksi ni Jehovah at Pentecostal.

Ilan sa mga ritwal at pagdiriwang na ginagawa pa rin ngayon ang mga sumusunod:

**Bëgnás.** Batay sa siklo ng gawaing agrikultura, ito ang pangunahing pagdiriwang ng komunidad ng alinman sa apat (4) o pitong (7) araw ang tagal. Ito rin ay ginagawa bilang umpisa ng magaganap na kasalan, umpisa ng pagtanim ng palay at sa pagtapos ng pag-ani ng palay.

**Dënët/Apóy.** Ito ay isang ritwal pagkatapos ng pag-aani ng palay na ginawa sa labas ng bahay o sa bukid kung saan ang isang manok o baboy ay kinakatay.

**Sëngá.** Ritwal ng pag-aalay ng isang pamilya ng mga baboy at manok, pamamahagi ng mga karne nito, paglalamay nang buong gabi, at natatapos sa isang almusal. Kung magkakatay ng tatlong baboy at dalawang manok, tinatawag ito na **linimá**, at kung dalawang baboy at isang manok ay **tinuló**. Ang mga tao ay kakain ng almusal, tanghalian at hapunan at tuloy-tuloy ang **sabúsab** o panalangin ng mga matatanda sa mga namatay na ninuno. Sa pangatlong araw ay kakainin ang laman-loob ng mga kinatay na baboy.

**Daw-ës.** Ritwal na ginawa upang linisin ang isang tao mula sa masamang epekto ng kanyang paglabag sa batas o immoral na pagkilos, o sa isang hindi inaasahang pangyayari tulad ng aksidente, o sa isang masamang pangitain. Ginagamit din ito upang maiwasan ang kasamaan, kasawiang-palad o karamdaman na dulot ng mga di-kilalang gawa o pangyayari. Sa ritwal na ito, isang aso o isang tandang ang kinakatay sa paniniwala na ang mga hayop na ito ay magdadala ng mga masamang epekto sa isang malayong lugar.

**Bákid.** Isang uri ng **sëngá** na ginawa upang maprotektahan ang diwa ng isang patay na kamag-anak, sa pamamagitan ng pagkatay ng itim na katutubong baboy.

**Obáya.** Araw o mga araw ng pahinga ng komunidad na ipinapahayag ng mga matatanda batay sa ritwal na isasagawa, tulad ng **bëgnás**. Sa istriktong **obáya**, hindi puwedeng lumabas ang mga tao sa nayon sa araw na ito at hindi rin maaaring pumasok ang taga ibang lugar.

**Dëmëg.** Ritwal na ginagawa kung saan isang manok ang kakatayin matapos itayo ang isang bahay upang walang masamang mangyayari at ang mga naninirahan ay magiging malusog at masagana.

**Tëtëg.** Ritwal na ginawa sa ikatlong araw ng anumang pagdiriwang na may isang baboy, baka, o kalabaw na kinatay. Ang ulo at hita ng mga hayop na kinatay ay nakalaan para sa araw na ito. Ang mga ito ay niluluto at ibinabahagi sa mga kamag-anak, matatanda at mga kapitbahay. Ito rin ay ginagawa sa pagpapatayo ng bahay.

**Sangá/Angá.** Ritwal na ginagawa upang baliktarin o pahintuin ang epekto ng isang masamang nangyari tulad ng lalo pang pagkasira ng mga halaman dahil sa pagkakatama ng isang kidlat.

**Longgágëy.** Ritwal ito ng pag-aalay ng isang manok sa panahon ng unang ani upang humingi ng masaganang ani.

**Wálit/Ay-ayág.** Ritwal kung saan isang manok ay kakatayin upang tawaging muli ang espiritu ng isang taong may sakit at pinaniniwalaan na nabibinbin sa isang lugar, at upang baliktarin ang epekto ng isang masamang pangitain.

## VIII. Materyal at di-Materyal na Kultura at Tradisyon

### *Sining*

**Mga katutubong suot.** Nakikita sa paghahabi at pagsusuot ng iba't ibang katutubong damit at palamuti ang mga katutubong pamantayan ng kagandahan. Kapansin-pansin ang pagkakaiba ng damit ng mga lalaki at babae. Ang katutubong damit para sa mga lalaki ang bahag o **wanës**. Ang bahag o **wanës** ay isang mahabang habing tela na ginagamit ng mga lalaki bilang salawal sa lugar ng pantalon, na bahagyang sumasakop sa puwit at sa mga singit. Nag-iiba ito sa haba, disenyo at kulay. Ang mga karaniwang kulay ay nag-aalab na pula at dilaw na may malawak na bordadong dugtong sa parehong dulong laylayan at tumatakip sa harapan at likuran. Ang bahag na **binoldáan** ay pinalamutiang bahag na isinusuot ng mga taong mayaman. Ang mga pinalamutiang bahagi ay mahigit sa isang talampakan sa bawat dulo, at sa pagitan ng mga pinalamutian na bahagi ay may mga guhit na pula at itim, dilaw at kung minsan ay berde. **Langát** ang pinakasimpleng uri ng hinabing bahag na maaaring isuot araw-araw at maging sa mga bukid. Ito ay bihirang ginagamit sa mga kapistahan. Ang isang uri ng bahag na may itim na guhit ay tinatawag na **suy-ót**.

**Gatëng** ang hinabing tela na ginagamit ng mga babae bilang palda, na nag-iiba rin sa haba, disenyo, at kulay. Ang mga umiiral na kulay ay **gadangdáng** (pula), **bëlde** (berde), **ngitit** (itim),

**puláw** (puti), at **kinuníg**, dilaw. Ang **Pínnagi** ay tapis na may salit-salitang pula at puting guhit at isang manipis na dilaw na linya sa mga pagitan. Ito ay tinatawag na **binintal** kung ginagamit bilang pangkarga ng sanggol, sa likod o harapan. Ang **Kinayan** ay tapis na may itim, pula, berde, at dilaw na mga **galít** o guhit, at may itim na linya sa sentrong bahagi. Ang **Pinagpágan** ay halos pula na may itim at puting guhit pababa sa gitna, at may naidugtong na makinis na dinisenyo sa bawat dulo. Ang **Kinuwábaw** ay katulad ng **pinagpágan** ngunit wala itong puting bahagi sa gitna.

Ang **wakës** ay makapal na hinabing tela na parang malapad na sinturon at ipinapares sa **gatëng**. Halos puti lahat ito at may karugtong ang bawat dulo na mga natirintas na sinulid at mistulang parang makapal na buntot bilang dekorasyon. Ang **bagkët** naman ay mas makitid kaysa sa **wakës** at karaniwang ginagamit bilang isang sinturon para sa mga kababaihan upang higpitan ang kanilang tiyan, at nagbibigay sa kanila ng higit na lakas upang gawin ang kanilang trabaho. Ang **Linúbid** ay isang uri ng **bagkët** na gawa sa tinirintas na sinulid bago habiin. Ang **Sinagolingán** ay isang uri ng **bagkët** na gawa sa sinulid na hindi natirintas bago mahabi. Ang **Koba** ay isang ordinaryong sinturon na mula sa balat ng puno na ginagamit ng mga mahihirap. Maaari rin itong gamitin bilang bahag at pamutong o bandana sa ulo.

Ang **Apongëy** ay kuwintas na ginagamit sa ulo ng babae at gawa sa makulay na beads na may iba't ibang laki. Ang **Doli** ay gawa sa pinatuyong mga buto ng ahas, mga shell at isang opalo. Ang **Bókas** o **Batëk** ay kuwintas na gawa sa malaki at mahahabang beads. Ang **Lingling-o** o **Sëngsëng** ay hikaw na gawa sa tanso o ginto.

Ang **Suklóng** o **Bállaka** ay isang hinabing sulihya na ginagamit bilang pamutong o korona sa ulo ng mga kalalakihan. Ang mga natatanging disenyo at istilo ay tumutukoy sa tagapagsuot bilang may-asawa o nag-iisa, mayaman o mahirap, isang mandirigma o isang ordinaryong miyembro ng komunidad. Ang **Buwayá** ay kuwintas na ginawa mula sa mga ngipin ng baboy. Ang **Tangkíl** ay isang bracelet sa braso na gawa sa pangil ng baboy.

May mga matatandang babae at lalaki na kakikitaan ng *tattoo* o **Batëk** na ginawa sa sinaunang paraan ng paggamit ng uling at tinik ng kahoy. Ngayon ay mapapansin ang paggamit ng henna ng mga kabataan. Napaghalo-halo na rin ang mga katutubo at imported na hikaw, kuwintas at iba pang aksesorya ng katawan.

### *Literatura*

Bilang isang kulturang pasalita o oral, may ilang mga salitang Kankanáëy na tumutukoy sa paggamit ng wika para magsaysay, sudok. Ang mag-usap at magkuwento ay **mëntuyá**, ang kuwento ay **dad-át** at **súdok**, ang bugtong ay **bulbultiyá**. Karamihan sa mga awit o panalangin ng mga matandang lalaki sa panahon ng mga ritwal ay mala-tula. Halimbawa ito ng pagtutugma sa wikang Kankanaëy:

*Buwan, buwan  
Tumëtëkdag ka si kamuwan  
Ta ënmi ibaybayuan  
Sinan bitling di kadangyan*

Buwan, buwan  
Itong bilao'y sinagan  
Ipagbabayo namin  
Dito sa bakuran ng mayaman

Ang mga susmusunod ay iba't ibang uri ng kanta:

Ang **Ayyëng** ay awit ng grupo ng mga lalaki na isinasagawa lamang sa mga ritwal tulad ng pagbibinyag ng isang bata, kasal, at pagpapasalamat sa bagong bahay. Ito ay binubuo ng apat o higit pang mga linya. May isang nangunguna na lalaki na nagsisimula sa awit at ang iba pang mga lalaki ay sumasali sa koro.

**Bayá-o.** Ito ay awitin para sa patay na binabanggit ang kanyang mga nakaraang gawa.

**Dad-at.** Nagsasabi ng mga kuwento tungkol sa mga diyos at mga diyosa, mga kuwento ng pag-ibig, mga alamat at kuwento ng mga dakilang tao na may mahusay na gawa. Ito ay inaawit sa pamamagitan lamang ng isang tao na pang-aliw o pampalipas oras lamang.

**Day-ëng.** Awit ng pag-ibig na kadalasang kinakanta ng mga lalaki at babae upang ipahayag ang kanilang damdamin, o upang ipahayag ang mga pagmamalasakit at emosyon. Ang mga babae ay kadalasang kumanta ng **day-ëng** habang nagtatrabaho sila sa mga bukid.

**Salidummáy.** Isang kanta na nagsisimula sa isa o dalawang linyang komposisyon ng isang soloista at pagkatapos ng taludtud ang grupo ay aawit ng *Ay, ay salidummay, salidummay diway*. Ang ibang tao ay maaari ring kumanta ng isang talata na may kaugnayan sa okasyon at laging susundan ng **salidummáy** na koro.

**Daliliyan.** Isang estilo ng pag-awit kung saan ang isang lider ay magsisimula ng isang kathang kanta na may kaugnayan sa okasyon. Matapos ang taludtod, ang grupo ay kakanta ng *Dali, daliliyan, daliyan, daliliyan*. Pagkatapos nito, ang isa pa ay magbibigay din ng isang taludtod, na muling susundan ng *daliliyan*. Ito ay magpapatuloy hanggang naisin ng mga kalahok na tapusin ito.

**Dá-ing.** Pag-awit na ginagawa ng dalawang hiwalay na grupo ng mga kalalakihan at kababaihan na nakatayo habang nakalagay ang kanilang kamay sa balikat ng katabi at umiindayog sila kung umawit tungkol sa isang isyu o isang hamon. Ang mga babae ay sasagot sa mga lalaki. Matatapos ito kapag ang isang grupo ay magbibigay ng isang konklusyon ng kanilang inawit, o umayaw na ang isang grupo.

**Oggáyam.** Isang awit na isinasagawa ng isang tao sa panahon ng mga pampublikong pagtitipon at iba pang okasyon. Matulain at nagtutugma ang mga linya ng talumpati.

**Liwliwá.** Ito ay isang awit ng grupo ng mga lalaki lamang sa mga ritwal tulad ng pagbibinyag ng isang bata, kasal, pagpapala sa bahay. Ito ay kagyat na binubuo sa okasyon (extemporaneous) na may apat o higit pang mga linya. May isang nangunguna na lalaki na nagsisimula sa awit. Ang iba pang mga lalaki ay sasali sa koro.

### *Mga instrumento ng musika*

Ang mga platong tansong **Pattóng** o **gangsá** ang pangunahing instrumento na ginagamit sa anumang kapistahan o ritwal. Ang mga ito ay mga mahalagang ari-arian ng mga pamilya o komunidad, at mga mahalagang pamana. Ito ay karaniwang binubuo ng anim (6) o pitong (7) piraso at pinangalanan ayon sa kanilang sukat. Noong unang panahon, ang mga hawakan ay gawa sa buto ng panga ng tao at ipinares sa anumang buto ng bungo. Sa kasalukuyan, ang mga hawakan ay gawa sa sungay ng kalabaw o kahoy. Ang pangalan ng mga **gangsá** ayon sa sukat mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit ay **ělwás/běswát**, **pidwá**, **pitló**, **kap-át**, **pěp-pěp**, **pap-pap**, at **pop-pop**. Ang tawag ng mga iba ay **kiběp**, **payatpád**, at **děpděp**.

Katutubong mahabang tambol na may lima hanggang anim na talampakan ang haba ang **Sullíbaw**. Makitid ang magkabilang dulo nito at natakpan ng balat ang isang dulo. Hinahampas ng kamay ang takip nitong balat para mapatunog.

Ang **Kalalěng** (nose flute) ay plawtang gawa sa kawayang **aněs** na may isang butas sa isang dulo, at apat (4) na butas sa tagiliran. Makabubuo ng iba't ibang mga tono kapag sinasarhan o binubuksan ng mga daliri ang mga butas na ito. Hanging galing sa ilong ang nagpapatunog nito. Ang **Tungáli** (mouth flute) ay katulad ng **kalalěng** maliban na ito ay nilalaro gamit ang bibig.

Ang **Tiktík** (metal clapper) ay instrumentong gawa sa dalawang patpat na bakal at sinasabayan ang ritmo ng **gangsá** sa sayaw na **Takík**. Maaaring hawakan ito ng babae o lalaki.

Ang **Abistóng/Awíding** ay birimbaw na gawa sa pinanipis na kawayan at nilalaro sa harap ng bunganga. Tumutunog ito kapag pinipitik ng daliri ang nakausling bahagi nito.

Instrumentong kawayan na may dalawang buko ang **Kolistěng**. Inukit ang balat ng kawayan para makagawa ng string sa tagiliran ng kawayan. Kung walang mga **gangsá**, natutularan nito ang tunog ng mga **gangsá** para sa sayaw na **takík**.

### *Sayaw*

Ang **Takík** ay isang sayaw sa kasal na kasama ang isang lalaki at isang babae. Pareho silang sumasayaw sa ritmo ng **gangsá** na tinutugtog ng dalawa o tatlong lalaki, at ng **sullíbaw**.

Sinasayaw ang **Tallíběng** ng isang grupo ng lima hanggang sampong lalaking may hawak na **gangsá**. Habang lumilipat ang mga manlalaro sa isang pabilog na paggalaw, ang mga babae naman ay sumasayaw sa paligid ng mga lalaki at sinusundan ang mga hakbang at direksiyon ng mga lalaki.

Sayaw ang **Pinnanyówan/Palakís** ng isang pares ng babae at lalaki na may tig-iisang panyo. Sa mabilis na saliw ng mga **gangsá**, mabibilis din ang padyak ng lalaki at babae na nag-aabutan at kunwa'y nagbabawian ng panyo. Natatapos ang sayaw kung iaabot na ng babae ang kanyang panyo sa lalaki.



Pinakakaraniwan at pangmaramihang sayaw naman ang **Tadëk** sa halos lahat ng okasyon.

Sa **Dallók**, magkaakbay ang mga kabataang lalaki sa balikat ng bawat isa at bumubuo ng isang haligi na nakaharap sa mga linya ng mga kababaihan na magkakahawak naman ang kanilang mga kamay sa kanilang likod. Kumilos sila na alinman sa pasulong, pabalik, o pasanin. Ang mga lalaki ay lumilipat sa kabaligtarang direksyon ng mga babae.

Sayaw katulad ng **dá-ing** at **dallók** ang **Digdigwí** maliban na nagsisimula sila sa taludtod na **digdigwí** ang unang salita.

### *Arkitektura*

Sa kasalukuyan dumadami na ang kongkretong bahay at iba't ibang disenyo gaya ng bungalow type, A-type, 3-5 na palapag na bahay at may mga malalaking gusali na rin na ginagamit na opisina, boarding house, shop at homestay para sa mga turista. May mga anim na popular na makalumang disenyo ng bahay noon. Ito ay ang mga sumusunod:

Sinaunang bahay ang **Innagámang** na ang pader at mga sahig ay gawa sa mga tabla. Ang bubong ay gawa sa kugon na nakatali sa mga runo, **pá-o**. Ang minasang putik ay inilalagay sa mga bitak ng kahoy na dingding. Walang pako na ginagamit, iisa ang pintuan, **gatipan/sëgpan**, at walang mga bintana. Bihirang matagpuan ito ngayon.

Pinakamadali at pinakamurang gawin ang bahay na **Tinukbób**. Napakababa at walang mapag-imbakan sa loob. Walang lugar sa loob para magbayo ng bigas.

Kapareho ng **Binang-íyan** ang **innagámang** ngunit mas malaki at mas mataas ang bubong nito kaya parang mayroon itong tatlong palapag.

Ang bahay na **Tinablá** ay itinayo na nakataas mula sa lupa sa mga poste na nakatungtong sa bato. Ito ay nahahati sa dalawang silid; isang tulugan at ang isa ay para sa pagtaguan ng camote, palay, at mga personal na bagay.

Ang **Agámang** ay bahay kubo na gawa sa kahoy na may lapad na 8 X 8 talampakan sa loob, at 6 na talampakan ang taas. May apat na poste ito na may taas 5 talampakan mula sa ibabaw ng lupa. Ang bubong ay gawa sa damo. Malatatsulok ang hugis ng bubong mula sa tuktok ng poste. Isa lamang ang pinto at walang mga bintana. Walang pako na ginagamit.

Ang **Dap-áy** ay hugis-parihaba na may pader na kahoy o mga bato na nalagyan ng putik upang takpan ang mga butas para mainit sa loob. Ang bubong ay may taas na 8 na talampakan at ang mga “eaves” nito ay halos nasa lupa. Ito ay nahahati sa dalawang bahagi: ang **abong** at ang **tongbáb**. Ang abong ang panloob na tulugan kung saan pinananatiling may apoy buong gabi. Ang **tongbáb** ay isang uri ng balkonahe na may mga pader na bato sa dalawang panig at nakabukas sa harap; karaniwang ito ay ginagamit na tulugan, at pahingaan o “lounge” sa araw. Sa harap na bakuran ng **dap-áy** ay nakaayos ang mga batong mauupuan at tinatawag na **amlangán**, at sa gitna ay isang lugar para sa seremonyal na pagluluto. Sa paligid ng **amlangán** ay mga poste ng bato na

tinatawag na **padáw** na may mga kuwento ng matagumpay na digmaang nauugnay sa kanila. Ang ilan ay ginagamit na sandalan.



**Larawan 54. Tradisyon at pagbabago sa komunidad**

Ang komunidad sa sentro ng Sagada ay nahahati sa ilang *dap-áy*. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 55. Paggawa ng mga kuwarto para sa mga turista**

Sanay na sanay na ang mga tao dito sa pakikisalamuha sa mga dayuhang turista kaya madali na rin silang nakikipag-usap sa Ingles. POBLACION, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 56. Pagkilala sa kagalingan ng mga kabataan**

Mga bata sa pampublikong paaralan sa sentro ng Sagada. SAGADA CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 57. Mga kabataan ng Sagada**

Naitatag din ang mga pampublikong paaralan sa Sagada, maliban sa mga paaralang itinayo matagal na ng mga misyonerong Anglican. SAGADA CENTRAL SCHOOL, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE */jbeltran*



**Larawan 58. Paglilinang sa mga kabataan ng Sagada**

Kinakausap ng mga guro ang mga kabataang ito sa kanilang katutubong wika. SAGADA ELEMENTARY SCHOOL, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 59. Pagsasanay sa mga kabataan ng Sagada**

Sanay na sanay ang mga batang ito sa halo-halong salita dahil sa araw-araw nilang engkuwentro sa mga turista. SAGADA ELEMENTARY SCHOOL, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 60. Pagtuturo ng pagiging makabayan sa mga kabataan**

Tinuturuan ang mga kabataan na maglingkod sa sambayanan sa pamamagitan ng paglilinis sa kapaligiran pagkatapos ng piyesta ng bayan. SAGADA CENTRAL HIGH SCHOOL, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## **IX. Siklo ng Buhay**

### *Paglilihi at panganganak*

Ang karaniwang tanda ng simula ng pagbubuntis ng isang ina ay ang paglilihi o **in-ínaw**. Napapansin ito sa paghahanap ng paboritong pagkain o kakatwang mga bagay o gawain. Kapag nagsisimula ang pagbubuntis, ang mag-asawa ay kapwa pinag-iingat tungkol sa mga gawaing madaling maaksidente tulad ng pagputol ng puno o pagbitak ng bato at pagkakabite. Pinag-iingat din ang mga magulang na huwag pumasok sa bahay ng mga **nginin** o mga espiritung nakatira sa mga kuweba na napopoot sa mga buntis, **mallitún**.



Noon, ang panganganak ay ginagawa sa bahay lamang sa tulong ng iba pang mga babae at hilot. Ngayon, karamihan ay sa ospital na o sa mga bagong “birthing center” sa mga barangay na pinangangasiwaan ng mga barangay health worker at mga kawani ng Kagawaran ng Kalusugan.

Kapag ang bata ay ipinanganak, ang ina ay hindi muna dapat kumain kasama ang mga miyembro ng pamilya na may sakit gaya ng ubo, sipon, at mga sakit na nakakahawa hanggang ang **púsëg**, pusod ng sanggol, ay natuyo at naalis.

Ang karaniwang din na ginagawa hanggang ngayon ay ang **tanggád** o pagpapahinga sa mga bagong nanganak. Inaalagaan ang kapapanganak na babae ng asawa o mga magulang at ang mga sumusunod ay dapat gawin para malusog ang ina at ang sanggol: Dapat na may sabaw ang pagkain ng ina para may masuso ang sanggol; di dapat magbuhat ng mabibigat; di muna maglaba o humawak ng malamig na tubig; kumain ng masustansiyang pagkain; at higit sa lahat ay ang paggamit ng malapad at matigas na sinturon, **wákës**, upang mapanatili ang katawan ng ina na malakas at bumalik sa dating itsura.

**Gobbáw** ang seremonya ng pagbibigay ng pangalan sa bagong panganak. Kapag nanganak ang isang babae, ang pangalan ng unang lolo o lola na dumating na bumisita ay siyang ipapangalan sa bata. Kadalasan ang mga pangalan ay ang pangalan nila sa nayon at hindi iyong baptismal name nila. Pero ngayon, bahala na ang mga magulang na mamili ng ipapangalan sa kanilang anak ng gusting gusto nilang lolo at lola.

Inaasahan namang pasusuhin ng ina ang kanyang sanggol hanggang ang bata ay mawalay, **pusót**. May mga dahilan at pagkakataon din na hindi kaya ng nanay na magpasuso kaya pinaki-uusapan ang ibang ina na pasusuhin, **mënsakót** o **mëntagíbi**, ang isang sangol. Karaniwan ding kinakarga ang bata sa likod gamit ang isang kumot, **ëbán**.

Noon ang pagtutuli, **sëgyát**, ay ginagawa ng mga kalalakihan sa kanilang mga kapwa sa may ilog gamit ang patalim tulad ng itak at dinikdik na dahon ng bayabas. Ngayon ay ipinapaubaya na lamang ito sa mga doktor sa ospital o klinika, o kung may mga operasyong-tuli. Iba-iba na ang edad ng mga batang lalaki at walang espesyal na ritwal para dito. Kung nag-aaral ang mga bata ay itinataon ito sa bakasyon.

#### *Pagkabata/pagbibinata/pagdadalaga*

Tinuturuan ang mga batang sumunod sa mga magulang at nakatatanda. Ang kabataan din ay ginugugol sa paglalaro, pagdiskubre ng kapaligiran at pagdanas sa mga iba’t ibang gawain at pangyayari sa komunidad. Nandiyan din ang pagsama sa mga magulang sa mga gawain sa bukid o ibang trabaho.

Sila rin ay pinapag-aral sa day-care center ng barangay hanggang sa puwede na sila sa elementarya, sekundarya at kolehiyo, na maaaring sa labas na ng komunidad. Ang mga taga-Sagada ay maaaring magkolehiyo sa Bontoc, sa La Trinidad, Benguet, sa Baguio, sa Maynila at iba pang lugar. Para sa mga magulang, ang nais nila ay makatapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral at makatagpo ng magandang trabaho. Ginagawa nila ang lahat na makakaya upang makapagtapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral.

### *Pag-aasawa*

Ang gusto ng mga magulang para sa kanilang anak ay makatapos at makahanap ng magandang trabaho, o maipagpatuloy ang kanilang mga negosyo at iba pang kabuhayan. Maaaring may mga gusto rin ang mga magulang na mapapangasawa ng kanilang mga anak. Ngunit ngayon na iba-ibang tao na ang nakasasalamuha ng mga kabataan sa mismong komunidad at sa ibang lugar na kanilang pinag-aaralan o pinatatrabahuhan ay nasa kanila na ang pagpipili at pagdedesisyon sa kanilang mapapangasawa. Ganoon na rin sa paraan ng pagpapakasal. May mga pumipili sa katutubong paraan habang marami na ang sumusunod sa turo ng iba't ibang simbahan o relihiyon. Mayroon ding naghahalo ng mga kaugalian.

### *Katandaan, kamatayan*

May mga matatandang patuloy pa ring nagtatrabaho sa kanilang mga bukid at palayan, lalo na yung mga naiwan na ng kanilang mga anak na nabubuhay na sa ibang lugar. Ang iba naman ay tumutulong mag-alaga sa kanilang mga apo sa sarili nilang bahay o sa bahay ng kanilang mga anak. Dahil aktibo na rin ngayon ang *Department of Social Welfare and Development* (DSWD) sa pag-oorganisa sa mga senior citizen ay iba-ibang mga gawain at proyekto na rin ang kinasasangkutan ng mga matatanda. Patuloy din naman ang pagrespeto at paggalang sa desisyon ng mga matatanda tungkol sa maraming bagay sa komunidad.

Ang pagkamatay ng mga matatanda ay responsabilidad pa rin ng mga anak o mga nabubuhay na kamag-anak. Sa panahon ng kamatayan, makikita rin ang kulturang namamayani, ang makabago, ang sa simbahan, o ang paghahalo ng mga ito. Kapansin-pansin naman ang pagkanta ng mga kantang Kristiyano sa mga lamay. Maliban sa sentro ng Sagada, walang makikitang mga sementeryo sa mga ibang barangay. Ito ay dahil ang mga patay ay karaniwang inililibing din sa paligid ng bahay. Maaring nakahukay ito o nagawan ng mga puntod na semento.

Kilala ang sentro ng Sagada sa kanilang mga nakasabit na ataul (hanging coffins) sa mga matataas na bato. Ngunit bihira na ang mga pamilyang nakakakuha ng mga pangangailangan para magawa ito.

## **X. Partisipasyon sa Pambansang Kultura**

### *Edukasyon*

Nang buksan ng mga Amerikano ang Saint Mary's School noong 1912, ang mga tao ay nag-alinlangang mag-aral. Ang mga unang guro ay mga Amerikano kaya ang mga tao ay natutong magsalita sa Ingles. Noong Hulyo 1, 1932, natanggap ng unang mga nagtapos sa high school ang kanilang mga diploma. Sila ay naging mga guro, katekista at katulong sa gawaing misyonero. Marami na ring nakapag-aral pa ng mataas na kurso kaya sila ay namuno o namumuno ngayon sa mga matataas na opisina sa iba't ibang larang sa bansa at sa ibayong dagat.

## *Kultura*

Ang makabagong **Ētág** Festival ay isinasagawa taon-taon tuwing Enero upang ipakita ang “natatanging kultura ng Sagada at mapalakas ang kabuhayan ng lokal na komunidad,” at upang itaguyod ang eco-turismo. Ang **ētág** ay tawag sa pinaasukang karne na katutubong pamamaraan ng pagpe-preserba ng karne. Malinamnam ang pinaasukang karne at ihinahalo din ito sa pagluluto ng manok kung saan sinusunog ang balahibo ng manok matapos itong patayin sa pamamagitan ng pagpapalo sa mga pakpak at leeg nito. Ang tawag ngayon sa luto ng manok na ito ay **pinikpikan**. Kilala na ang lutong ito sa buong hilagang Luzon.

Lumalahok din ang mga taga-Sagada sa panlalawigang pagdiriwang ng **Lang-áy** na nagpapakita ng iba't ibang mga kasuotan, gawa, sayaw, kanta, at mga produkto mula sa mga bahagi ng Mountain Province. Ang **lang-áy** ay isang katutubong wika ng Bontoc na nangangahulugang pagbabahagi ng kaligayahan, karunungan, pagtataguyod ng pagkakaisa ng pamilya, pagkamagiliw, kapayapaan, at pag-aalaga ng pagkakaibigan sa pamamagitan ng pakikibahagi sa katutubong alak. Ito ay lumahok sa pamamagitan ng iba't ibang munisipalidad ng Mountain Province. Ang kanilang pagbabahagi ng **Lang-áy** sa mga Pilipino ay pagpapakita ng kanilang pagbibigay halaga sa kanilang tradisyon at kultura.

Sa agrikultura, ang Sagada ay sumusunod sa isang katutubong taunang kalendaryo na nahahati sa limang panahon mula pagtatanim hanggang pag-ani. Ang mga panahon na ito minamarkahan ng isang piging o ritwal na tinatawag na **bēgnás**.

Ang **bēgnás** ay isang tradisyon ng sagradong pasasalamat na kadalasang nangyayari tatlo hanggang apat na beses sa isang taon. Wala itong tiyak na mga petsa. Gayunpaman, ito ay nangyayari lamang bago ang panahon ng pagtatanim, sa panahon ng unang pagtubo, at pagkatapos ng panahon ng pag-aani, na karaniwan ay tumatama sa Marso, Hunyo at Nobyembre.

Tumatagal ng ilang araw, ang **bēgnás** ay nagsisimula sa paglalaro ng tanso at mga panalangin ng mga matatanda. Sa bawat kalahok na **dap-áy**, ang mga bata at matatandang lalaki na nakasuot ng mga tradisyunal na damit ay pupunta sa isang ilog. Sila ay gagawa ng ritwal ng paglilinis. Pagkatapos ay dadalhin nila ang isang baboy sa sagradong puno, ang **Patpatáyan**, upang ialay at ihain. Ibabahagi ito sa mga lalaki na sumama sa martsa palibot sa mga bukid. Ilalagay nila ang mga piraso ng karne sa kanilang mga sibat at babalik sa namamahalang **dap-áy** kung saan ang isa pang ikot ng mga panalangin at alay ng baboy ay gagawin. Ang mga kababaihan na hindi puwedeng sumali sa lakaran ay maghihintay sa linya kasama ang kanilang mga handog. Bilang kapalit, binibigyan din sila ng mga piraso ng karne upang dalhin sa kani-kanilang bahay. Pagsusumamo o pagpapasalamat ito para sa isang masaganang ani.

May mga barangay sa Sagada kung saan nagdiriwang din ang mga tao ng pista na may kasamang pagga-gangsa, pagsasayaw ng tradisyunal na sayaw, at pagkain. Tiempo rin ito ng bentahan ng mga sariling gulay, hayop o mga gamit na dala ng mga Ilokano at mga Muslim. Hindi lahat ng barangay ay nagdiriwang ng makabagong pista.

### *Pangkalusugan*

Ang pangunahing pasilidad ng kalusugan sa bayan ay sa simbahang Anglican na namamahala sa St. Theodore's Hospital. Ito ay nauuri bilang isang pangunahing ospital na may kapasidad na 20 kama. May 21 kawani ng kalusugan na binubuo ng isang residenteng doktor, isang tagapangasiwa ng ospital, isang punong nars, limang nursing aide, isang technician ng X-ray, isang parmasyutiko, isang tagapangalaga ng bahay, isang babaeng aide, at dalawang kawani ng tanggapan.

Ang Rural Health Unit (RHU) at anim na Barangay Health Stations (BHS) ay tumutugon sa mga pangangailangang pangkalusugan ng mga tao. Ang RHU ay pinangangasiwaan ng isang medical technologist, isang sanitary inspector at pitong rural health midwives.

Ang mga baranggay na may birthing centers ay ang Madongo, Agid, Balogan. Ang mga birthing center ay paparamihin pa kasi kinakailangan ito ng mga residente dahil sa programa ng pamahalaang maiwasan ang mga kumplikasyon sa panganganak.

### *Transportasyon at komunikasyon sa komunidad*

Sa kasalukuyan, maayos na ang mga kalsadang patungo sa Sagada at sa mga barangay nito. Mula sa Lungsod Baguio, dadaanan ang Halsema Highway na marami na ring mga sanga na darating din sa Sagada. May bus na ring direktso sa Maynila. May mga kalsadang papunta sa lahat ng mga barangay. Nakarating na rin ang kuryente sa lahat ng mga barangay at kahit na ang mga barangay na malayo sa pangunahing kalsada ay may TV, radio, at gadget, washing machine, lutuan na de kuryente, at iba pang electrical appliances at may access sa internet. Kasalukuyan ding may Radyo Sagada na tumutugon sa pangangailangang impormasyon ng lugar. Malakas din ang serbisyo ng mga kompanya ng telepono dahil nagpatayo sila ng kani-kanilang mga pasilidad sa lugar.

### *Pampolitika*

Sumusunod ang mga taga-Sagada ngayon sa mga patakarang pambansa kaugnay ng mga eleksiyon ng mga pinuno sa lalawigan, bayan, at mga barangay. Ipinapatupad na rin ngayon ang pagtatatag ng mga indigenous peoples mandatory representative (IPMR) na utos ng batas na Indigenous Peoples Rights Act o IPRA. Sa pangkalahatan, mapayapa ang mga nagaganap na lokal at pambansang halalan. Kung minsan, nababalita ang pagtutunggalian ng mga makakaliwang grupo at mga sundalo ng pamahalaan sa mga liblib na pook ng Sagada.



**Larawan 61. Turismo sa Sagada**

Minu-minuto ay may dumarating na turista sa Sagada na nangangailangan ng guides, sasakyan, makakainan, matutulugan at mabibilhan. POBLACION, SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE  
*/jbeltran*



**Larawan 62. Paglalako ng mga produkto ng bayan**

Bawat umaga, dumarating ang iba-ibang ani at produkto mula sa ibang barangay ng Sagada, at mula sa karatig bayan na Besao, na nilalako sa sentro ng Sagada. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 63. Piyesta sa Sagada**

Sa sentro ng Sagada idinaraos ang trade fair ng **Ētag Festival** ng Sagada sa mga huling araw ng Enero. **Ētag** ang tawag sa lokal hamon ng lugar. Pinaausukan at pinatutuyo ang karne ng baboy. Natutuhan na rin ng mga katutubong gumawa ng maraming **ĕtag** upang maibenta araw-araw kahit hindi panahon ng piyesta. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 64. Tiangge sa Sagada**

Kasama sa piyesta ng mga bayan sa Cordillera ang pagdayo ng mga tindera ng mga iba't ibang kagamitan, kasama na ang ukay-ukay. SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



## TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE (TIMOG) KANKANÁËY

### I. HEOGRAPIYA

Ang Tadian ay isa sa sampung bayan o munisipalidad na bumubuo ng Mountain Province. Ito ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng lalawigan na may kabuuang sukat ng lupa na 24,010.3 na hektarya at 4,500 *feet above sea level* (Padaën, 2000). Ang munisipalidad ay may layong apatnapu't isang (41) kilometro mula sa Bontoc, ang kabisera ng Mt. Province, at isang daan at tatlung (130) kilometro mula sa Lungsod Baguio. Sa bahaging timog, **daksoyán** o **layugán** o **diksayán**, ay ang Ilog Apawan na naghiiwalay sa Tadian sa munisipalidad ng Mankayan, Benguet. Sa hilaga nito ang bayan ng Besao. Sa timog-kanluran ay ang mga barangay ng Aluling, Kawag, at Patiacan na naghiiwalay sa munisipalidad sa Cervantes at Angaki (ngayon ay Quirino), Ilocos Sur.

Ang populasyon, **umíli**, ng munisipalidad noong 2015 ay 19,389. Halos lahat ng mga tao ay magkakakilala. Kapag nabanggit ang apelyido ng isang tao ay matutukoy nila kung saang barangay siya kabilang. Ang munisipalidad ng Tadian at Sagada ang pumapangalawa sa Bauko na may pinakamaraming barangay sa Mt. Province.

Ang mga mamamayan ng Tadian ay mapagmahal sa kapayapaan. Mayroong silang kultura na nagpapanatili sa kanilang pagkakaisa at malapit na ugnayan noon pang sinauna bago naging hiwalay na munisipalidad ng Mt. Province sa bisa ng Executive Order No. 42 na ipinalabas noong Hunyo 25, 1963.

Sakop ng Tadian ang mga bahagi ng isang malaking bundok o **bílig**. Ang mga komunidad nito ay matatagpuan sa paanan, gilid at tuktok ng bundok. Dahil matayog ang bundok, maraming bahagi itong mga bangin, **madëpdëppás**. Nakapaligid din ang mga madamong pook at kagubatan, **káda**, **kakakkaíwan**, **kapagpágan**, na karamihan ay mga punong pino, **batang**. Mayroon ding matatanaw na mga burol, **mogaw**, sa mababang bahagi o paanan ng bundok. Makikita din ang mga pastulan, **kudalán** o **pundág**, sa iba't ibang bahagi ng bundok.

Katabi ng mga kumpol ng bahay ang mga **lum-á/num-á** o **umá**, bukid para sa mga kamote at gulay, at mga palayan, **payëw**, at pabinhian ng palay, **padogán** o **lalátan**. May mga **gináwang** o ilog at sapa, **këtang**, naman mula sa bundok na ang tubig ay umaagos sa mga **pëngëd** o irigasyon.



**LARAWAN 25.** Mga mapa ng Tadian, Mountain Province, mula sa Wikipedia (itaas) at sa Google Maps, 2020 (ibaba)





**Larawan 26. TANAWIN NG CAGUBATAN (SA KALIWA NG NAKAPAGITNANG BUNDOK NA PINANGALANANG *CLITORIS*), TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE, MULA SA MGA GULAYAN NG BAUKO**

Pagtatanim ng mga gulay tulad ng carrots, repolyo, at wombok, ang pangkalahatang gawain sa lugar. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 27. ANG SENTRO NG TADIAN**

Pagsasaka ang karaniwang kabuhayan ng mga tao sa Tadian. Ang iba naman ay nagnenegosyo o nagtatrabaho sa mga opisina at paaralan. Mataas ang pagpapahalaga ng mga tao sa pag-aaral na siyang nakasentro sa komunidad. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



### **Larawan 28. POBLACION AT ANG MGA PINO NG TADIAN**

Sa Poblacion ng Tadian matatagpuan ang town hall at isang campus ng Mountain Province State Polytechnic College sa tuktok ng bundok. Bahagi ng kultura ng mga tao ang pangangalaga sa kanilang mga gubat at puno. Dumadaan ang kalsada dito na papuntang Cervantes, Ilocos Sur. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

## **II. PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT**

### *Identidad ng Pangkat*

Ang mga tao, **litáguwan**, sa Tadian ay kasama sa etnolingguwistikong pangkat na tinatawag na Kankanáëy. **I-Tadián** ang tawag sa kanilang sarili gayundin ang tawag ng tagalabas sa kanila. Kinikilala rin nila ang kanilang sarili bilang Igorot. Sinasabi ring ang mga mamamayan sa ikalawang sona ng Tadian ay mga Aplay, na kagaya ng mga taga-Sagada at Bësao.

### *Lokasyon at Distribusyon*

Ang mga komunidad ay mga pulutong o grupo ng bahay na nakakalat sa iba't ibang bahagi ng kabundukan at ang isang katutubong komunidad ay bumubuo ng isang barangay. Ang mga komunidad na malaki-laki ang populasyon ay nahahati sa barangay na Sentral, Sur, at Norte.

Dating tinatawag na Kayan, ang munisipalidad ng Tadian, /Tadján/, ay binubuo ng labinsiyam (19) na mga barangay na nahahati sa tatlong sona. Ang unang sona ay binubuo ng mga barangay ng Balaoa, Bunga, Kayan East, Kayan West, Poblacion, at Tue (Tuwë). Ang ikalawang sona ay ang SULUMASIDE na binubuo ng mga barangay ng Bantey (Bantëy), Batayan, Duagan, Lubon, Mabalite, Masla, at Sumadel (Sumadël). Ang ikatlong sona o *Sunny Side*, dahil mistulang nakatingala sa araw, ay binubuo ng mga barangay ng Banaao, Cadad-anan, Cagubatan, Dacudac, Lenga (Lënga), at Pandayan.

### III. SITWASYONG PANGWIKA

*Kalagayan ng wika sa paggamit ng matanda, bata, at pagtanaw sa katutubong wika*

Ang wika, **kalí**, ng mga matatanda ang nagpapatunay na nananatili pa rin ang wikang katutubo ng mga taga-Tadian. Sa Kankanaëy sila nag-uusap sa mga araw-araw na pagkikita sa palengke, opisina, at mga pulong. Samantala, ang wika ng mga bata at kabataan ay nahaluan na ng mga salitang Ilokano, Filipino at Ingles dahil sa pagtuturo ng kanilang mga magulang na nakapag-aral gayundin ang pagtuturo sa paaralan at midya. Malaki ang impluwensya ng wika ng mga dayong Ilokano at Tagalog na pumupunta sa munisipalidad para makipagkalakalan kaya kapansin-pansin na hindi na purong katutubo ang bokabularyo ng mga kasalukuyang henerasyon ng mga taga-Tadian.

*Pagkakatulad at pagkakaiba ng varayti ng wika*

Pagkakakilanlan ng mamamayan ng Tadian ang barayti ng kanilang wika. Ang baryasyon ay maaaring sa bokabularyo, punto, ekspresyon, at tunog-letra. Halimbawa, sa barangay ng Lubon, para sa tunog/letrang **S, H** ang ginagamit. Kaya ang sako ay **haku**; sabon, **habun**; medyas, **midyah**. Laganap din ang tunog/letrang **U** at **I**.

Makikilala rin ang mga mamamayan sa barangay ng Masla, Sumadel, Kayan, at Poblacion dahil sa mga ekspresyong ginagamit sa hulihan ng kanilang pahayag. Halimbawa ang mga sumusunod:

<b>Masla: ti</b>	<b>Sumadel: dat</b>	<b>Kayan at Poblacion: paysi</b>
Adyák <b>ti</b> (ayoko)	Adyák <b>dat</b> (ayoko)	Ibagám <b>paysi</b> ? (Ano ang sasabihin mo?)
Aw <b>ti</b> (Oo)	Siyá <b>dat</b> , Wën <b>dat</b> (Oo)	Ngan ipangán yu <b>paysi</b> ? (Ano ang ulam ninyo?)
Ay túan <b>ti</b> (hindi ko alam)	Ay túan <b>dat</b> (hindi ko alam)	Ēmëyám <b>paysi</b> ? (Saan ka pupunta?)

Ang **ti** ng mga taga-Masla at **dat** ng mga taga-Sumadel sa hulihan ng kanilang pahayag ay isang ekspresyon lamang samantalang ang gamit ng **paysi** sa Kayan at Tadian ay nangangahulugan ng pagtatanong.

Ang mga mamamayan naman sa mga barangay ng Banaao, Cadad-anan, Cagubatan, Dacudac, Lenga (Lënga), at Pandayan o lalong kilala bilang mga komunidad sa *Sunny Side* ay makikilala sa kanilang punto. Wala silang tunog-letrang **I, U, S** at **Ē**, hindi katulad sa ibang barangay. Kaya ang **ëgës** (tiyan) ay **ogós**.

**Heno de ot?** (Ano iyon?)  
**Potopótog ka mo.** (Sobra ka.)  
**Honggóp kayo ade.** (Pumasok kayo.)

Ang panlapi namang **man-** o **mën-** ay pareho ang kahulugan. Halimbawa ang **man-ësëk** at **mën-ësëk** (magtanim), **man-idwát** at **mën-idwát** (magbigay). Ang **mën-** ay pangkalahatang ginagamit sa karamihan ng barangay (Zone 2). Ang mga tunog-letrang **O** at **U**, **S** at **H**, **E**, **il**, at **Ē** ay maaaring nagpapalitan ang gamit sa mga lugar, na bahagi rin ng kanilang mga pagkakakilanlan.

#### IV. ESTRUKTURA NG LIPUNAN/KOMUNIDAD

##### *Ang pamilya*

Karaniwang binubuo ng ama, ina, at mga anak ang isang pamilya. Kung may nag-aasawang mga anak ay pinagbubukod, **mailásin**, sila upang matutong tumayo sa sariling paa at pamahalaan ang kanilang sariling tahanan. Laging gumagabay at handang tumulong naman ang mga magulang sa mga anak. Kung minsan, may isang anak na may pamilyang pinapayagang makitira, **takëm/takom**, sa magulang. Karaniwang na ring ang mga matatandang magulang ay nakikitira sa alin man sa kanilang mga anak na may sariling pamilya.

##### *Kaugalian sa panliligaw hanggang pag-aasawa*

Ang tradisyonal na sistema ng pag-aayos ng pag-aasawa ay **túmuk** o **kaising**. Ito ay isinasagawa kung ang lalaki ay may nagugustuhang dalaga at nahihiyang sabihin ang nararamdaman. Siya ay mag-aatas ng tatlong matatandang lalaki bilang emisaryo na pupunta sa bahay ng nagugustuhang dalaga na magsasabi sa panukalang kasal. Maaari ding ang mga kamag-anak ng lalake o ng babae and mag-uusap. Kung gugustuhin ng babae, mag-uusap ang dalawang mga magulang at magaganap ang kasalan.

Maaari din naman manligaw, **makibabasang/makibabahang/makial-alëm** ang isang binata na hahantong sa pag-aasawa. Pupunta ang binata sa bahay ng dalagang nagugustuhan para ligawan. Puwede rin siyang manligaw sa tulong ng mga kaibigan, **duk-ong**.

**Bayás/Bayáh/Dáwak** ang seremonya ng kasal na isinasagawa sa mga barangay ng Lubon, Masla, Sumadel, Batayan, Bantey, at Mabalite. Ang selebrasyon ng kasal ay dinadaluhan ng mga kamag-anak at kaibigan ng mga ikakasal at ng buong komunidad na nakatanggap ng imbitasyon, **dëkat**, sa kasal. **Bëkás/Bëkáh** ang pagsisimula ng selebrasyon ng kasal sa pamamagitan ng pagpapatunog ng mga gangsa ng tatlong matatandang lalaki pagkatapos ng isang dasal. May pag-awit at pagsayaw din ng etnikong awiting **Salidúmmay** ng publiko. **Daíng** awit (chant) na isinasagawa ng mga kababaihan at kalalakihan sa ayos na parang pabilog habang ginagawa ang simpleng hakbang ng sayaw upang hindi sila antukin sa magdamag na panahon ng selebrasyon ng kasal. **Súpon** ang regalo na ibinibigay sa mag-asawa sa kanilang kasal. Ang regalo ay maaaring pera o bagay. Pinapalitan ito ng mag-asawa ng kapisang karne, **sinoponán**.

Ang awit na **Liwliwá** ay mula sa mga matatandang lalaki at babaeng kamag-anak ng ikinasal na naglalaman ng makabuluhang karanasan tungkol sa buhay ng may-asawa bilang payo sa bagong kasal at ang awit at sayaw ay naglalarawan ng pamanang maipagkakaloob sa mag-asawa. Sa ritwal sa kasal na **Lumawígan**, tatlong matatandang lalaki ang magsasagawa ng **Ayyëng**. Ang **Ayyëng** ay dasal kay **Kabunyán** na pagpalain ang mag-asawa para magkaroon ng magandang buhay at mga anak. Sinasambit din ang panalanging **síka/híka** para sa pinansiyal na kasaganahan ng mag-asawa. Ang ritwal na **Búka** ay ginagawa sa paghihiwalay ng mga taong dumalo sa selebrasyon ng kasal.

Kung ang mag-asawa ay hindi magkaanak sa loob ng dalawa hanggang tatlong taong pagsasasama isinasagawa ritwal na **Sidá, Hidá, Sëngá** o **Pásang**. Isang **am-amá**, o katutubong pari ang sasama sa mag-asawa na pupunta sa lugar kung saan nakikita ang talon ng Inudëy. Ang **am-amá** ay kakatay ng manok. Kapag luto na ang manok, siya ay magdadasal. Pagkatapos ng

dasal, sasamahang muli ng **am-amá** ang mag-asawa sa pag-uwi sa kanilang tahanan. Hindi makikikain ang mag-asawa sa kinatay na manok, gayunding hindi sila puwedeng magtrabaho sa loob ng tatlong araw. Ang tawag dito ay **ngilin**.

Kapag nakapagpatayo naman ang mag-asawa ng kanilang bagong bahay, kailangan itong mapasinayahan. Bahagi ng malaking ritwal ng pagpapasinaya ng isang bagong bahay ang **Dënët, Pasgëd nan baëy, Túngo**, o **Dalikán**, ang ritwal ng pagsisindi ng apoy sa loob ng bagong bahay. Kasunod ng ngilin sa pagsasagawa ng **Dënët** ang ritwal ng paglilinis na **Id-idëw**. Muli silang kakatay ng manok at iaalay sa espiritu ng kanilang mga ninuno at kay **Kabunyán** at ipapanalanging pagbigyan ang unang petisyon ng mag-asawa na sila ay bigyan ng anak. Pagkatapos ng ritwal ng paglilinis na ito, puwede nang manumbalik sa nakagawiang trabaho. **Kítib** naman ang dasal sa paghiling ng pagpapala para sa mag-asawa. Ito ay isinasagawa ng tatlong matatandang lalaki. Sa seremonyang ito, ang mag-asawa ay hindi kakain at magkakatulog hanggang bukung-liwayway.

#### *Pagkakamag-anak*

Ang mga magkakamag-anak ay kasama sa iisang angkan, **sinpangábong**, na mula sa isang mag-asawa. Lahat ng mga anak ng mga mag-asawa ay magkapatid, **mëntutun-ód**, kaya ang tawag sa isa't isa ay **sin-agí** o **sin-ag-í**, kasama na ang mga anak sa labas o **kaplís**. Sari-saring relasyon ang nabubuo kaugnay ng pag-aasawa. **Mën-abalayán, Man-abalayán, Mënkáising** ang magbalaë. **Naidáom, inapó, nakitapí, o naikámang** ang manungang. Ang hipag ay **aydú, man-/mën-abilat** naman ang tawag sa mga asawa ng magkapatid. **Pidwá, inpidwá, pinidwá** ang pangalawang asawa. Ang mga anak ng mga kapatid ay mga pamangkin, **kaanakán**, at ang **pangamaën** o **alítaw** ay tiyuhin, at **panginaën** o **íkit** ang tiyahin.

Hindi puwedeng mag-asawa ang magpinsan mula sa una hanggang ikatlong pagitan sa paniniwalang mayroong hindi magandang dulot ito sa kanilang magiging supling tulad ng pagkakaroon ng pisikal na kapansanan. Isa pa, kinikilalang ang magpinsan sa una at ikalawang digri ay **mëntun-ód** o magkapatid kaya hindi magandang tingnan ang kanilang pag-iisa bilang mag-asawa.

#### *Ugnayan sa pagitan ng bata at matanda*

Ang pagtuturo ng mga magulang at matatanda sa kanilang mga anak ng kagandahang asal o mga nararapat nilang gawin ang pundasyon ng ugnayan sa pagitan ng mga bata at matatanda. Itinuturo ang paggalang ng mga bata at nakababatang kapatid, **iyugtán**, sa mga **ina-uná/iyun-á**, nakatatanda, mga babae, matatanda at mga pinuno, **ap-apó**. Malakas din ang pagbibigay-halaga sa pag-iwas sa mga hindi kanais-nais, **ináyan, madí, lawá, ngawí**, na gawain lalo na sa mga itinuturing na kapatid at kamag-anak, **tun-ód**.

#### *Ugnayan sa komunidad*

Bilang mga mamamayan sa katutubong komunidad, magkakakilala ang mga tao o **ipugáw** sa Tadian. Hindi man malapit na magkakamag-anak ang bawat isa ay itinuturing na kasama o **ib-a/kadwá**, kababayan, **kailíyan/kailyán**, kapatid, **bësát/bëhát**, at kapitbahay, **kaalúba, sagógong, sayúgong, hagógong**. Ang karaniwang araw-araw na pagpapakita ng komunidad ay ang hiramán, **binnúlod**, ng mga bagay at kagamitan. Ang hinihiram ay maaaring bigas, pangangailangan sa pagsasaka tulad ng binhi, at iba pa.

Ang **ob-obbó** ang katutubong pagtutulungan ng mga tao sa komunidad para matapos agad ang trabaho na hindi binabayaran ang mga nagtrabaho. May mga pagkakataon ding nangangalap ng sapilitang kontribusyon, **Cross Rosa, kulós, kulkulós, tambó**, mula sa bawat tahanan lalo na sa panahon ng kalamidad at kamatayan ng miyembro sa komunidad. Ang halaga ng kontribusyon



ay hindi pare-pareho sa mga komunidad. Inaasahan naman ang mga mayayaman, **kadangyán**, na makatutulong ng malaki. May pagbibigay din ng di-sapilitang donasyon, **os-os**, na maaaring pera o bagay o depende sa pangangailangan ng tao o pamilyang nangangailangan. Kadalasang ginagawa ito para sa mga namatayan, nasunugan, naaksidente, o mahabang pagkakasakit.

Sa bahay at sa komunidad, palaging ipinapaalala ang **ináyan**, paniniwala at pagpapahalaga sa mga bagay na hindi dapat gawin o sabihin dahil hindi kanais-nais para sa sarili, pamilya, komunidad, at lipunan. Mapapansin din ang mabuting pagtanggap ng mga taumbayan, **umíli**, sa mga bisita, **mangíli/sangaíli**, na galing sa ibang bayan.

## V. ESTRUKTURA AT SISTEMA NG PAMAMAHALA

### *Pamamahala sa katutubong kultura*

Katutubo na sa mga **I-Tadián** ang konsepto ng pamahalaan at pamamahala ng mga matatanda dahil mayroon silang mga **at-atúan**, **bátog**, **dap-áy**, at **dalípo**y, mga katutubong paraan ng hustisya at pamumuno ng mga matatanda. Sa mga estrukturang ito ipinapatupad ang mga katutubong batas na ngayon ay tinutukoy na *customary law*. Sakop nito ang halos lahat na bahagi ng pamumuhay sa isang lipunan.

Malaki rin ang pagpapahalaga ng mga taga-Tadian sa kanilang katutubong kultura. Ang pagdiriwang ng **Ayowëng Di Lambák** (tunog ng pagdiriwang) taon-taon ay isang patunay ng pagbibigay-halaga sa kulturang pamana ng kanilang mga ninuno. Ang kahusayan din ng mga kabataang **I-Tadián** sa pagsayaw, pagtugtog, at pag-awit ng mga katutubong sayaw at awitin ay indikasyon ng pagkakaroon ng pagsasalin ng kultura sa susunod na henerasyon.

### *Pagpili ng pinuno*

Ang mga pinunong nanunungkulan sa lokal na pamahalaan ay napili sa pamamagitan ng botohan na isinasagawa tuwing pambansang halalan. Bilang pagkilala sa galing ng mga matatanda, isinasali na rin sila ngayon sa makabagong konsepto ng Lupong Tagapamayapa na takda ng pambansang gobierno. Ang bumubuo sa Lupong Tagapamayapa sa bawat barangay ay mga matatanda na pinili ng kanilang mga kapwa. Dahil na rin sa *Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)*, may mga *indigenous peoples mandatory representative (IPMR)* na rin ang mga katutubo sa iba't ibang bahagdan ng kanilang mga konseho. Pinipili sa mga ito gamit ang mga napagkasunduang katutubong paraan. Sa pagpili ng pinuno, isinasaalang-alang ang integridad ng taong mamuno.

### *Pagbuo ng katutubong batas o tuntunin*

Ang batas o tuntunin sa komunidad ay dapat sundin ng mga mamamayan. Anumang paglabag sa nasabing batas ay may kaparusahan. May malaking ginagampanan pa rin ang mga matatanda sa pagtakda ng mga tuntunin sa mga komunidad. Ang proseso ng pag-uusap upang lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan ay tinatawag na **mëntuyá** na humahantong sa isang kasunduan, **tuytuyá** o *mutual agreement*.

Sa kasalukuyan, kung may batas o ordinansa na binuo ng *barangay council*, kanila itong ipinaalam sa *general assembly*. Kung walang tututol sa nabuong batas o ordinansa, ito ay ipapatupad sa barangay at kung sinuman ang lalabag ay maparurusahan.

## VI. SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Ang mga taga-Tadian ay mga masisipag na nagbubungkal, **manbasóg/manbahóg**, **manbëkwál**, at nagtatanim, **man-galdín** o **mansamá**, sa lupa, kasama na ang pag-aalaga sa mga hayop, **mantalakën si/hi manók ya utík**, at pag-aalaga sa kanilang mga lupain at kabundukan na

siyang pangunahing bukal ng kanilang ikinabubuhay. Matatanaw ang kanilang sariling mga hagdang-hagdang palayan, **payëw**, at **umá** sa mga paanan at gilid ng mga bundok.

Masusing pagmamasid sa panahon ang kinakailangan sa pagsasaka. Sa **Kalyága** ang panahon ng pagtatanim, **tunëd**, ng palay sa bukid na may mainit na temperatura, tulad sa barangay ng Kayan, simula sa buwan ng Setyembre hanggang Enero. Ang kinikilalang katutubong uri ng palay na **Ginólót** ang tinatanim sa panahong ito. **Palási** naman ang panahon ng pagtatanim ng palay sa bukid na may malamig na temperatura at ito ay nagsisimula sa buwan ng Pebrero hanggang Hulyo. **Ilóko** at **Tupëng** na palay ang itinatanim sa tag-ulan. Kailangang gumawa ng mga **kidkidáng** o **dukkáng**, mga panakot-ibon tuwing panahon, **Bëwëw**, na nahihinog na ang mga palay.

Sa pagtatanim naman ng mga gulay, kailangang maglinis ng damo, **mën-umá/man-umá**, sa bukid para tamnan, at hindi kaligtaang magdilig, **mansibúg/manhibúg**, sa mga itinanim na gulay. Ipinapaliwanag naman ngayon ang pagsasakang pamamaraan na organiko o *organic farming*.

**Bëkás** ang magandang panahon para sa pagtatanim (Marso hanggang Abril). Kaugnay naman sa buwan, **Bëska**, ang unang labas ng buwan (*first quarter*) ang magandang panahon ng pagtatanim. Pinaniniwalaan namang hindi magandang panahon ng pagtatanim kapag bilog ang buwan, **Kódang**, sapagkat hindi mamumunga ang itatanim, ganoon din kapag walang buwan, **Silëb/Pangët/Pangót**. Ang mga huling gabi ng buwan, **Tëkë** (*last quarter* ng buwan), ay hindi rin magandang panahon ng pagtatanim kasi mababansot ang mga pananim.

Ang mga babae naman ay kilala bilang mga mahuhusay na tagahabi, **man-abë/mën-abë**, ng mga tela. Ang mga kaugnay na gawain sa trabahong ito ang **mansikú/mënsikú** o paglalagay ng lubid sa **sikuwán** (*shuttle*), at **púdon**, pagbobola ng sinulid. At tulad sa ibang bayan, ang ibang mamamayan naman ay nagtatrabaho sa mga opisina, **mangopisína/mangopihína**, ng gobierno, mga paaralan, at mga iba't ibang trabaho at negosyo.

Masasabing ang mga mamamayan ng Tadian ay hindi lubhang naghihirap. Ito ay sa dahilang marami-rami na rin ang mga nakapag-aral at hindi lamang pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sapagkat naturuan na rin silang magnegosyo.

*Ritwal hinggil sa hanapbuhay*

**Pakdë** ang pangkalahatang ritwal sa komunidad na isinasagawa bago at pagkatapos ng anihan. Isinasagawa ang ritwal upang maghandog ng pasasalamat at paghiling kay **Kabunyán** ng masaganang ani. **Lëpás** ang tawag sa ritwal ng **Pakdë** na isinasagawa pagkatapos ng anihan bilang pasasalamat. Ang ritwal na isinasagawa ng mga pamilya sa palayan para sa masaganang ani ay **Dënët**.

Maliban sa mga ritwal kaugnay ng pagsasaka, may ritwal din ng pasasalamat kung may nabiling lupa, bahay, o sasakyan. Ito ay tinatawag na **Tandám** o **Lëplëpët**. Karaniwang itinatagubilin ang pamamahinga, **ngílin**, pagkatapos ng pagsasagawa ng ritwal upang gumana at matamasa ang bisa nito.

## VII. RELIHIYON

*Mga katutubong paraan ng pagsamba sa Dakilang Lumikha*

Ang **Ayowëng Di Lambák** (tunog ng pagdiriwang, pangsiyam na taon nang ipinagdiriwang noong 2019) ay pagdiriwang ng pag-uwi (*homecoming*), ngunit higit sa lahat ay pasasalamat kay **Kabunyán**. Ang selebrasyon ay ginaganap tuwing unang linggo ng Marso taon-

taon. Ang mga **I-Tadián** na nasa labas ng munisipalidad gayundin ang nasa ibang bansa ay umuwi lamang para makiisa sa pagdiriwang ng piyesta sapagkat ang pakikiisa nila sa selebrasyon ay isang kaugalian na dapat sundin maliban sa ito ay nagpapatatag ng kanilang samahan bilang mga mamamayang kabilang sa isang komunidad.

Sa pagdiriwang ng **Ayowëng Di Lambák**, hindi nawawala ang pagpapakita nila ng tulong-tulong na paggawa sa bahay-kubo na tinatawag na **binángi**. Ang **binángi** ay yari sa kahoy, kawayan, runo at mga damo. Ang bubong at dingding ay yari sa kugon at hindi ito ginagamitan ng pako, sa halip baging, **waka** o **owëy** ang ginagamit na panali sa lahat ng bahagi.

Kapag tapos nang magawa ang poste at bubong, **tódog**, ng ginagawang bahay, isinasagawa ng mga matatanda ang ritwal na **Sákop**. Layunin ng ritwal na hilingin kay **Kabunyán** na protektahan ang bahay, gayundin ang mga may-ari bahay at mailayo sa anumang sakit at palayasin ang mga masasamang espiritu na nananahan sa pinagtayuan ng bahay. Ang mga nagsasagawa ng ritwal ay mga matatandang walang asawa para siguraduhing walang magaganap na pagtatalik pagkatapos ng pagsasagawa ng ritwal. Ang dasal na binibigkas sa pagsasagawa ng ritwal ay tinatawag na **búyag**. Habang nagaganap ang **búyag**, dapat na walang anumang bagay na mahuhulog at walang mga babaeng kalahok. Bawal din ang paggamit ng asin sa pagluluto ng kinatay na manok, at dapat na uulamin lahat ang nilutong kinatay na manok.

Bago tirhan, **sogóp/sëgëp**, ng mag-asawa ang bagong gawang bahay, isinasagawa ng mga matatanda ang ritwal na **Dasádas**, na sa kasalukuyan ay *house blessing*. Isinasagawa ng mga matatanda ang ritwal sa pamamagitan ng pagdarasal, **búyag**, upang paalisin ang masasamang espiritung sanhi ng pagkakasakit ng tao.

**Búyag** pa rin ang ritwal ng pagdarasal para sa may sakit. Ang mga matatanda ay kakatay ng manok at mananalangin. Kung ang apdo ng kinatay na manok ay **sinumlët** o ang apdo ay busog at kitang-kitang mula sa atay, gagaling ang may sakit. Pero kung kupis ang apdo at nakatago mula sa atay, hindi gagaling ang may sakit. Sa kalagayang ito, magsasagawa ang mga matatanda ng **búyon** upang masigurado ang kalagayan ng may sakit at tatawagin ang katutubong pari, **Mansip-ok**, upang pamahalaan ang muling ritwal.

Ang **Bëgnás** ang pangkalahatang ritwal na sumasakop sa simula at katapusan ng pagsasaka sa buong taon. Ang ritwal na **Pakdë**, na bahagi ng **Bëgnás**, ay ritwal na isinagasagawa ng buong komunidad bilang pasasalamat sa masaganang ani at kadalasang isinasagawa pagkatapos ng anihan. Ang mga matatanda ay magpupulong sa **Pakudlán**, lugar kung saan isinasagawa ang **atëd** o panalangin kay **Kabunyán** para pag-usapan ang gagawin ng bawat isa sa gagawing ritwal. Sa araw ng pagsasagawa ng ritwal, kukuha sila ng patpat at gagawa ng arko o **sumlúngan** sa pasukan o entrada sa komunidad bilang tanda na walang papasok o lalabas sa komunidad hangga't hindi natatapos ang ritwal, na kadalasang natatapos sa tatlong araw. **Tëngaw** o **ubáya** ang tawag sa panahong ito ng pagngingilin; walang magtatrabaho, walang aalis, walang papasok sa komunidad.

Maikling seremonya din ang pagbubukas sa banga o **gusí** ng inuming alak na gawa sa bigas o **tápëy**, **Tukab Di Gusi**, sa anumang pagtitipon tulad ng kasal, pagtitipon sa komunidad, anibersaryo, at iba pa. Ang mga matatanda ang nagbubukas kasabay ng pagbigkas ng dasal, **atëd** o **baki**, para maging matagumpay ang pagtitipon. Ang laman ng dasal ay depende sa layunin ng pagdiriwang.

Dahil sa pag-inog ng kasaysayan at panahon, malay ang mga mamamayan hinggil sa pagkakaiba ng Kasalukuyan, **Id wáni**, at Nakaraan o Lumang Panahon, **Ëd kasín** o **Nabaón/Nabayág**, na nagdulot, at patuloy na nagdulot, ng pagbabago sa mga paniniwala at paraan ng pagsamba ng kahit mga magkakapamilya.

## VIII. MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA AT TRADISYON

Ang mga Kankanáëy sa Tadian ay may mga katutubong kaugalian na kanila ring ipinagmamalaki. Mula sa kanilang katutubong bahay, mga kasuotan, mga instrumento at sayaw, at paggamit ng wika, mapapansin ang kanilang pagkamalikhain na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa pang-araw-araw na buhay.

### *Sining*

Makikita ang pagkamasining ng mga mamamayan sa kanilang mga katutubong hinabing suot. Ang **gětáp**, **gatëng**, **galiëng**, o **íngay** na palda o *wrap-around skirt* para sa mga kakabihan ay may dominanteng kulay na pula at berde, at may kaunting guhit na itim at puti. **Kináyan** ang tapis na para sa mga mayayaman o **kadangyán** at mayroon itong salit-salit na mga kulay itim, pula, berde at dilaw. Itim ang kulay sa pinakagitnang bahagi. Sa **tápis** na **pinagpágan**, pula ang nangingibabaw at may itim ang puting guhit pababa sa gitna. Ang disenyo naman ng tapis na **pinnági** ay salit-salitang kulay pula at puti na may maliit na guhit ng kulay dilaw sa pagitan ng kulay pula at puti. Ang tapis na **binnídang** ay halos maitim na asul, na para sa mga mahihirap. **Wanës** ang bahag para sa mga lalaki.

Sa mga kumot, **sinikwít** ang kumot na pula at itim; ang pares nitong malapad at matigas na sinturon, **bakgët**, at para sa babae, ay **sinulamán**. **Pinagpágan** ang kumot na ang kulay ay itim, puti, at may disenyong parang mata; ang tawag sa pares nitong **wanës** ay **sinulamán**. **Bayyaóng** ang kumot na kulay itim na may guhit na puti sa gitna; mayroon din itong pares na **wanës** na ang kulay ay katulad ng kulay ng kumot.

**Bakgët** ang malapad at matigas na sinturong ginagamit ng mga kababaihan para higpitan ang baywang na nakatutulong sa pagbibigay ng lakas sa pagtatrabaho; may mahabang parte ito sa likod na mga tinirintas na sinulid na parang buntot. Gumagamit din ang mga babae ng palamuti sa ulo at kuwintas. Ang **bëngë** ay *beads* na pahaba at kadalasang puti o pula ang kulay. Ang **bókas** ay gawa sa malalaki at pahabang *beads*. Gawa naman ang **doli** sa pinatuyong gulugod ng ahas, kabibi at opal. **Apongëy** ang tawag sa kuwintas na gawa sa *beads* na iba-iba ang kulay. Sa mga lalaki naman ay may palamuting tali, **tangkíl**, sa braso.

**Tingkëm** kumot para sa patay na itim at puti at may guhit na itim sa gilid; **bináëd** ang tawag sa pares nitong **bakgët**. May putong, **pangyó** o **bëdbëd**, na nilalagay sa ulo ng patay na lalaki; ito ang pares ng kumot na **pinagpagan**.

### *Literatura*

Inaawit ng mga kakalakhian ang **Óggayam** para aliwin ang mga tao kung may okasyon tulad ng kasal o programa sa komunidad. May tono ito at sinusubukan ng isang mang-aawit na nagtutugma ang mga linya. Kasama sa simula at mga linya ang salitang **óggayam**. Ang **Day-ëng**, **Day-óng**, o **Ayyëng** ay inaawit din para sa katuwaan at kaaliwan ng mga tao. Ito rin ay inaawit ng mga lalaking tumatandang walang asawa, **mababbaákan**, sa panliligaw at pagsusumamo sa nagugustuhang dalaga. Ang tono nito ay tulad din sa **Óggayam** pero mas malambing at pino.

May mga kuwento, **Pangngárig**, na isinasalaysay ng mga matatanda sa mga kabataan tuwing may pista sa komunidad. Ang mga salaysay ay parabula na may layuning magpayo at magbigay ng aral at simulain sa buhay. Ang mga bugtong, **Burburtiá**, naman ay ibinabahagi din sa layuning mang-alihw sa pagtitipon ng komunidad. Isinasagawa rin sa lamay para hindi antukin ang mga tao.

Ang **Daíng** ay kaugaliang pag-awit sa mga kasalan. Magkadikit-dikit ang mga balikat ng mga lalaki na nakatayong pabilog samantalang magkahawak-kamay naman ang mga kababaihan. Ang pag-awit nila ay salitan at sa anyong debate o pasalaysay. Ang **Líwa** ay ginagawa kung ang pamilya ay nagsasagawa ng ritwal na **Sëngá**. Ang **Sëngá** ay pagkatay ng manok at baboy bilang pasasalamat ng isang pamilya dahil sa masaganang ani, anibersaryo ng kasal, o ritwal na may kaugnayan sa namatay na kapamilya.

Sa lamay lamang inaawit ang **Dagdágo** o **Bayá-o** o sa ritwal para sa patay. Tumatakalay ito sa buhay ng namatay, sa muli nitong pagkabuhay, at ang mensahe niya sa mga tao.

*Sayaw*

Ang **Ballángbang** ay sayaw ng tagumpay na tinatawag ding **Tallíbëng**. Katulad ito ng **Tallífëng** sa silangan ng Mt. Province. May mga kaunting pagkakaiba lamang sa paghakbang, bilis, at pagganap. Sa **Ballángbang**, walang mga kunwaring mandirigmang nakahawak ng mga sandata na anim’y maglalaban habang sumasayaw. Ito ay isinasayaw sa mga kasalan, sa **Bëgnas**, at sa mga kultural na palabas. May anim (6) hanggang labing-apat (14) na lalaking manlalarong ng **gangsá**, na silang nangunguna sa sayaw.

Ang **Takík** ay sayaw sa kasal na may pitong kasama. Isa dito ang **mannalíbaw**, tagatugtog ng pahabang tambol na **sallíbaw**, ang nangungunang tagatugtog ng **gangsá**, **mënsúnob**, ang **mënpingsán**, sumusunod na **gangsá**, ang **áwat**, pangontrang **gangsá**, ang **mantakík**, tagatiktik ng dalawang putol ng bakal, na ang ritmo nito ang pinaghanguan ng pangalan ng sayaw, ang lalaking **manáyaw**, at ang babaeng **mannalíbi**. **Palakís** ang tawag sa putol na bakal na tinitiktik sa isa’t isa; ang mga ritmo ng musika ay **mënpidwá**, **mënpitló**, at **mënpiyák**.

Ilan sa mga galaw sa mga sayaw na ito ang mga sumusunod: **Dam-áy**, padyakan sa sayaw; **Diwánan**, kumanan, gumalaw pakanan sa sayaw; **Innawákan**, kamay sa baywang; **Ipaliwës**, iikot ang sayaw; **Ipaytók**, ilundag; **Isápul**, iangkop sa ritmo ng awit o tugtog; **Isidkíng**, tumalon; **Itikíng**, yumuko sa tagiliran; **Iyukó**, yumuko sa harapan; **Kinnáwit**, braso at kamay ay magkakawing.

*Arkitektura*

**Binángi** ang tawag sa katutubong bahay ng mga taga-Tadian. Kapansin-pansin ito sa mas matayog nitong bubong kaysa sa kanyang katawan. Ito ay dahil natatakpan ng pinakamababang bahagi ng bubong ang maituturing na pinakakuwerto ng bahay. Gawa ang mataas na bubong sa katutubong damong kugon na tinatawag na **guón** o **gaón**. Nakatali ang mga ito sa **rúno** o **pá-o**. Ang nag-iisang bintana nito na tinatawag na **littúong** o **kiyáng** ay parte ng bubong. Ang unang palapag nito na siyang iisa at pinakakuwerto ng bahay at tinatawag na **bakílay**. Dito natutulog, nagluluto, at kumakain. Pinapasok ito sa pamamagitan ng isang naaalis na hagdan, **tuytúy/tëtëy**, na karaniwang gawa sa kawayan. Sa itaas ng kuwartong ito ay imbakan ng mga palay at iba pang mga pagkain at ari-arian.

Ang unang sahig, **batawa**, nito na kapantay ng lupa, ay parte pa rin ng bahay at maraming mga gawaing bahay na nagaganap dito. May kahon, **dállig**, na gawa sa kahoy na imbakan ng mga bagay-bagay sa isang sulok nito. Karaniwang ang sahig na ito ay nalatagan, **nadatil**, ng mga patag na bato.

Ang ilang mga kagamitan sa loob ng bahay ay isang **káyad**, kamang gawa sa iisang piraso ng kahoy at walang mga paa. Madali lang itong ilipat-lipat sa sahig. Mayroon ding mga mabababang upuang kahoy, **bangkító** o **dulang**.

Ang paggawa ng bahay na **binángi** ay isang kaugalian na ginagawa ng mga nasa kanlurang bahagi ng Mountain Province noon pang unang panahon. Kapag may bagong kasal, ang taumbayan ang gagawa ng kanilang titirhang **binángi**. Ang kahoy, kawayan, baging, kugon, at lahat ng

kagamitang kailangan sa pagpapatayo ng **bináangi** ay kailangang bago, malinis, hindi naputikan, naihian, o nadumihan. Ang kalinisan ng mga kagamitang ginamit sa paggawa ng **bináangi** ay sumasagisag sa kalinisan ng pagsasama ng mag-asawa at para maging masaya at matagumpay ang bubuoing pamilya.

Ngayon, gumagamit na ang mga **I-Tadian** ng semento, bakal, tiles, at iba pang mga makabagong kagamitan upang gumawa ng mas matibay at pangmatagalang mga bahay. Sa pangkalahatan, mas malaki at mas mataas ang mga ito, at may iba-ibang disenyo depende kung sino ang mga karpentero at kung saan nakuha ang gustong disenyo na maaaring nakita sa ibang bansa kung saan nagtrabaho o nagtatrabaho ang nagpapagawa.



**Larawan 29. ANG BINÁNGI, KATUTUBONG BAHAY NG MGA TAGA-TADIAN**

Ang katutubong bahay na *binangi*. Mga bato sa sahig, kahoy, at kugon ang mga pangunahing gamit sa paggawa ng bahay na may tatlong bahagdan. Dalawag palapag ang nasa loob ng bubong ng bahay. Tinatayang ito na lamang ang halimbawa ng katutubong bahay na ito. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 30. KATUTUBONG BAHAY, KATUTUBONG MATERYALES**

Ang katutubong bahay na **binángi** ay gumagamit ng mga materyales na matatagpuan din sa lugar: mga kahoy, kawayan, runo, damo/kugon, baging, bato, atbp. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran



**Larawan 31. ANG IMBAKAN SA BUBONG NG BINÁNGI**

Sa loob ng katutubong bahay na **binángi**. Ang mataas na bahagi ng bubong ng **binángi** ay ginagamit na imbakan ng palay at iba pang mga ani at gamit. Pinaghalong kahoy at runo ang gamit sa paggawa ng bahay. Gamit din ang yantok o uway at mga baging (**wáka**) bilang pantali. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran





**Larawan 32. ANG SAHIG AT DINGDING NG BINÁNGI**

Isa lamang na kuwarto ang loob ng **binángi**. Dito nagluluto, kumakain, natutulog, at nag-iimbak ng mga ani. Gawa sa malalapad na kahoy ang mga sahig at dingding. Mayroon ding makikitang sinaunang kama na yari sa mas malapad na kahoy. TADIAN, MOUNTAIN PROVINCE /jbeltran

**IX. SIKLO NG BUHAY**

*Kaugalian sa paglililihi at panganganak*

Kapag nagdadalanta, **maliton, masikog/mahikog**, na ang isang babae, maaari siyang maglihi, **man-inaw/mën-inaw**. Sinisubukang ibigay sa kanya ang ano man na kanyang hilinging kainin o gawin. May mga pagkakataon ding nakukunan, **naalisán/naalihán**, ang isang ina.

Ang **Ib-iba** ay ritwal na isinasagawa habang buntis pa ang isang babae. Kumakatay sila ng **ubúwan**, inahing manok, at nagdarasal sa mga espiritu na protektahan ang pamilya sa anumang hindi kanais-nais na pangyayari at gayundin ang batang nasa sinapupunan para maging malusog. Kasama sa inihahanda ang pinausukan at inasinang karneng **ětág** at **tápëy** na pinagsasaluhan ng buong pamilya.

Sa panahon na nahahirapan ang babaing manganganak, isinasagawa ang ritwal na **Kaníbag**. Hahawakan ng **am-amá** ang **ětág**, kanin at **tápëy** sabay ng pagbigkas ng panalangin sa mga espiritu ng ninuno para sa madaling panganganak ng babae. Ang **Sëbsëbáng** ay isa ding ritwal na isinasagawa ng katutubong pari, **manbáki**, upang hindi mahirapan ang panganganak. **Gíbay** ang tawag sa katutubong salawal na ginagamit ng kapapanganak na babae. **Tánggad** ang tawag sa panahon ng pamamahinga at pagpapalakas ng ina pagkatapos ng panganganak.

Sa pangatlong araw mula pagkasilang ng sanggol, ang pamilya ay magsasagawa ng ritwal na **Kënta** upang lumaking malusog at maging mabuting mamamayan ang anak, **gának**. **Panyëw** ang dasal para sa sanggol upang lumaking malusog. Ang ama ay magngi-**ngilin** din at mananatili sa bahay para alagaan ang kaniyang pamilya. Sa ikasiyam na araw ng sanggol ay puwede na siyang bisitahin at isasagawa ng tradisyonal na pari ang **Gobgobáw**, o pagpapangalan sa bata.

Bago simulan ang ritwal ng **Gobgobáw**, pupunta ang kapapanganak na ina sa bundok para kumuha ng panggatong. Pagkatapos ay uuwi siya para pasusuhin ang anak. Ang tawag dito ay **Buwáy di káda**. Sa susunod na araw, pupunta ang ina sa palayan at maglilinis ng kalahating oras. Pagkatapos ay uuwi at pasususuhin ang anak. Ang tawag dito ay **Buwáy di payëwán**. Pagkatapos nito, ang tradisyonal na pari at ang kapapanganak na ina at kaniyang anak ay tutungo sa kusina. Pakakainin ng pari ang tandang ng bigas. Kung ayaw kainin ng tandang ang bigas, muling isasagawa ang ritwal sa kinabukasan na ibang tandang ang pakakainin. Kung kumain ang tandang, ipagpapatuloy ang ritwal ng pagpapangalan.

Ang ritwal na **Tátag** ay isinasagawa ng lolo ng sanggol. Habang isinasagawa ang **Gobgobáw**, pahihigain sa kama ang sanggol habang sinasabi sa sanggol na lumaking hindi natatakot sa ingay, lumaking matapang at malakas upang mabuhay. Ang **Togíng** ay isinasagawa ng lolo o lola ng sanggol. Kakanlungin ang sanggol at dadalhin sa bakuran. Kapag nasa bakuran, sasabihin sa sanggol na, “Kapag nakalalakad ka na, ayusin mo itong bakuran. Kumain ka ng marami upang lumaki agad at dapat ay malinis ka para makaiwas sa sakit.”

Pinapayuhan ang mga ina na magpasuso, **manpasuso/mënpasuso**, sa kanilang mga sanggol. Naniniwala ang marami na upang dumami, **tumubóg**, ang gatas ng ina ay kumain ng mga masasabaw na pagkain tulad ng papaya.

Kung ipinapasyal sa ibang bahay ang bagong silang na sanggol, **muyang, unga/ënga**, lalo na kung ito ay panganay, binibigyan siya ng **awil** o regalo na karaniwan ay manok o pera. Ang mga bata, **sasayangdan**, ay tinuturuan sa bahay, sa simbahan, at sa paaralan ng mabuting asal at ng mga kaalaman at kasanayan sa pakikipagsapalaran sa buhay.

*Pagbibinata, pagdadalaga, at pagtanda*

Ang mga nagbibinata, **baballó**, ay nagpapatutuli, **sëgyát** o **kúgit**, na isinasagawa sa mga rural health center o sa hospital; noon ay ginagawa lamang ito ng mga kalalakihan sa ilog gamit ang isang patalim at bayabas. Nagbabago, **manbagbagót/mënbagbagót**, din ang boses ng mga lalaki at tumutubo ang kanilang bulbol. Ang mga nagdadalaga, **babasang/babahang**, naman ay nereregla, **mankádkadawyán**. Pinapayuhan silang ipagpapatuloy ang pag-aaral at huwag munang isipin ang pag-aasawa hanggang nasa tamang gulang at nakatapos na ng pag-aaral at may trabaho.

Ang tagubilin sa mga nag-aasawa ay palakihin ang pamilya, padamihin ang angkan, at mabuhay nang matagal, **matágo-tágo**. Ang matandang lalaki, **am-amá**, ay nagiging lolo, **apo, apong, alapo**, ng kanyang mga kamag-anakan. Ang matandang babae, **in-iná, nabakës, nabakëh**, ay maaari ding marami ang kanyang mga apo ngunit nagtatrabaho pa din. Natutuwa ang lahat kung nakikita pa nila ang kanilang mga apo sa tuhod, **pídwán di apó**, hanggang sila ay **nakët-ë-kët-ëng/naëtë-ëtëng**, matandang-matanda na. Sa pangkalahatan, inaalagaan naman ng kani-kanilang mga kapamilya ang mga matatanda. Mapapansin naman ngayon sa mga komunidad ang pag-oorganisa ng *Department of Social Welfare and Development* (DSWD) sa mga matatanda para sa mga *senior citizen organizations* na maraming mga gawain at benepisyo.

Karaniwang inaasahan ang bawat binata at dalaga na mag-asawa ngunit hindi ito nangyayari sa lahat. May mga tumandang walang asawa, **báak**, at tumandang lalaki, **naam-amá**, at tumandang babae, **nain-iná**. Ngunit may mga asawa man o wala, ang mga tumatanda ay

maaaring maging ulyanin, **mankabaw/mënkabaw**, hanggang sila ay mamatay, **matëy, madipus/madipuh**, at haharapin nila ang kamatayan, **pësë/pëhë**.

## **X. PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA**

### *Edukasyon*

Bawat barangay ng Tadian ay may mga *daycare center* ng DSWD, paaralang elementarya at sekondarya. Ang mga barangay ng Masla, Lubon at Poblacion ay mayroon ding mga klase para sa senior high school. May kolehiyo rin sa sentro ng Tadian. Marami ring mga kabataan na nag-aaral sa labas ng Tadian.

Ang isang suliraning pang-edukasyong hinaharap ng mga katutubong mag-aaral sa mga malalayong barangang ay ang kakulangan ng mga aklat o babasahin at kompiyuter na magagamit sa kanilang pag-aaral.

### *Kalusugan*

Napansing kakaunti lamang ang mga sakit noon kumpara ngayon. Ang may malalalang sakit ay dinadala sa ospital samantalang ang mga may karaniwang sakit ay dinadala sa *health center* ng barangay. Mayroon na ring mga pinatayong *birthing clinic* sa ilang lugar bilang pagsunod sa patakaran ng gobierno na kailangan na ang tulong ng mga propesyunal sa panganganak. Isinasagawa pa rin ng ilan ang panggagamot sa sarili tulad ng pag-inom ng mga halamang gamot at iba pang katutubong lunas.

Ang pinakamalaking ospital sa Mt. Province, ang Luis Hora Memorial Regional Hospital na matatagpuan sa Bauko, ang pinakamalapit na ospital sa Tadian kaya malaking tulong sa mga mamamayan ng Tadian sa paglutus sa kanilang suliraning pangkalusugan lalo pa at nakokompleto na ang mga teknolohiyang medikal gayundin ang mga espesyalistang doktor sa nasabing pagamutan.

### *Transportasyon at komunikasyon sa komunidad*

Noon, ang mga tao sa munisipalidad ay sumasakay sa kabayo, kalabaw, at kadalasang naglalakad kung may pupuntahan. Sa kasalukuyan, ang mga tao ay sumasakay sa mga dyip, van, bus at iba pang mga uri ng sasakyan. Marami nang van na bumibiyaha mula Tadian papuntang Lungsod Baguio at pabalik. Masasabing malaki ang pag-unlad ng munisipalidad sapagkat halos lahat ng mga barangay ay may mga maayos na kalsada. Maaayos na rin ang lagusan mula sa Tadian patungong Cervantes, Ilocos Sur.

### *Usaping pampolitika*

Malaking bahagi pa rin ang ginagampanan ng mga matatanda sa pagpapanatili ng kaayusan at mabuti, **agyúd, gawís/gawíh, ul-úlot**, sa mga komunidad ng Tadian. Sila ay kasama sa paglutus ng mga hindi pagkakaunawaan.

Ang mga mamamayan ng Tadian ay mga responsableng botante sa panahon ng halalan ito man ay lokal o pambansa. Kahit sila ay nasa malalayong lugar, uuwi at uuwi sila upang iboto ang kani-kanilang kandidato. Hanggang ngayon, ito ang kaugalian ng mga taga-Tadian sa pagboboto. Sinasabi rin nila na ang bawat isa ay may karapatang pumili ng kanyang iboboto at walang sinuman ang maaaring magdikta.